# Muhammad

## Ang Sugo ng Allah

صلى الله عليه وسلم

Ni

**Dr.Abdulrahman Al-Sheha**

# Muhammad

## Ang Sugo ng Allah

ﷺ

Ni

**Dr.Abdulrahman Al-Sheha**

Isinalin sa Wikang Pilipino nina:

**Ahmed Jibril Salas**
**Abdul Khaliq Saripada**
**Jamal Joves**

## Ang Mga Nilalaman Pahina


Ang Mga Katagang Ginamit sa Aklat na Ito 3
Ang Panimula 5
Sino ang Sugong si Muhammad (ﷺ)? 11
Ang Kanyang Angkan 11
Ang Kanyang Pook ng Kapanganakan at Kabataan 18
Ang Paglalarawan sa Propeta (ﷺ) 30
Ang Ilan Sa Mga Magagandang Ugali at Katangian ng Propeta (ﷺ) 36
Ang Ibang Disente at Kalugud-lugod na Asal ng Propeta (ﷺ) 63
Ang Mga Makatarungan at Pantay na Mga Pahayag 68
Ang Mga Asawa ng Propeta (ﷺ) 72
Ang Mga Katibayan Na Nagpapatunay sa Pagiging Tunay na Propeta (ﷺ) 77
Ang Katibayan Mula sa Banal na Qur'an 77
Ang Katibayan Mula sa Sunnah 78
Ang Katibayan Mula sa Mga Naunang Banal na Kasulatan 79
Ang Katibayan Mula Sa Ebanghelyo 87
Ang Mga Makatuwirang Katibayan Tungkol sa Kanyang Pagiging Propeta (ﷺ) 88
Ano Ang Kabuuang Kahulugan ng 'Muhammad Rasulullah" (Si Muhammad ay Sugo ng Allah) 105
Ang Huling Pananalita 117
Talasalitaan 120

## Ang Mga Katagang Ginamit sa Aklat na Ito

(Sinipi mula sa Aklat ni Sheikh Mahmoud Murad na:
*'Common Mistakes in Translation'*)

**Rabb**: Ang katagang *Rabb* ay kadalasang isinasalin ng iba bilang katumbas ng salitang Panginoon (Lord). Subali't, bukod sa katotohanang ang huli ay isang katagang ginamit sa Bibliya, ang katagang ito ay ginagamit din kapag tinutukoy si Propeta Hesus (ﷺ) bilang kanilang Panginoon. Ang salitang Panginoon (Lord) ay isang kataga na ang karaniwang kahulugan nito ay nakahangga lamang sa isang "guro, pinuno, may-ari o tagapamahala", na sadyang kapos at kulang sa diwa o kahulugan kung ihahambing ito sa katagang *Rabb* sapagka't ang *Rabb* (na mula sa wikang arabik) ay mayroong malawak na kahulugan at kahalagahan. Ang ilang mahahalagang kahulugan ng *Rabb* ay ang Tagapaglikha, ang Tagapaghubog (Tagapag-anyo), ang Tagapanustos, ang Tanging Isa na inaasahan ng lahat ng mga nilikha upang patuloy na mabuhay, at Siya ang Tanging Isa na nagbibigay ng Buhay at nagdudulot ng Kamatayan. Sa aklat na ito, gagamitin natin ang katagang *Rabb* na may panaklong na (Panginoon) upang maging madali sa mga mambabasa.

1. **Deen**: Ang salitang *Deen* ay isinalin bilang *Relihiyon*, na sa wikang Arabik, ito ay karaniwang tumutukoy at nakaugnay sa isang Pamamaraan ng Buhay, maging ito man ay pansarili o pangkalahatan. Ito ay isang malawak na kataga

na may kahulugan na: 'mga gawang pagsamba, ang mga kasanayang pampulitika, masusing alituntuning nauukol sa kagandahang-asal, kabilang na rito ang kalinisan at tamang pag-uugali'.

2. (ﷺ) **Sal'lal'laaho a'laihi wa sal'lam,** ay nangangahulugan na:, 'Nawa'y purihin at itampok ng Allah (ﷻ) ang kanyang pangalan (Propeta Muhammad (ﷺ) at pangalagaan at ilayo siya at maging ang kanyang pamilya laban sa anumang masamang bagay'.

3. (سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى) **Subhaanaho wa Ta'aala**, ay nangangahulugan na: 'Siya ay Ganap na malayo at malaya sa anumang kakulangan, kapintasan at kamalian'.

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَٰنِ الرَّحِيمِ

## Sa Ngalan ng Allah, Ang Mahabagin, Ang Maawain

### Ang Panimula

Lahat ng papuri at pagsamba ay nauukol lamang sa Allah, ang Rabb (Panginoon) ng mga daigdig at nawa'y purihin at itampok ng Allah (ﷻ) ang pagbanggit sa huling Propeta at iligtas siya at ang kanyang pamilya sa anumang pagkukulang at pangalagaan sila mula sa anumang kasamaan.

Kung ang pag-uusapan ay tungkol kay Propeta Muhammad (ﷺ), dapat isaalang-alang na ang paksang tatalakayin ay nauukol sa pinakadakilang tao sa kasaysayan. Sa katotohanan, ito ay hindi pahayag na walang pinananaligang batayan; sapagka't kung kanilang babasahin ang kanyang talambuhay, katiyakan na kanilang matutuklasan sa katauhan ng Propeta Muhammad (ﷺ) ang isang napakagandang larawan ng isang taong nagtataglay ng ganap na kabutihan, kalinisan ng puso at dalisay na pananalig sa Poong Maykapal. Nararapat ding isantabi ang mga haka-haka at mga maling paratang upang maabot ang layuning matunghayan ang tunay na katauhan ng Dakilang Propeta (ﷺ). At walang alinlangan na ang kanilang magiging konklusiyon ay katulad din ng mga matatalinong di-Muslim na sa ilalim ng kanilang makatuwirang pagsusuri, ay

kanilang natagpuan ang mga natatanging ugali at asal ng Propeta (ﷺ).

Si Propesor Hasan Ali (رضي الله عنه) ay nagsabi sa kanyang babasahing, *'Noor Al-Islam'*, na ang kanyang kasamahang *Brahmin*[1] ay nagbigay-puna; *'Ako ay kumikilala at naniniwala na ang Propeta ng Islam ay siyang pinakadakila at pinakamatalinong tao sa kasaysayan."* Tinanong ni Propesor Hasan Ali, (رضي الله عنه) ang kanyang kasamahan kung bakit itinuring niyang pinakadakila at pinakamatalino sa kasaysayan (si Propeta Muhammad, ﷺ)? Ang sagot niya ay, *'Walang ibang tao ang may taglay ng ugali, kagandahang-asal at dangal na katulad ng taglay ng Propeta (ﷺ) sa isang pagkakataon'.* Siya (ﷺ) ay hari, na sa ilalim ng kanyang kapamahalaan ay napag-isa niya ang buong Tangway ng Arabia, nguni't sa kabila ng kanyang kapangyarihan, taglay pa rin niya ang kababaang-loob. Siya (ﷺ) ay naniniwala na ang Kapangyarihan at Kapamahalaan ay pag-aari lamang ng kanyang Rabb (Panginoon) lamang. Ang mga malalaking yaman ay dumaan sa kanya, subali't siya ay namuhay pa rin sa kahirapan; ilang araw silang hindi nakapagluluto sa kanilang bahay at siya ay nanatiling gutom. Siya (ﷺ) ay dakilang pinuno; pinamunuan niya ang mangilan-ilang bilang sa larangan ng digmaan laban sa libu-libong kaaway subali't ito ay kanyang nagagapi nang buong tagumpay. Kinalulugdan niya ang kasunduang pangkapayapaan, at sinasang-ayunan niya ang kasunduan ng buong puso at katatagan bagama't mayroon siyang matatapang at magigiting na kasamahang handang magtanggol sa kanya. Bawa't kasamahan niya ay may angking katapangan at maaaring haraping nag-iisa ang

[1] **Brahmin:** kasapi sa pinakamataas na apat na uri ng Hindu 'castes'; ang uri ng pagka-pari.

libong kaaway na walang anumang nadaramang pangamba. Datapwa't ang Propeta (ﷺ) ay may mabuti at maawaing puso na hindi niya ninais na dumanak ang dugo. Siya (ﷺ) ay labis na nagmalasakit sa kapakanan ng Tangway (Peninsula) ng Arabia, subali't hindi niya nakaliligtaan ang pananagutan niya sa kanyang pamilya, sa kanyang mamamayan at sa mga maralita. Siya (ﷺ) ay masigasig na nagpalaganap ng Islam sa mga naliligaw ng landas. Sa kabuuan, siya ay nagmamalasakit sa kapakanan at kabutihan ng sangkatauhan, subali't, hindi siya nalulong sa pagkamal ng mga makamundong kayamanan. Siya (ﷺ) ay naging abala sa pagsamba sa Allah (ﷻ) at nalulugod siya sa mga bagay na nauukol sa pagsamba sa Allah (ﷻ). Siya (ﷺ) ay hindi naghihiganti para sa kapakanan ng kanyang sarili. Higit pa roon, ipinagdarasal pa niya (ﷺ) ang kanyang mga kaaway upang gumanda ang buhay, at nagpapaala-ala sa kanila sa kaparusahan ng Allah (ﷻ).

Tinatalikdan niya ang makamundo o materyal na kasiyahan o kasayahan at ginugugol niya (ﷺ) ang gabi sa pagsamba sa Allah (ﷻ). Siya (ﷺ) ay matapang na sundalo at malakas ang loob na nakipaglaban sa pamamagitan ng espada. Siya ang di-nagkakamaling Propeta (ﷺ), na nakipaglaban sa maraming pamayanan at bansa upang ibantayog ang pagsamba sa Nag-iisang Diyos at ang makatarungang Batas ng Islam. Siya (ﷺ) ay natutulog sa banig na gawa sa tuyong damo at unan na nilagyan ng dayami. Siya ay tinanghal at tinagurian ng mga mamamayan bilang Sultan ng mga Arabo at bilang Hari ng Peninsula ng Arabia, datapwa't ang kanyang pamilya ay pangkaraniwan lamang ang pamumuhay, kahit na ang kanyang pamayanan ay nakalikom ng malaking kayamanan,

ang mga ito ay inilagak sa Masjib. Si Fatima, kalugdan nawa siya ng Allah, (anak ng Propeta, ﷺ) ay dumaing sa hirap ng kanyang mga gawain, (tulad ng) pagbubuhat ng batong panggiling at lalagyan ng tubig na nag-iwan ng marka sa kanyang katawan. Ang Propeta (ﷺ) noon ay namamahagi ng mga babae at lalaking alipin bilang kawanggawa para sa mga Muslim. Nguni't siya (Fatima, kalugdan nawa siya ng Allah) ay hindi binigyan ng bahagi, sa halip siya ay tinuruan ng magandang salita at panalangin.

Minsan, si Omar (رضي الله عنه) na kanyang kasamahan ay nagtungo sa kanilang bahay at nakita ang pamamahay na walang laman kundi ang banig na gawa sa dayami (o dahon ng datiles) na pinaghihigaan ng Propeta (ﷺ) na nag-iwan ng bakas nito sa kanyang katawan. Ang tanging kabuhayang (o pagkaing) natitira sa tirahan nila noon ay kalahating *Saa'* (isang takal na sukat) ng trigo na nasa lalagyan, at isang sisidlan ng tubig na nakasabit sa dingding… ang mga ito ang pag-aari ng Propeta ng Allah (ﷺ) nang panahon na ang kalahati ng Arabia ay nasa kanyang pamamahala. Napaiyak si Omar (رضي الله عنه) sa kanyang napagmasdan. Tinanong siya ng Propeta (ﷺ), *'O, bakit ka umiiyak Omar (رضي الله عنه)?'* Siya ay sumagot, *'Bakit hindi ako mapapaiyak, sina 'Khosrau at Heraclius' (mga Emperador ng Persiya at Roman) ay nagtatamasa ng kaginhawaan ng kanilang sarili sa mundo nguni't ang Propeta ng Allah (ﷺ), ang mayroong lamang ilang ari-arian na aking nakikita!'* Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi, *'O Omar (رضي الله عنه)! Hindi ka ba nagagalak na ang bahagi nina Khosrau at Heraclius ay ang kanilang kaligayahan dito sa mundo at sa Kabilang Buhay ang kaligayahan ay para sa atin lamang?*

Nang sinisiyasat ni Propeta Muhammad (ﷺ) ang kanyang pangkat bago lusubin at masakop ang *Makkah*, si Abu Sufyan (رضي الله عنه) ay nakatayo sa tabi ni Al-Abbas (رضي الله عنه) na tiyuhin ng Propeta (ﷺ) at sila ay nakatingin sa mga bandilang iwinawagayway ng mga sundalong Muslim. Si Abu Sufyan (رضي الله عنه) ay hindi pa Muslim sa panahon na iyon. Siya ay nagulat sa malaking bilang ng mga Muslim, at sila ay sumulong patungong *Makkah* na parang tubig na umaagos. Walang sinuman ang maaaring nakapigil sa kanila at walang sinumang naglakas-loob na humadlang sa kanila. Si Abu Sufyan (رضي الله عنه) ay nagsabi noon kay Al-Abbas (رضي الله عنه), '*Ang iyong pamangkin ay naging isang dakilang Hari! Si Al-Abbas (رضي الله عنه) ay sumagot, 'Ito ay hindi pagiging hari, kundi ang pagiging Propeta, at Sugo ng Islam."*

Si Ad'ee At-Ta'ee, ang anak ni Ha'tim At-Ta'ee, na siyang larawan ng kagandahang-loob at pagkamapagbigay, ay dumalo sa pagtitipon ng Propeta (ﷺ), noong siya ay Kristiyano pa. Nang makita niya kung paano ang paggalang at pagmamahal sa Propeta (ﷺ) ng kanyang mga kasamahan, siya ay nabalisa at nalito – siya ba ay Propeta o Hari? Tinanong niya ang kanyang sarili, siya ba ay Hari o Sugo ng Allah (ﷺ)? At habang siya ay nagmumuni-muni, may isang dukhang babae na lumapit sa Propeta (ﷺ), at sinabi; '*May lihim akong nais sabihin sa iyo*.' Sinabi niya sa kanya; '*Saan at sa anong daan sa Madinah ang nais mong magtagpo tayo?'* Ang Propeta (ﷺ) ay umalis na kasama ang dukhang babae, at ipinagkaloob ang nararapat na tulong at pangangailangan. Nang makita ni Ad'ee ang kababaang-loob ng Propeta (ﷺ), napagtanto niya ang katotohanan at itinapon niya ang krus na kanyang suot-suot at siya ay nag-Muslim.

Kami ay magbibigay ng mga pahayag ng mga taga Silangan tungkol kay Propeta Muhammad (ﷺ). Kami bilang Muslim ay naniniwala sa kanyang pagiging Propeta (ﷺ) at sa kanyang Mensahe. Iniuulat namin ang mga sumusunod na pahayag na ito sa dalawang dahilan;

a. Upang magsilbing paala-ala at paunawa para sa kapakanan ng mga Muslim na tumalikod sa Propeta (ﷺ), upang sa ganoon sila ay magbigay ng pagpapahalaga at magbalik-loob sa kanilang Deen (Relihiyon).
b. Upang makilala ng mga di-Muslim ang Propeta (ﷺ) mula sa mga pahayag ng kanilang mismong mamamayan, upang sila ay maaaring mapatnubayan sa Islam.

Ako ay nakikiusap sa mga mambabasa na huwag panghawakan ang kanilang mga haka-haka sa paghahanap ng katotohanan, sa kanilang pagbabasa sa aklat na ito o maging sa ibang mga lathalain ng Islam. Ako ay dumadalangin na nawa'y buksan ng Allah (ﷻ) ang kanilang puso at dibdib upang tanggapin ang katotohanan, ipakita ang tamang landas at magbigay ng inspirasyon sa kanila upang tahakin ang Landas ng Islam.

**Dr.Abdurrahmaan b. Abdul-Kareem al-Sheha**
Riyadh – 11535, P. O. Box 59565
Email: alsheha2@gmail.com
http://www. Islamland.org

## Sino ang Sugong si Muhammad (ﷺ)?

### Ang Kanyang Angkan

Siya si Abul-Qasim[2] (ama ni Al-Qasim) Muhammad (ﷺ), anak ni Abdullah, na anak ni Abdul-Mutalib. Ang kanyang lahi ay mula sa bakas ng mga tribu ni Adnan, na anak ni Ismael (ang Propeta ng Allah, na anak ni Abraham, na siyang pinili at minamahal ng Allah, (ﷻ). Ang kanyang ina ay si Aminah, na anak na babae ni Wahb. Nawa'y purihin at itampok ng Allah (ﷻ) ang pagbanggit sa kanila.

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: *"**Katotohanang hinirang ng Allah ang tribu ng Kinaanah nang higit kaysa ibang tribu ng mga Anak ni Ismaael; Pinili Niya ang Quraish nang higit mula sa tribu ng Kinaanah; at pinili Niya ang Banu Haashim higit kaysa sa mga ibang angkan ng Quraish; at hinirang Niya ako mula sa Banu Haashim.**"* (Muslim #2276)

Kaya, ang Propeta (ﷺ) ang may pinakamarangal na angkan sa buong mundo. Napatunayan ng kanyang mga kaaway

[2] **Abul-Qasim**. Ang panganay o unang anak ni Propeta Muhammad ay nangangalang **Qasim**. Kaya, siya ay tinawag na "ama ni Qasim" o sa arabik na Abul Qasim. Ito ay isang matandang kaugalian ng mga Muslim na kapag tinatawag ang isang Muslim kadalasan ay ginagamit ang pangalan ng panganay na anak.

ang katotohanang ito; tulad ni Abu Sufyan (ﷺ), na siyang pinakamahigpit na kalaban ng Islam bago siya naging Muslim, ay nagpahayag sa harapan ni Heraclius, ang Emperador ng Roma.

Si Abdullah b. Ab'bas, (ﷺ), ay nag-ulat na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay lumiham kay Heraclius at inanyayahan ito sa Islam at ipinadala niya ito sa pamamagitan ni Dihya Al-Kalbi, na iniabot naman sa Gobernador ng Busra at siyang nagbigay kay Heraclius.

Si Heraclius bilang pasasalamat sa Allah (ﷻ), ay naglakad mula sa 'Hims' hanggang sa 'Ilya' (i.e. Jerusalem) nang siya ay pinagkalooban ng tagumpay laban sa mga puwersa ng Persia. Kaya naman noong natanggap at nabasa niya ang sulat ng Sugo ng Allah (ﷺ), siya ay nagsabi; *'Hanapan ninyo ako ng kahit sino sa kanyang mamamayan,* (Arabo na tribu ng Quraish) *na naririto ngayon upang magtanong tungkol sa Sugo ng Allah* (ﷺ)*!'* Sa panahong iyon si Abu Sufyan bin Harb ay nasa Sham na may kasamahan mula sa Quraish na nagtungo (sa Sham) bilang mangangalakal sa panahon na sila ay may kasunduang pangkapayapaan sa pagitan ng Sugo ng Allah (ﷺ) at ng mga taga Quraish na di-mananampalataya. Sinabi ni Abu Sufyan;

*"Nakita kami ng isang alagad ni Heraclius sa may lugar ng Sham kaya dinala kami at ng aking mga kasamahan sa Ilya at kami ay tinanggap sa harapan ni Heraclius na natagpuan naming nakaupo sa kanyang maharlikang bulwagan na may putong ng korona at nakapalibot ang kanyang mga matataas na pinuno. Sinabi niya sa kanyang tagasalin ng wika. 'Tanungin mo sila kung sino sa kanila*

*ang may pinakamalapit na kaugnayan sa taong nag-aangkin bilang isang Propeta."*

Si Abu Sufyan ay nagsalaysay; *"Ako ay sumagot, ako ang may malapit na kaugnayan sa kanya.' Siya ay tinanong; 'Anong antas ang inyong pagkamag-anakan sa kanya?' Siya ay sumagot, 'Siya ay aking pinsan', at walang iba pang may kaugnayan sa kanya mula sa mga 'Bani Abd Manaf' na kasama ngayon sa aming pangkat kundi ako'. Si Heraclius ay nagsabi; 'Papuntahin siya sa tabi ko.' Pinapunta rin ang aking mga kasamahan sa likuran ko sa may bandang balikat ko at sinabi sa kanyang tagasaling wika; 'Sabihin mo sa kanyang mga kasamahan na tatanungin ko siya (Abu Sufyan) tungkol sa taong nag-aangkin bilang Propeta. At kung siya (Abu Sufyan) ay magsisinungaling, dapat nila itong salangsangin o pabulaanan kaagad."*

Si Abu Sufyan ay nagpatuloy; *"Sumpa man sa Allah!, kung hindi lang ako nahihiya sa aking mga kasamahan na tawagin akong sinungaling, hindi ko sana sinabi sa kanya ang katotohanan tungkol sa kanya (ang Propeta) nang ako ay tanungin. Nguni't itinuring kong isang kahihiyan na tawagin akong sinungaling ng aking mga kasamahan kaya ko sinabi ang katotohanan."*

Si Heraclius ay nagsabi sa kanyang tagasalin; *"Tanungin mo siya kung anong uri ng angkan na mayroon siya (ang Propeta).' Siya ay sumagot; 'Siya ay nagmula sa mga mararangal na angkan mula sa amin.' At sinabi niya; 'Mayroon bang ibang tao mula sa inyo na nag-angkin bilang Propeta bago pa man siya?' Ako ay sumagot; 'Wala'. Sinabi ni Heraclius; 'Siya ba ay inakusahan ninyo na sinungaling bago niya inangkin ang pagiging Propeta?; Ako ay sumagot, 'Hindi'. Siya ay nagtanong ulit; 'Mayroon bang naging*

*Hari sa kanyang mga ninuno o angkan?' Ako ay sumagot; 'Wala'. Nagtanong ulit; 'Ang mga tagasunod ba niya ay mga mararangal o mga maralitang tao?' Siya ay sumagot, 'Ang mga taong maralita ang kanyang mga tagasunod.' Tinanong ulit; 'Sila ba ay dumarami o nagiging kakaunti (araw-araw)?' Sumagot ako; 'Sila ay dumarami.' Nagtanong ulit; 'Mayroon bang yumakap sa kanyang Deen (Relihiyon) na hindi nasiyahan at umalis sa kanyang Deen?' Ako ay sumagot; 'Wala.' Nagtanong ulit; 'Sumisira ba siya sa kanyang mga (kasunduan) pangako?' Ako ay sumagot; 'Hindi, nguni't ngayon ay may kasunduan kaming pangkapayapaan at kami ay nag-aalinlangan na baka siya ay magtalu-sira sa amin."* Si Abu Sufyan ay nagdagdag; *"Maliban sa huling pananalita ko, ay wala na akong masabing laban pa sa kanya."* Si Heraclius ay nagtanong ulit; *"Nagkaroon ba kayong digmaan laban sa kanya?' Ako ay sumagot; 'Oo.' Siya ay nagtanong ulit; 'Ano ang naging bunga ng inyong pakikipaglaban sa kanya?' Ako ay sumagot; 'Kung minsan sila ay nananalo at kung minsan naman kami.' Siya ay nagtanong ulit; 'Ano ba ang kanyang mga itinatagubilin o ipinag-uutos sa inyo?' Ako ay sumagot; 'Sinasabi sa amin na sumamba lamang sa Allah, at huwag sumamba ng iba maliban sa Allah, at talikdan ang lahat ng mga sinasamba ng aming mga ninuno. Ipinag-uutos niya ang pagdarasal, pagkakawanggawa, pagiging malinis, tuparin ang mga kasunduan o pangako at ibalik kung anuman ang ipinagkatiwala sa amin."*

Nang sinabi ko iyon, sinabi sa tagasalin-wika ni Heraclius na; *'Sabihin mo sa kanya; 'Tinanong kita tungkol sa kanyang angkan at sinabi mo na siya ay mula sa mga mararangal na angkan. Sa katunayan, lahat ng mga Propeta at Sugo ay nagmula sa pinaka-marangal na lahi ng kanilang bayan o pamayanan. Pagkatapos, tinanong kita kung mayroong ibang tao mula sa inyo ang nag-*

*angkin ng ganoong bagay (bilang Propeta), at sinabi mong wala. Kung ang iyong sagot ay pagsang-ayon, inisip ko baka siya ay sumunod lamang sa yapak ng nauna sa kanya. Nang tanungin kita kung siya ay inakusahan o nagsabi ng kasinungalingan, ang sagot mo ay hindi, kaya masasabi ko na ang taong hindi pa nagsinungaling sa mga tao ay hindi magsisinungaling tungkol sa Allah. At tinanong kitang muli kung mayroon ba siyang ninuno na naging hari. At ikaw ay sumagot na "wala", na kung mayroon siyang ninuno na naging hari, maaaring nais lamang niyang maibalik ang pinagmulang kaharian. Nang tanungin kita kung ang mga mayayaman o mga dukha ang kanyang mga tagasunod, ikaw ay sumagot na ang mga maralita ang karaniwang sumusunod sa kanya. Sa katunayan, ang mga taong maralita ang mga karaniwang tagasunod ng mga Sugo at Propeta. Pagkatapos tinanong kita kung ang kanyang mga tagasunod ay dumarami o kumukonti. Ikaw ay sumagot na sila ay dumarami. Sa katotohanan, ito ang bunga ng isang tunay na pananampalataya hanggang ito ay mabuo nang ganap. At tinanong kita kung mayroon sa kanyang mga tagasunod, pagkatapos yumakap sa kanyang Deen, ay hindi nasiyahan at iwinaksi ulit ang kanyang Deen, at ang iyong sagot ay patanggi na naman. Sa katunayan, ito ang palatandaan ng tunay na pananampalataya, na kung ang kasiyahan dito ay pumasok nang ganap sa puso, walang sinuman ang makakatanggi dito. At tinanong kita kung sumisira siya sa kanyang mga pangako, ikaw ay sumagot ulit ng patanggi. Ganyan ang mga Propeta at Sugo na tumutupad lagi sa mga pangako. Nang tanungin kita kung kayo ay nagkaroon ng labanan at ang sagot mo ay pag-amin at sinabi mo kung minsan sila ay nananalo at kung minsan ay kayo. Tunay, na ang mga Sugo at Propeta ay nabibigyan ng pagsubok at sa huli ang tagumpay ay sa kanila. Pagkatapos tinanong kita kung ano ang ipinag-uutos sa inyo. Ang sagot mo ay*

*inuutusan kayong sumamba lamang sa Allah at huwag magtambal ng ibang diyos sa pagsamba sa Kanya, at talikdan ang lahat ng mga dating sinasamba ng inyong mga ninuno, ang mag-alay ng pagdarasal, ang magsabi lang ng katotohanan at maging malinis, tuparin ang mga pangako at ibalik kung anuman ang ipinagkatiwala sa inyo. Ang mga ito ang tunay na katangian ng Propeta na alam kong darating (na nabanggit mula sa mga naunang kapahayagan), subali't hindi ko alam na siya ay magmumula sa inyo. Kung ang iyong mga sinabi ay katotohanan, hindi malayong mangyari na sasakupin niya ang daigdig at ang lugar na kinatatayuan ko, at kung nababatid ko na siya ay aking maaabutan, ako ay tutungo sa kanya upang makaharap siya, at kung siya ay aking makakasama, katiyakang aking huhugasan ang kanyang mga paa."* Patuloy ni Abu Sufyan; *'Tinanong ni Heraclius ang liham ng Propeta ng Allah at ito ay binasa. Ang nilalaman ay;*

*"Ako ay nagsisimula sa Ngalan ng Allah, ang Mahabagin, ang Maawain. (Ang liham na ito ay) mula kay Muhammad, ang alipin ng Allah at ang kanyang Sugo, para kay Heraclius, ang Hari ng Byzantine. Kapayapaan sa mga tumatahak sa tamang patnubay. Kayo ay aking inaanyayahan sa Islam. (i.e. ang pagsuko sa Allah). Tanggapin ninyo ang Islam at kayo ay maliligtas, tanggapin ninyo ang Islam at kayo ay mabibigyan ng dalawa o ibayong gantimpala. Datapwa't kung tatanggihan ninyo ang paanyaya ng Islam, kayo ay mananagot sa mga iniligaw ninyong mga tagasunod (i.e.: ang inyong bayan o pamayanan).* ***"O Angkan ng Kasulatan! Halina kayo sa isang usapan na makatarungan sa pagitan namin at ninyo, na huwag tayong sumamba (sa iba) maliban sa Allah, at huwag tayong magbigay ng anumang katambal sa Kanya, at huwag nating itakda ang ilan sa atin bilang panginoon***

***maliban sa Allah. At kung sila ay magsitalikod, inyong sabihin; 'Maging saksi kayo na kami ay mga tumatalima at sumusuko (sa Allah)."*** (Qur'an, 3:65)

Nagpatuloy si Abu Sufyan; ***'Nang matapos magsalita si Heraclius, nagkaroon ng malakas na hiyawan at iyakan mula sa mga matataas na opisyal ng Byzantine, at may malalakas na ingay na hindi ko naintindihan. Sa gayong dahilan, kami ay pinalabas na sa bulwagan.' Nang kami ay nakalabas ng aking mga kasamahan at kami-kami na lamang, sinabi ko sa kanila, 'Tunay na ang kalagayan ni Ibn Abi Kabsha (i.e.: ang Propeta) ay nagtatamo ng lakas (o kapangyarihan). Pinangangambahan na siya nitong Hari ng Bani Al-Asfar." Dagdag pa ni Abu Sufyan; 'Sumpa man sa Allah , nakatitiyak ako na ang Deen na ito (Relihiyon ng Islam) ay magtatagumpay… at sa bandang huli niyakap ko na rin ang Islam.'*** (Bukhari #2782)

## Ang Pook ng Kanyang Kapanganakan at Kabataan

Ang Propeta (ﷺ) ay ipinanganak noong taong 571 (G) sa tribu ng Quraish (na siyang itinuturing na pinakamarangal sa mga Arabo) sa *Makkah* [ang tumatayong kabisera ng Relihiyon ng Tangway (Peninsulang) Arabia].

Ang mga Arabo ay magsasagawa ng *Hajj* sa *Makkah*, at maglalakad sa palibot ng *Ka'bah* na itinayo nina Propeta Abraham (عليه السلام) at ang kanyang anak na si Ismael (عليه السلام).

Ang Propeta (ﷺ) ay isang ulila. Ang kanyang ama ay namatay bago siya ipinanganak at ang kanyang ina ay namatay nang siya ay anim na taong gulang. Ang kanyang lolo na si Abdul-Mutalib ang siyang nag-alaga sa kanya. Noong namatay ang kanyang lolo, ang tiyuhin niya na si Abu Talib ang siyang nag-alaga naman sa kanya. Ang kanilang tribu noong panahon na iyon at ang mga ibang tribung naroroon ay sumasamba sa mga idolo na yari sa bato. Ang mga ibang idolo ay inilagay sa paligid ng *Ka'bah*. Ang mga tao noon ay naniniwala na ang mga idolo ay nakapagpapagaling at nakapagbibigay ng biyaya.

Ang Propeta (ﷺ) ay isang mapagkakatiwalaang tao at hindi siya marunong magtaksil, mandaya at magsinungaling. Kaya siya ay tinaguriang *'Al-Ameen'* o *'Ang Mapagkakatiwalaan'*. Ipinagkakatiwala at iniiwanan sa kanya ang mga mahahalagang ari-arian ng mga tao kung sila ay naglalakbay. Siya rin ay tinaguriang *'As-Sadiq'* o *'Ang Makatotohanan'*dahil hindi siya marunong magsinungaling. Siya ay may magandang asal, magandang pananalita, at nais

niyang laging makatulong sa mga tao. Minamahal siya ng mga tao at siya ay iginagalang nang dahil sa angking kagandahang pag-uugali. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;
***"At katotohanan, ikaw (O Muhammad) ay nasa ipinagkakapuring antas (huwaran) ng Kagandahang Asal[3] (at ugali)."*** [Qur'an, 68:4]

Si Thomas Carlyle ay nagsabi sa kanyang aklat: *'Heroes, Hero-Worship and the Heroic in the History'; "Nguni't, mula sa kanyang kabataang gulang, siya ay tinaguriang bilang matapat na tao. Ang kanyang mga kasamahan ay tinawag siyang 'Al-Amin', ang 'Mapagkakatiwalaan'. Siya ay taong makatotohanan at may katapatan, makatotohanan sa kanyang mga ginawa, sa kanyang mga salita at isip. Subali't siya ay pinag-iisipan nang masama ng iba. Siya ang taong di-masalita at siya ay tahimik kung walang makabuluhang sasabihin; nguni't siya ay matalino, matapat kapag nagsasalita at laging maganda at makahulugan ang mga paliwanag sa mga paksa. Ang kanyang mga pangungusap ay may katuturan at may kahalagahan. Sa kanyang buong buhay nabatid namin na siya ay matatag, buo ang loob, itinuturing ang lahat bilang kapatid at siya ay tunay na tao. Siya ay pormal, matapat na tao, nguni't magiliw, masayahin, palakaibigan, palabiro datapwa't ang pagpapatawa niya ay makatotohanan; mayroong mga tao na ang kanilang pagtawa ay hindi makatotohanan at mayroon namang hindi marunong tumawa. Siya ay natural, mapagmahal subali't makatuwiran at makahulugang tao! Siya ay tigib ng liwanag sa kaisipan, at patuloy sa kanyang layunin sa malawak na disyerto."*

[3] Si Sa'd bin Hisham ay nagtanong kay Aishah tungkol sa asal o ugali ng Sugo ng Allah (ﷺ), kaya siya ay sumagot;"Hindi mo ba binasa ang Qur'an? Si Sa'd ay sumagot: "Binasa ko". Kaya, siya (Aishah) ay nagsabi: "Katotohanan, ang asal o ugali ng Sugo ng Allah (ﷺ) ay ang Qur'an." (At Tabari 23-529)

Ang Propeta (ﷺ) ay madalas magtungo at nananatili sa loob ng yungib ng Hira bago siya nahirang bilang Propeta. Siya ay laging nagpapalipas ng maraming gabi roon. Hindi siya gumawa ng kasinungalingan; hindi siya uminom ng anumang nakalalasing at hindi siya sumamba o sumumpa sa mga idolo at hindi rin nag-alay ng pagkain o anumang bagay sa mga ito. Siya ay pastol ng kawan ng tupa na pagmamay-ari ng kanyang mamamayan. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi; ***"Ang bawa't Propeta na itinalaga ng Allah ay mga pastol ng kawan ng tupa. Ang kanyang mga kasamahan ay nagtanong; 'Pati ba ikaw O Propeta ng Allah?' Siya ay sumagot; 'Oo, inaalagaan ko ang mga kawan ng tupa ng mga tao ng Makkah."*** (Bukhari #2143)

Nang siya ay 40-taong gulang, nakatanggap siya ng rebelasyon habang siya ay nasa loob ng yungib ng Hira noon. Ang ina ng mga mananampalataya na si Aishah, (kalugdan nawa siya ng Allah) ay nagsabi; *"Ang unang bagay na nangyari sa Sugo ng Allah tungkol sa kapahayagan ay nasa anyo ng panaginip na kanyang nakikita sa kanyang pagtulog at nagkakatotoo. Hindi niya makikita ang isang panaginip maliban na ito ay nagkakatotoo tulad ng liwanag ng pagbubukang-liwayway. Pagkaraan nito, ang pagiging mapag-isa ay kinagiliwan niya. Kaya, siya ay lagi nang nagtutungo sa Yungib ng Hira at inilalaan ang panalangin doon para sa maraming bilang ng gabi at magdadala siya ng pagkain at nagbabalik lamang sa kanyang asawang si Khadijah upang muling kumuha ng pagkain para sa gayon ding pananatili sa yungib. Ito ay nagpatuloy hanggang ang kapahayagan ay dumating sa kanya habang siya ay nasa loob ng yungib ng Hira. Ang Anghel ay dumating sa kanya at nagsabi, "Basahin!" Ang Sugo ng Allah ay nagsabi, "Ako ay sumagot sa*

*kanya: "Hindi ako marunong magbasa." Kaya, ako ay hinablot ng Anghel at idiniin ako hanggang hindi ko na ito matagalan. Pagkaraan, ako ay kanyang binitawan at sinabi: "Basahin". Kaya ako ay sumago:"Ako ay hindi marunong magbasa." Kaya, idiniin akong muli hanggang hindi ko na ito matagalan. Pagkaraan, binitawan niya ako at sinabi: "Basahin!" Kaya, ako ay sumagot: "Ako ay hindi marunong magbasa." Kaya, idiniin ako sa ikatlong pagkakataon hanggang hindi ko na ito matagalan. Muli niya akong binitawan at sinabi: "Basahin mo! Sa Ngalan ng iyong Rabb (Panginoon) na lumikha" hanggang umabot sa talata (ayah) na, "na hindi niya nalalaman." Nang siya (Propeta Muhammad) ay bumalik kay Khadijah, siya ay nanginginig at nagsabi, "Balutin mo ako, balutin mo ako." Kaya, siya ay binalot ng kumot hanggang ang takot ay naglaho. Pagkaraan, isinalaysay niya ang lahat ng nangyari kay Khadijah, at nagsabi, "ako ay nangangamba na may isang bagay ang maaaring mangyari sa akin." Si Khadijah ay sumagot, "Sa pamamagitan ng Allah, hindi ito mangyayari. Hindi ka pababayaan ng Allah. Maganda ang pakikitungo mo sa iyong mga kamag-anakan, ikaw ay nagsasalita ng katotohanan, tumutulong ka sa mga mahihirap at kapus-palad, inaasikaso mo ang iyong panauhin nang maayos. Pagkaraan nito, sinamahan ni Khadijah si (Propeta) Muhammad sa kanyang pinsang si Waraqah bin Nawfal bin Asad bin Abdul Uzza bin Qusay, na sa panahong yaon, ito ay isang kristiyano na palaging nagsusulat tungkol sa mga Banal na Kasulatan sa wikang arabik. Siya ay matanda na at bulag ang kanyang mga mata. Si Khadijah ay nagsabi sa kanya, "O aking pinsan! Pakinggan mo ang salaysay ng iyong pamangkin." Si Waraqah ay nagtanong, "O aking pamangkin, ano ba ang iyong nakita? Ang Sugo ng Allah ay nagsalaysay kung ano ang kanyang nakita. Si Waraqah ay nagsabi. Ito ay ang Anghel Jibril (Gabriel) na siya ring ipinadala kay Propeta Moises (Musa). Sana ako ay*

*bata pa at mabuhay pa nang matagal, hanggang ikaw ay ipagtabuyan ng iyong mamamayan." Ang Sugo ng Allah ay nagtanong, "Ako ba ay itataboy nila?" Si Waraqah ay sumagot, Oo, sinuman ang dumating na may katulad ng dala mo ay pinakikitunguhan nang may karahasan at kalupitan at kung ako ay mananatiling buhay pa sa Araw na yaon, ikaw ay aking ipagtatanggol." Nguni't si Waraqa ay hindi nagtagal at namatay. Ang kapahayagan ay huminto pansumandali.*

Ang kabanata ng Qur'an, *Surah (96) Al-Alaq* na nabanggit sa itaas na Hadeeth ay simula ng paghirang kay Muhammad **(ﷺ)** bilang Propeta. At pagkaraan nito ipinahayag ng Allah (ﷻ) ang mga sumusunod na talata;

***"O ikaw (Muhammad) na nababalot (ng balabal); magbangon ka ipahayag mo ang iyong babala! At luwalhatiin ang iyong Rabb (Panginoon); At gawin mong dalisay ang iyong kasuotan."*** (Qur'an, 74:1-4)

Ang pagbanggit sa kabanata ng Qur'an sa itaas ay simula sa paghirang kay Muhammad (ﷺ) bilang Sugo ng Allah (ﷺ). At sa pagbaba nitong rebelasyon, ang Propeta (ﷺ) ay nagsimulang hayagang nag-anyaya sa mga tao sa Islam. Siya ay unang nag-anyaya sa mga tao (sa kanilang lugar). Ang mga iba ay tumanggi at nagmatigas sa dahilang sila ay inaanyayahan sa bagay na bago lamang sa kanilang pandinig.

Ang (relihiyon) *Deen* ng Islam ay ganap at kabuuang pamamaraan ng buhay, ito ay tumatalakay sa aspeto ng relihiyon, politika, kabuhayan, lipunan at marami pang iba

para sa kapakanan ng sangkatauhan. Karagdagan nito, ang Deen ng Islam ay hindi lamang nanawagan para sa pagsamba sa Allah (ﷻ) kundi nag-uutos sa paglayo sa pagsamba sa lahat ng mga idolo, at ipinagbabawal din sa kanila ang mga bagay na kanilang ikinasisiya subali't ito ay nakasasama; tulad ng pagkaing nagmula sa pagpapatubo at mga nakakalasing, pakikipagtalik sa hindi asawa at ang pagsusugal. Ang Islam ay naghihikayat din sa pagiging makatarungan at pagkapantay-pantay ng bawa't tao, at upang mabatid at matutunan na walang pagkakaiba ang bawa't tao kundi sa kanilang antas ng kabutihan. Sa ganitong patakaran, papaano matatanggap ng mga Quraish (na sila na mga pinakamarangal sa mga Arabo) ay maging pantay sa pakikitungo sa mga alipin! Hindi lamang nila tinanggihan ang Islam nang buong katigasan ng loob bagkus kanilang sinaktan pa ang Propeta Muhammad (ﷺ) at pinaratangang isang baliw, salamangkero (mahikero) at sinungaling. Maging ang kanya mga kasamahan ay dumanas ng masidhing parusa at matinding kahirapan.

Sinabi ni Abdullah b. Masood (رضي الله عنه); ***"Habang ang Propeta ay nakatayong nagdarasal sa malapit sa Ka'bah, ang isa sa pangkat ng mga Quraish ay nagsabi; 'Nakikita ba ninyo ang taong ito? Ang isa sa inyo ay kumuha at magdala ng dumi at mabahong bituka ng kamelyo mula kay ganoon at kay …ganoon, hintayin siya hanggang siya ay magpatirapa at ilagay sa pagitan ng kanyang balikat! Ang pinakamasama sa kanila ay nagkusang gawin ito. At nang nakapagpatirapa nga ang Propeta, inilagay ang mabahong bituka sa pagitan ng balikat ng Propeta, kaya nanatili ang Propeta sa kanyang pagkapatirapa. Sila ay nagtawanan nang malakas na halos***

***mangatumba sa isa't-isa. Sa pagkakataong iyon, may nagpunta kay Fatimah, (nawa'y kalugdan siya ng Allah) at ibinalita kung ano ang nangyari na noon ay batang maliit pa lamang. Siya ay mabilis na nagtungo sa kinaroroonan ng Propeta at inalis ang mabahong bituka sa likod niya at hinarap ang mga Quraish at kanyang isinumpa ang mga ito sa kinatatayuan nila."*** (Bukhari #498)

Si Muneeb Al Azdi (ﷺ) ay nagsalaysay; 'Nakita ko ang Sugo ng Allah (ﷺ) sa panahon ng kamangmangan at nagsabi sa mga tao; ***"Sabihin ninyo na walang ibang diyos na dapat sambahin kundi ang Allah upang kayo ay magtagumpay. Sa oras na iyon, dinuraan ng mga tao ang kanyang mukha, may bumato ng putik sa kanya, at may mga taong sumumpa sa kanya hanggang abutan sila ng tanghaling-tapat. Sa pagkakataong iyon may dumating na batang anak na babae na may dalang lalagyan ng tubig at hinugasan niya ang kanyang mukha at mga kamay at sinabi sa bata; 'O anak na babae, huwag kang matakot na ang iyong ama ay kanilang hamakin o masadlak sa kahirapan."*** *(Mu'jam Al-Kabeer #805)*

Si Urwah b. Az-Zubair (ﷺ) ay nagsabi; "Tinanong ko si Abdullah b. Amr al-Aas (ﷺ) kung ano ang pinaka-masamang ginawa ng mga pagano kay Propeta Muhammad (ﷺ), at siya ay nagsabi; ***"Pinuntahan ni Uqbah b. Mu'ait ang kinaroroonan ng Propeta habang nagdarasal sa tabi ng Ka'bah at pinilipit ang kanyang damit sa leeg ng Propeta. Si Abu Bakr ay mabilis na pinuntahan ang mga ito at hinawakan ang balikat ni Uqbah, saka itinulak na nagsabi; 'Papatayin mo ba ang isang tao na nagpapahayag na ang Allah ang kanyang Rabb, (Panginoon) at ang malinaw na***

***tanda ay dumating sa kanya mula sa inyong Rabb (Panginoon)?"*** (Bukhari #3643)

Ang mga pangyayaring ganito ay hindi naging daan upang tumigil ang Propeta (ﷺ) sa kanyang *Da'wah* (pag-anyaya sa *Deen)*. Inanyayahan niya sa Islam ang maraming tribu na nagtungo sa *Makkah* upang mag-*Hajj* (Pilgrimage). May mga ibang tao mula sa *Yathrib*, na tinatawag ngayon na *Madinah*, ang naniwala at nagpahayag na siya ay itataguyod at tatangkilikin kung siya ay sasama sa kanila sa *Madinah*. Ipinasama niya si Mus'ab b. Umair (رضي الله عنه), na siyang nagturo sa kanila tungkol sa Islam. At dahil sa kalupitang dinaranas nila mula sa mga tao sa *Makkah*, tinulutan sila ng Allah (سبحانه وتعالى) na lumikas patungong *Madinah*. Sila ay buong pusong tinanggap ng mga mamamayan ng *Madinah* at ang *Madinah* ang naging kabisera ng Islamikong Estado, at mula sa lugar na ito ang '*Da'wah'* ay lumaganap.

Ang Propeta (ﷺ) ay nanirahan doon at tinuruan ang mga tao ng pagbasa at pagdalit ng Qur'an at ng mga Batas ng Islam. Ang mga mamamayan ng *Madinah* ay namangha at napamahal sa ugali ng Propeta (ﷺ). Napamahal sila sa Propeta (ﷺ) nang higit sa pagmamahal nila sa kanilang sarili, sila ay nag-uunahan upang mapagsilbihan at gugulin ang lahat para sa kapakanan ng Propeta (ﷺ). Ang pamayanan ay naging malakas at ang mga tao ay masagana sa kanilang *Iman* (pananampalataya) at sila ay lagi nang masaya. Sa gayong kalagayan, ang mga tao ay natutong magmahal sa kapwa-tao, at ang tunay na kapatiran ay nadarama nila. Ang lahat ng tao ay pantay-pantay; ang mayayaman, ang mararangal at ang mararalita, ang puti at itim, ang Arabo at di-Arabo, lahat sila

ay pantay sa harap ng *Deen* (relihiyon) ng Allah (ﷻ) at walang pagkakaiba sa kanila maliban sa antas ng kabutihan. Pagkaraang natutuhan ng mga Muslim ang pamamaraan ng *Da'wah* (pagpapalaganap ng Islam) ng Propeta (ﷺ) at ito ay lumaganap, sila ay nakilahok sa pakikipaglaban kasama ng Propeta (ﷺ), sa unang digmaan ng Islam, at ito ay naganap sa Badr. Ang digmaan na ito ay nangyari sa pagitan ng dalawang panig na hindi magkatulad sa paghahanda at sandata. Ang bilang ng mga Muslim ay 314 samantalang ang mga pagano ay may malakas na sandatahang bilang na 1000. Subali't ibinigay ng Allah (ﷻ) ang tagumpay sa Propeta (ﷺ) at sa kanyang mga kasamahan. Pagkatapos ng digmaan na ito, marami pang digmaan ang naganap sa pagitan ng mga Muslim at ng mga pagano. Pagkaraan ng walong taon, ang Propeta ay nakapaghanda ng hukbong sandatahan na mahigit sa 10,000 (libo) na malalakas. Sa pagkakataong ito, sila ay nagtungo sa *Makkah* at ito ay kanilang sinakop at sa pamamagitan nito, natalo niya ang dating mamamayan niya na nanakit at nagpahirap sa kanya at sa kanyang mga kasamahan sa bawa't paraan. Sa gayon ngang kalagayan, sila ay napilitang magtungo sa ibang bayan upang iligtas ang kanilang sarili at iniwan ang lahat ng kanilang mga ari-arian at kayamanan. At ngayon dahil sa kanilang pagpupunyagi, sila ay nagtagumpay kaya, ang taon na ito ay tinawag na '**Taon ng Tagumpay**'. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

***"Kapag dumating (sa iyo, O Muhammad) ang kalinga ng Allah at tagumpay, at iyong mapagmamasdan ang mga tao na magsisipasok sa Deen ng Allah (Islam) nang maramihan, kaya't ipagbunyi mo ang mga papuri ng iyong Rabb (Panginoon) at manalangin na igawad Niya ang Kanyang***

***Kapatawaran. Katotohanan, Siya ang tumatanggap ng pagsisisi at pagpapatawad."*** (Qur'an, 110:1-3)

Pagkatapos, tinipon niyang lahat ang mga mamamayan ng *Makkah* at sinabi niya sa kanila; ***"Ano ang inaakala ninyong gagawin ko sa inyo?' Sila ay sumagot; '(Alam namin na) ang gagawin mo lang ay ang nakakabuti; ikaw ay mabait na kapatid at mapagbigay at mapagpatawad na pamangkin! Ang Propeta ay nagsabi; 'Humayo kayo – malaya kayo at gawin ninyo ang anumang nais ninyong gawin."*** (Baihaqi #18055)

Ito ang pangunahing dahilan kung bakit ang karamihan sa kanila ay yumakap ng Islam. Pagkaraan, ang Propeta ay nagbalik sa *Madinah*. Mga ilang panahon pa, ang Propeta ay naglayon na magsagawa ng *Hajj*, kaya siya ay nagtungo sa *Makkah* na may kasamang 114,000 na kasamahan. Ang Hajj na ito ay tinaguriang '*Pamamaalam na Hajj*' (*Hajj'jatul-Wa'daa*), sapagka't ang Propeta ay hindi muling nakapagsagawa ng *Hajj* at siya ay namatay na pagkaraan ng ilang araw.

Ang Propeta (ﷺ) ay namatay sa *Madinah* noong ika 12 ng *Rabiath-thani* sa ika 11 taon ng *Hijrah*. Siya (ﷺ) ay inilibing sa *Madinah*. Ang mga Muslim ay nagulat sa kanyang pagkamatay, at ang ibang kasamahan niya ay hindi makapaniwala! Sinabi ni Umar (رضي الله عنه), 'Sinuman ang magsabing patay na si Muhammad (ﷺ), puputulan ko ng ulo!' Si Abu Bakr (رضي الله عنه), ay nagbigay ng sermon at binasa niya ang talata ng Qur'an;

***"Si Muhammad ay hindi humigit sa isang Sugo lamang, at tunay (na maraming) mga Sugo ang nangamatay na nauna sa kanya. Kung siya man ay mamatay o masawi, kayo ba ay manunumbalik sa yapak (ng Kufr, kawalang pananampalataya)? At sinuman ang manumbalik sa kanilang mga yapak (bilang Kafirun), kahit katiting man ay walang maidudulot na pinsala sa Allah. At ang Allah ay naggagawad ng gantimpala sa mga Shaakireen (mapagpasalamat).***[4] (Qur'an 3:144)

Nang marining ni Umar (ﷺ), ang mga *ayat* (talata) ng Qur'an na nabanggit sa itaas, siya ay natigilan sa kanyang mga sinasabi, sapagka't siya ay maingat na tumutupad sa mga alituntunin ng Allah (ﷻ). Ang Propeta (ﷺ) ay namatay sa gulang na 63. Siya ay nanirahan sa *Makkah* ng apat napung (40) taon bilang karaniwang tao bago siya hinirang na isang Propeta (ﷺ). Pagkaraan na mahirang bilang Propeta (ﷺ), siya ay namalagi ng panibagong labing tatlong (13) taon upang mag-anyaya sa mga tao tungkol sa Kaisahan ng Allah (*Tawheed*). Pagkatapos siya ay lumikas patungong *Madinah* at nanirahan doon ng sampung (10) taon. Siya (ﷺ) ay patuloy na nakatatanggap doon ng kapahayagan o rebelasyon, hanggang ang Qur'an at ang Deen ng Islam ay nabuo.

[4] **Nang makaranas ng pagkatalo ang mga Muslim sa digmaan sa Uhud at marami sa kanila ang namatay, Si Ibn Qami'ah ay sumigaw at nagsabing "Napatay ko si Muhammad." Marami sa Muslim ang naniwala sa balitang namatay nga ang Propeta ng Allah (ﷻ). Kaya nanlumo at nanghina ang kanilang pagtitiis at hindi na sila sumama pa sa pakikipaglaban. Kaya naman, ipinahayag ng Allah (ﷻ) ang talatang ito na nagtatanong, Kung namatay man siya o kaya'y napaslang, babalik ba kayo sa Kufr (kawalan ng pananampalataya)? Sinumang bumalik sa di-pananampalataya, kahit kaunti'y hindi mabibigyan ng pinsala ang Allah (ﷻ). At yaong naging matatag at sinunod ang Allah (ﷻ), ipinagtanggol ang pananampalataya at sinunod ang Sugo (ﷺ), patay man siya o buhay, tatanggapin nila ang gantimpala ng Allah (ﷻ).**

Si G. George Bernard Shaw ay nagbigay ng isang magandang puna at siya ay nagsabi; *"Lagi kong inilalagay ang relihiyon ni Muhammad sa mataas na pagpapahalaga dahil sa kahanga-hangang tatag (at lakas) nito. Ito ang tanging relihiyon para sa akin ang nagtataglay ng malagom na kakayahan sa nagbabagong aspeto ng pamumuhay na nakagagawa ng sariling pang-akit sa bawa't panahon. Aking pinag-aralan si Muhammad-ang kahanga-hangang tao at sa aking palagay siya ay malayo sa pagiging Anti-Kristo. Dapat siyang tawaging Tagapagligtas ng Sangkatauhan. Naniniwala ako na kung ang taong katulad niya ang gumanap na diktador sa makabagong daigdig, siya ay magtatagumpay sa paglutas ng mga suliranin sa paraang magdadala sa higit pang kailangang kapayapaan at kaligayahan. Aking hinuhulaan na ang relihiyon ni Muhammad (ang Islam) ay tatanggapin sa Europa sa darating na panahon tulad ng pagtanggap ng Europa sa ngayon.[5]"*

[5] Encyclopedia of Seerah, for Afzalur Rahman.

## Ang Paglalarawan sa Propeta (ﷺ)

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay isang kahanga-hangang tao, na pinararangalan ng bawa't taong makakita sa kanya (ﷺ). Ang kanyang mukha ay maliwanag na tulad ng kabilugan ng buwan. Siya (ﷺ) ay may katamtamang taas, hindi lubhang mataas at hindi rin naman maliit. Ang kanyang ulo at noo ay bahagyang malaki at ang buhok ay bahagyang kulot at hindi hinahayaang humaba nang lagpas sa kanyang tainga sa anumang panahon. Ang kanyang kutis ay namumulang rosas. Ang kanyang mga kilay ay likas na maayos at hindi magkarugtong. Mayroong ugat sa gitna ng kanyang mga kilay na lumilitaw kapag siya ay nagagalit. Ang kanyang ilong ay matangos at may nakabibighaning kislap at bahagyang mataas ang pinakatulay nito. Siya (ﷺ) ay may bigote at may balbas na makapal at ang mga pisngi ay malambot. Ang bibig ay bahagyang malaki at ang mga ngipin ay may konting siwang sa gitna ng bawa't isa. Ang kanyang batok ay tulad ng isang manika sa kaputian. Ang katawan ay katamtaman sa laki at siya ay malakas. Ang kanyang dibdib at tiyan ay magkapantay sa sukat. Ang mga hugpong ng kanyang katawan ay malalaki. Ang kanyang balat ay maputi.

May buhok siya mula sa buto ng kanyang dibdib hanggang sa puson. Wala siyang balahibo sa dibdib nguni't mabalahibo ang kanyang mga kamay at balikat. Malaki ang kanyang kamao at ang kanyang mga palad. Ang kanyang mga kamay at mga paa ay bahagyang maikli at ang kanyang mga daliri ay katamtaman ang mga haba. Ang kanyang mga paa ay pantay at makinis at dahil sa kakinisan hindi naiipon ang tubig sa mga ito. Mahahaba ang kanyang mga hakbang nguni't magandang kumilos, itataas niya ang kanyang mga paa at hindi kinakaladkad. Kung siya ay lumingon, lahat ng kanyang katawan ay isinasama sa paglingon (na salungat sa isang taong hindi magandang tumindig na ang leeg at ulo lang ang inililingon). Ibinababa ang kanyang tingin sa lahat ng oras at mas madalas siyang tumingin sa ibaba kaysa sa pagtingin niya sa langit. Kadalasan na siya ay susulyap lamang sa mga bagay (kaysa tumitig nang maigi na hindi nararapat). Siya ay laging nauunang bumabati bago siya babatiin ng iba.

May nagtanong kay Hind, *"Paano ang paraan ng kanyang pagsasalita ?' Si Hind ay nagsabi ; 'Ang Propeta (ﷺ) ay mukhang malungkot lagi, dahil sa kanyang pag-iisip nang malalim. Hindi siya nagpapahinga ng lubos at hindi magsasalita kung hindi kinakailangan. Kapag siya ay nagsasalita, ang una at katapusan ng kanyang pagsasalita ay 'sa Ngalan ng Allah'. Maliwanag siyang magsalita at makahulugan, maikli at tamang pangungusap lamang. Ang kanyang mga salita ay matibay at walang makababakli sa mga ito. Siya ay napakabait at mapagmahal. Hindi pa siya nanghamak at nang-alipusta ng ibang tao. Siya ay mapagpasalamat sa lahat ng anumang ipinagkakaloob na biyaya sa kanya ng Allah, kahiman ito ay napakaliit na bagay, at hindi minamaliit ang anuman. Hindi*

*namintas ng anumang pagkain na tinikman niya at hindi rin naman labis ang pagpuri. Kailanman ay hindi pa siya nanlumo o nabalisa sa makamundong bagay. Siya ay nagagalit nang husto kung may isang taong hinahamak. At hindi nawawala ang kanyang galit hanggang hindi naibabalik ang karapatan ng taong hinamak. Nguni't hindi siya nagagalit kung siya ang hinahamak at hindi siya naghihiganti. Kung siya ay nakaturo, lahat ng kanyang kamay ay buong-buo na nakaturo ; at kung siya ay nabibigla, ang kanyang kamay ay gumagalaw. Kung ang Propeta (ﷺ) ay nagsasalita, hahaplusin niyang bahagya ng kanyang kaliwang hintuturo ang kanyang kanang palad. Kung siya ay galit, ibabaling niya ang kanyang mukha at kung siya ay nasisiyahan, ibababa niya ang kanyang paningin. Ang lahat ng kanyang pagtawa ay idinadaan sa pagngiti. At kung siya ay ngumingiti, lumilitaw ang kanyang mga ngipin na tila perlas ng ulang-yelo.*"

Si Al-Hasan (رضي الله عنه) ay nagsabi : *"Matagal kong hindi inilarawan kay Al-Husain (رضي الله عنه) (ang Propeta), subali't naitanong na niya sa kanyang ama na si Ali (رضي الله عنه) ang tungkol dito'. Si Al Husain (رضي الله عنه) ay nagsabi; 'Tinanong ko ang aking ama kung paano pumasok ang Propeta (ﷺ) sa kanyang pamilya, at kung papaano sila iniiwan at ano ang kanyang pag-uugali sa kabuuan.' Dagdag pa ni Al-Husain (رضي الله عنه); 'Tinanong ko rin ang aking ama kung paano ginugugol ng Propeta (ﷺ) ang kanyang panahon sa kanilang pamamahay at kung papaano niya hinahati-hati ang kanyang oras.' Ang kanyang ama ay sumagot ; 'Hinahati niya ang kanyang panahon sa tatlong bahagi ; ang unang bahagi ay para sa paglilingkod sa Allah (سبحانه وتعالى), ang iba ay para sa kanyang pamilya at ang pangatlong bahagi ay hinahati niya para sa kanyang sarili at sa mga tao. Hindi siya naglilihim o nagtatago ng anumang pangaral at pamamatnubay mula sa kanila. Gugugulin niya ang panahon na iniukol niya para*

*sa Ummah sa pagbibigay ng mga bagay ng kailangan ng mga tao sang-ayon sa katayuan nila sa pananampalataya. Ginagawa niyang abala ang mga tao sa pagtuturo sa kanila ng bagay na ikabubuti nila at para sa pamayanan at sinasabi niya ang nararapat sa kanila. At sasabihin sa kanila ; 'Kung sinuman ang narito ngayon dapat nilang iparating (kung anuman ang kanilang natutuhan) sa mga wala rito o ang mga lumiban, at ipaalam sa akin kung ano ang mga pangangailangan ng mga hindi nakadalo sa ating pagtitipon, dahil ; 'Sinuman ang nagparating sa kinauukulan ng kalagayan ng isang tao, pagtitibayin siya ng Allah (ﷻ) sa tulay (na nasa ibabaw ng Impiyerno) sa Araw ng Pagbabangong-Muli."*

Isinalaysay pa ni Al-Husain (رضي الله عنه); *"Tinanong ko ang aking ama tungkol sa kaugalian ng Propeta (ﷺ) sa labas ng kanyang pamamahay?' Sinabi niya; 'Iniingatan niya ang kanyang dila (sa mga walang kubuluhang pananalita) at nagbibigay ng tapat na payo at magagandang pananalita upang mapakinabangan at mapagkaisa ang mga tao. Binibigyan niya ng karangalan ang mga taong mapagbigay, mababait at ang mga mararangal sa lipon ng mga tao at binibigyan niya ng tungkulin ang bawa't isa sa kanilang samahan. Nagbibigay ng paalala sa gawaing masama at iniingatan ang sarili mula sa mga ito, bagaman hindi niya ipinakikita sa kanyang mukha ang  magkunot-noo sa mga tao. Tinatanong niya ang kapakanan at kalagayan ng mga tao at inuutusan sila sa gawain kabutihan at pinagbabawalan sa gawaing kasamaan. Siya ay mahinahon sa lahat ng kanyang mga gawain. Hindi niya pinalalampas ang pagkakataon sa pagpapaala-ala sa kanyang mga kasamahan at nagbibigay ng matapat na pangaral. Siya ay laging handa sa lahat ng mga suliranin at ipinagtatanggol niya ang katotohanan at siya ay maayos at hindi nagpapabaya. Ang mga taong laging malapit sa kanya ay yaong pinakamabuti sa*

*kanilang pamayanan. Ang pinakamabuting kasamahan ay siyang nag-aalay at naghahandog ng mga magagandang payo. At ang pinakamataas na katayuan sa kanyang mga kasamahan ay ang laging tumutulong at umaalalay sa kanya sa pinakamabuting paraan."*

Karagdagan pa rito, si Al-Husain (ﷺ) ay nagsabi; *"Tinanong ko din ang aking ama kung paano makihalubilo ang Propeta (ﷺ) sa kanyang pakikipag-usap (sa mga tao), at sinabi sa akin; "Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay hindi mauupo at hindi tatayo kung hindi binabanggit ang Ngalan ng Allah. Ipinagbabawal niyang magtalaga ang sinumang tao ng alinmang lugar na ituturing nito bilang sarili niyang lugar. Siya ay mauupo kung saan siya makatagpo ng lugar na maaari niyang upuan. At ganoon din ang kanyang payo sa iba, sa pagpasok sa isang pagtitipon. Ibinabahagi niya ng pantay ang kanyang oras para sa kanyang mga kasamahan. Sinuman ang nakaupong malapit sa Propeta (ﷺ) ay mag-aakalang ito ang pinakamahalaga at pinakamamahal ng Propeta. Kung mayroong taong lumapit at humingi ng tulong sa kanya, hindi niya paaalisin ito kaagad, subali't hahayaan niyang matapos ang kanyang kahilingan at hihintayin niyang umalis nang sariling kusa. At hindi hinahayaan ng Propeta (ﷺ) na umalis ang isang nangangailangan na walang dala-dalang pauwi, at bibigyan niya ng magandang pananalita kung sakali't hindi naibigay ang kahilingan nito. May bukas na puso at bukas na kamay ang Propeta (ﷺ). Siya ay itinuturing na mabait at mapagmahal na ama ng bawa't isa ; lahat ng tao ay pantay-pantay sa kanya. Ang kanyang pakikipag-ugnayan ay ugnayang nauukol sa kaalaman, pagtitiyaga, pagpapaumanhin, kababaang-loob at ng pagtitiwala. Walang sinuman ang magtataas ng tinig sa harap ng Propeta (ﷺ). Walang magsasalitang masama at laban sa ibang kasama sa harap ng*

*Propeta (ﷺ). Ang lahat ng mga kasamahan niya sa pagtitipon ay pinakikitunguhan nang may pagpapakumbaba sa bawa't isa, iginagalang nila ang mga matatanda at mababait sila sa mga kabataan at ganoon din ang paggalang sa mga taong dumadalaw na hindi niya kakilala."*

Sinabi pa ni Al-Husain (رضي الله عنه), *"Tinanong ko ang aking ama tungkol sa pag-uugali ng Propeta (رضي الله عنه) sa kanyang pakikipag-usap at pakikihalubilo sa mga tao, at sinabi sa akin ; Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay laging masayahin. Siya ay pinakamabait at mapagmahal. Hindi naging magaspang ang pag-uugali kailanman. Hindi pa siya nagtaas ng tinig (o nanigaw) sa publiko o gumamit ng masamang salita. Hindi pa siya nagsalita ng laban sa kahit kaninuman sa talikuran. Hindi siya pumupuri ng labis. Hindi pa siya nanghiya ng sinuman. Siya ay umiwas sa tatlong bagay ; ang pakikipagtalo, labis na pagsasalita at hindi nakikialam sa bagay na walang halaga para sa kanya. Iniiwasan din niya ang tatlong bagay ; hindi pa nagsalita ng masama laban sa sinuman, hindi pa siya nanlibak o nangutya ng sinuman at hindi siya nagsasalita ng panunumbat sa harap ng sinuman o kaya ay namintas ng sinuman. Siya ay nagsasalita lamang nang may hangaring mabigyan siya ng pagpapala ng Allah. Kapag siya ay magsalita, ang kanyang mga kasamahan ay nakababa ang paningin sa dakong ibaba (ng lupa) (bilang paggalang at pakikinig) na tila ang ibon ay lumapag sa kanilang mga ulo. Kung ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay huminto sa pagsasalita, doon pa lamang magsisimulang magsalita ang kanyang mga kasamahan. Hindi sila nagtatalo sa harap niya. Kung ang isang kasamahan ay magsalita ang lahat ay makikinig hanggang hindi matatapos ang kanyang sinasabi. Ang mga naunang kasamahan ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang siyang may lakas ng loob na magsalita sa harap ng Propeta (ﷺ)."*

***Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagpakita ng lubhang pagtitiis kapag siya ay nakinig sa isang dayuhan na nahihirapang bumigkas ng salita. Hindi siya magtatanong sa nagsasalita hanggang hindi natatapos ang pananalita nito. Katotohanan, inuutusan niya ang kanyang mga kasamahan na tulungan ang tao na humihingi ng tulong. Hindi niya aabalahin o patitigilin ang isang nagsasalita hanggang hindi ito mismo ang huminto sa pagsasalita o kaya ay tumatayo upang umaalis."*** (Baihaqi)

## Ang Ilan sa Mga Magagandang Ugali at Katangian ng Propeta (ﷺ)

1. **Ang Matatag na Kaisipan**: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagtataglay na isang napakahusay, ganap at matatag na kaisipan. Kailanman ay walang taong nagkaroon ng matatag na kaisipan, tulad ng kanyang angking kaisipan. Si Qadhi Iyaadh, nawa'y kalugdan siya ng Allah (ﷻ) ay nagsabi:

*'Ito ay nagiging malinaw para sa isang tao na kapag ang isang mananaliksik ay nagbabasa ng talumbuhay ng Propeta at nauunawaan ang kanyang mga gawa at ang kanyang makahulugan at malawak na mga salita at pahayag, ang kanyang ugali at asal, at kanyang moral na kilos, ang kanyang malawak na kaalaman tungkol sa Torah ni Moises at Injeel ni Hesus at sa ibang Banal na*

*Kasulatan at ang kanyang kaalaman sa mga pananalita ng mga matatalino, at ang kaalaman sa mga kasaysayan ng mga nagdaang kabihasnan ng mga bansa at ang kanyang kakayahang magpakita ng huwaran at halimbawa at magtakda ng mga pamamaraan at kakayahang magtuwid ng mga galaw ng damdamin. Siya ang huwaran at halimbawa na siyang iniuugnay ng kanyang mga mamamayan sa lahat ng sangay ng karunungan; mga gawang pagsamba, sa larangan ng panggagamot, batas ng pamana, angkan, at maging sa iba pang paksa. Nababatid niya at natutuhan ang lahat ng mga ito na hindi nagbabasa o sumusuri sa mga Banal Na Kasulatan ng mga naunang lahi at hindi nakisalamuha sa mga iskolar. Si Propeta Muhammad ay hindi marunong bumasa at sumulat at wala siyang pormal na pag-aaral at walang kaalaman sa mga nabanggit sa itaas noong mga panahong yaon bago siya itinakda bilang Sugo at Propeta ng Allah. Ang Propeta Muhammad (ﷺ) ay matalino sa ganap na kakayahan ng pangkaisipan. Ang Dakilang Allah ay nagpahayag sa kanya ng ilan sa mga pangyayaring naganap sa nagdaang panahon at mga pangyayaring magaganap sa darating na panahon. Ito ang palatandaan na ang Kapangyarihan at Kautusan ay pag-aari ng Allah, at Siya ang nakapangyayari at may kakayahan sa lahat ng bagay.'*[6]

2. **Ang Mga Gawain Bilang Paglilingkod sa Allah** (ﷻ): Ang Propeta (ﷺ) ay laging gumagawa ng mga kabutihan upang hanapin ang lugod at kasiyahan ng Dakilang Allah. Sa kabila ng mga pang-aalipusta at pang-aabuso na kanyang naranasan nang siya ay mag-anyaya at manawagan sa mga tao tungo sa Islam (ang relihiyon ng Pagsamba sa Nag-iisang

[6] **Qadhi Eiyadh**, 'Al-Shifa bita'reefi Hoquooqil-Mostafa',

Diyos) siya ay lubhang matiisin at pinasan niya nang buong katatagan ang lahat ng pasakit na ginawa sa kanya, at umasa para sa gantimpalang ipagkakaloob sa kanya ng Dakilang Allah. Si Abdullah b. Masood, (ﷺ) ay nagsabi: ***'Ito ay wari bang ako ay nakasulyap sa Propeta habang nagsasalaysay tungkol sa isang Propeta na sinaktan ng kanyang mga mamamayan. (Nakita kong) Hinaplos niya ang tumutulong dugo sa kanyang mukha at nagsabi: 'O Allah! Patawarin Mo ang aking mga mamamayan, sapagka't hindi nila nababatid!'*** (Bukhari #3290)

Si Jundub b. Sufyaan, (ﷺ) ay nagsabi na ang daliri ng Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagdurugo sa isang pangyayari noong panahon ng isa sa mga digmaan, at siya ay nagsabi (tungkol sa kanyang daliring nagdurugo): ***"Ikaw ay isa lamang daliring nagdurugo na dumanas ng hapdi at sakit nang dahil sa (pagkikipaglaban at pagtataguyod sa) Landas ng Allah."*** (Bukhari #2648)

3. **Ang Katapatan**: Ang Propeta (ﷺ) ay tapat sa lahat ng kanyang mga gawain, tulad ng tagubilin at pag-uutos sa kanya ng Allah (ﷻ). Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

***"Sabihin mo (O Muhammad) Katotohanan, ang aking As-Salaah (pagdarasal), ang aking pag-aalay, ang aking pamumuhay at ang aking kamatayan ay (nakalaan) para sa Allah lamang, ang Rabbil Alamin (Panginoon ng lahat ng mga nilikha). Siya (ang Allah) ay walang katambal. At nang dahil dito, ako ay napag-utusan, at ako ay nangunguna sa pagiging Muslim (pagtalima at pagsuko sa Kalooban ng***

***Allah.*"** [Qur'an 6:162-163]

4. **Ang Kagandahang Asal, at Mabuting Pakikitungo**: Ang tagapagsalaysay ay nagsabi; 'Ako ay nagtanong kay A'ishah, nawa'y kalugdan siya ng Allah), na ipagbigay-alam sa akin ang tungkol sa pag-uugali ng Propeta, at siya ay nagsabi: ***"Ang kanyang pag-uugali ay ang Qur'an."***

Ito ay nagpapatunay at nangangahulugan na ang Propeta (ﷺ) ay sumusunod sa batas at kautusan ng Qur'an at umiiwas mula sa mga pagbabawal nito. Tinutupad niya nang buong katapatan ang mga mabubuting gawain na binanggit dito. Ang Propeta Muhammad (ﷺ) ay nagsabi: ***"Ako ay isinugo ng Allah upang bigyang kaganapan ang kagandahang-asal at upang gumawa ng mga gawaing mabuti."*** (Bukhari at Ahmed)

Ang Dakilang Allah ay naglarawan kay Propeta Muhammad (ﷺ) at nagsabing: "***At katotohanan, ikaw (O Muhammad) ay nasa ipinagkakapuring antas (huwaran) ng kagandahang-asal (at ugali).*"** [Qur'an 68:4]

Si Anas b. Malik, (رضي الله عنه) na isang alipin ng Propeta (ﷺ) ay naglingkod sa kanya sa loob ng sampung taon; sa araw-araw, sa panahon ng mga paglalakbay ng Propeta at nang siya ay manirahan sa lungsod ng *Madinah*. Sa buong panahong ito, nabatid niya ang tunay na ugali at asal ng Propeta. Sinabi niya: ***'Ang Propeta (ﷺ) ay hindi sumumpa kahit kaninuman, ni hindi siya naging malupit, ni hindi niya sinusumpa ang***

***sinuman. Kapag sinisisi niya ang sinuman, siya ay magsasabi lamang ng: 'Anong nangyayari sa kanya, nawa'y ang alikabok ay itapon sa kanyang mukha.'*** (Bukhari #5684)

5. **Ang Pagiging Magalang at Mabait**: Si Sahl b. Sa'd, (ﷺ) ay nag-ulat: "Isang inumin ang dinala sa Propeta (ﷺ) at siya ay uminom mula rito. Sa kanyang gawing kanang ay may isang batang lalaki at sa kanyang gawing kaliwa ay naroroon ang pangkat ng mga matatandang lalaki. Tinanong niya ang batang lalaki: ***'Pahihintulutan mo ba kung ibibigay ko ang inumin sa kanila?' Ang batang lalaki ay nagsabi: 'O Propeta ng Allah! Sa Ngalan ng Allah! Hindi ko nais ang sinuman na uminom mula sa lugar na pinag-inuman mo. Ito ay aking bahagi (karapatan)*** [nang dahil sa pagkakaupo ko sa iyong kanan]**.'** Magkagayon, ipinagkaloob ng Sugo ng Allah (ﷺ) sa batang lalaki ang inumin." (Bukhari #2319)

6. **Ang Pagmamahal Para sa Pagbabago at Pagtataguyod ng Magandang Ugnayan**: Si Sahl b. Sa'd, (ﷺ) ay nagsabi na ang mga mamamayan ng *Qubaa'* ay nag-aaway sa isa't isa at nagbabalibagan ng mga bato sa bawa't isa. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: "*Halina at humayong ayusin ang pangyayari at gumawa ng kapayapaan sa pagitan nila."* (Bukhari #2547)

7. **Ang Panghihikayat sa Kabutihan at Pagbabawal sa Kasamaan**: Si Abdullah b. Abbas, (ﷺ) ay nagsabi: Nakita ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang isang lalaki na may suot na singsing na ginto, kaya nilapitan niya, inalis ito at kanyang itinapon.

Pagkaraan, siya ay nagsabi na: *'Nais ba ng isa sa inyo na humanap ng isang nagliliyab na uling at ilagay ito sa kanyang kamay?!'* **Nang ang Propeta ay lumisan, ang lalaki ay pinagsabihan ng isa:** *"Bakit hindi mo kuning muli ang iyong singsing! Pakinabangan mo ito [o ipagbili mo ito].' Ang lalaki ay sumagot: 'Hindi, sa Ngalan ng Allah! Hindi ko kailanman magagawang pulutin iyon (ang singsing) pagkaraang itapon ng Sugo ng Allah."* (Muslim #2090)

8. **Ang Pagmamahal sa Kalinisan**: Si Muhaajir b. Qunfudth, (ﷺ) ay nag-ulat na kanyang nadaanan ang Propeta (ﷺ) habang ito ay umiihi; binati niya ng *Salaam*, nguni't ang Propeta (ﷺ) ay hindi nagbalik ng pagbati hanggang siya ay naglinis (*Wudoo*) at humingi ng paumanhin na nagsabing: *'Hindi ko nais na banggitin ang Ngalan ng Allah habang ako ay wala sa kalagayan ng kalinisan.'* (Ibn Khuzaimah #206)

9. **Ang Pangangalaga at Pag-iingat sa Kanyang Pananalita**: Si Abdullah b. Abi O'faa, (ﷺ) ay nagsabi na; *'Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay laging masigasig sa pag-aalala sa Allah (ﷻ) at siya ay hindi nagsasalita nang walang kabuluhan. Pinahahaba niya ang kanyang pagdarasal at pinaiikli ang kanyang mga sermon, at hindi siya nagkakait upang tumulong at pinangangalagaan niya ang pangangailangan ng mga mararalita, kapus-palad at balo.'* (Ibn Hib'ban #6423)

10. **Ang Pagiging Masigasig sa Mga Gawaing Nauukol sa Pagsamba**: Si A'ishah (kalugdan nawa siya ng Allah) ay nagsabi na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay laging nagdarasal sa

gabi hanggang ang kanyang mga paa ay mamaga. Si A'ishah, ay nagsabi: ***'Bakit kailangang gawin mo ito, O Sugo ng Allah, samantalang ang iyong mga nakaraan at susunod pang mga kasalanan ay napatawad na ng Allah?'* Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: *'Hindi ba ako dapat na maging mapagpasalamat na alipin (ng Allah)?'*** (Bukhari #4557)

11. **Ang Katatagan at Kabaitan**: Si Abu Hurairah (﵁), ay nagsabi na si At-Tufail b. Amr ad-Dawsi at ang kanyang mga kasamahan ay nagtungo kay Propeta Muhammad (ﷺ). Sila ay nagsabi: ***'O Sugo ng Allah, ang tribu ng Daws ay tumangging yumakap sa Islam, kaya ikaw ay manalangin sa Allah laban sa kanila*. May nagsabi: 'ang tribu ng *Daws* ay napariwara at nawasak!' Itinaas ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang kanyang kamay at nagsabi: *'O Allah! patnubayan Mo ang tribu ng Daws at dalhin sila (sa Islam)!'***

12. **Ang Kaaya-ayang Anyo**: Si Al-Baraa' b. Aazib (﵁) ay nagsabi: ***'Ang Propeta (ﷺ) ay isang taong taglay ang katamtamang taas. Ang kanyang mga balikat ay malalapad. Ang kanyang buhok ay abot hanggang tainga. Minsan, siya ay aking nakitang nakasuot ng kulay pulang damit; kailanman ay wala pa akong nakitang bagay na higit na maganda kaysa sa kanya.'*** (Bukhari #2358)

13. **Ang Kawalan ng Interes Tungkol sa Makamundong Bagay**: Si Abdullah b. Masood (﵁) ay nagsabi: ***'Ang Sugo ng Allah ay natulog sa banig (na yari sa balat ng palmera). Siya ay tumayo at may mga bakas sa kanyang mga tagiliran (sanhi ng katigasan ng banig na kanyang hinihigan). Kami ay nagsabi: 'O Sugo ng Allah, dapat ba kaming gumawa ng higaan para sa iyo?' Siya ay sumagot: 'Ano ba ang maaari***

***kong gawin sa mundong ito? Ako ay katulad lamang ng isang naglalakbay na sumakay sa isang hayop, pagkaraan, ay huminto sandali upang sumilong at mamahinga sa ilalim ng punongkahoy, at pagkaraan ito ay nilisan at muling nagpatuloy sa paglalakbay.***' (Tirmidthi #2377)

Si Amr' b. al-Haarith (ﷺ) ay nagsabi na: "***Ang Sugo ng Allah ay hindi nag-iwan ng isang Dirham or Dinar, o kaya maging isang alipin lalaki o babae nang siya ay pumanaw. Ang iniwan lamang niya ay isang puting mola, ang kanyang sandalyas at kapirasong lupa na kanyang inihabilin bilang Sadaqah (kawanggawa).'*** (Bukhari #2588)

14. **Ang Pagmamahal sa Kapwa**: Si Sahl b. Sa'd, (ﷺ) ay nagsabi: ***'May isang babae ang nagbigay sa Sugo ng Allah (ﷺ) ng isang Burdah. Ang Propeta (ﷺ) ay nagtanong sa kanyang mga kasamahan: 'Alam ba ninyo kung ano ang Burdah?' Sila ay sumagot, 'Opo, O Propeta ng Allah! Ito ay isang kapirasong hinabing tela [na tulad ng balabal]. Ang babae ay sumagot: 'O Propeta ng Allah! Aking hinabi itong balabal na ito mula sa aking sariling mga kamay para ito ay iyong maisuot.' Kaya, ito ay kinuha ng Sugo ng Allah sapagka't ito ay sadyang kailangan niya. Nang ilang sandali pa, ang Sugo ng Allah ay lumabas mula sa kanyang tahanan na nakasuot ito sa kanya, at ang isang kasamahan niya ay nagsabi sa kanya: 'O Propeta ng Allah! Ipagkaloob mo sa akin ang balabal na iyan para isuot ko!' Ang Sugo ng Allah ay nagsabi 'Oo.' Siya ay umupo nang sandali, at nagtungong pabalik sa kanyang tahanan, itinupi niya ito at ibinigay sa taong humiling nito. Pinagsabihan ng mga ibang kasamahan ang taong ito at nagsabing: 'Hindi nararapat sa iyo na***

***hingin mo ang kanyang balabal lalo na kung nalalaman mo na hindi niya tinatanggihan ang sinuman o hindi niya pinaalis ang sinuman na walang dala! Ang lalaki ay sumagot: 'Sa Ngalan ng Allah! Hiningi ko lamang ito sa kanya sapagka't nais kong (ang balabal na) ito ang ibalot sa akin kapag ako ay namatay.' Si Sahl, ang tagapagsalaysay ng Hadith na ito ay nagsabi: 'Ang balabal na ito ay siyang ginamit bilang damit para sa taong iyon nang siya ay namatay .'*** (Bukhari #1987)

15. **Ang Matibay na Pananampalataya at Pagtitiwala sa Allah** (ﷻ): Ito ay nangyari nang sila ay hinahabol ng mga pagano upang kanilang madakip ang Sugo ng Allah (ﷺ). Sila ay nagtago sa yungib. Si Abu Bakr (رضي الله عنه) ay nagsabi : ***'Ako ay nakatingin sa mga paa ng mga pagano habang kami ay nasa yungib (ng Thawr]. Ako ay nagsabi, ''O Propeta ng Allah! Sinuman sa kanila ang tumingin sa ibaba ng kanilang mga paa ay katiyakang tayo ay kanilang makikita!' Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: 'O Abu Bakr! Ano ang palagay mong (mangyayari) sa dalawa na ang ikatlo sa kanila ay ang Dakilang Allah?'*** (Muslim #1854)

16. **Ang Mahabagin**: Si Abu Qatadah, (رضي الله عنه) ay nagsabi: ***'Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsagawa ng Salaah (pagdarasal) habang kilik-kilik niya ang isang batang babae na ang pangalan ay Umaamah, ang anak na babae ni Abul-Aas. Kapag siya ay yumuko, inilalagay niya ito sa lapag, at kapag siya ay tumayo, kinikilik niyang muli ito.'*** (Bukhari #5650)

17. **Ang Mga Bagay na Ginawang Madali at Magaan**: Si Anas, (ﷺ) ay nagsabi na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: ***'Ako ay nagsimulang magdasal nang may layuning pahabain ito, nguni't nang marinig ko ang iyak ng isang bata, aking ginawang maikli ang pagdarasal sapagka't nalalaman ko na ang ina ng batang iyon ay mahihirapan mula sa kanyang mga pag-iyak!'*** (Bukhari #677)

18. **Ang Takot sa Allah (ﷻ), Pagiging Maingat sa Paglabag ng Kanyang mga Hangganan at Debosyon**: Si Abu Hurairah, (ﷺ) ay nagsabi na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: ***'Minsan, nang ako ay bumalik sa aking mag-anak, ako ay nakakita ng isang butil ng (bunga ng) datiles sa aking higaan. Akin sanang pupulutin ito upang kainin; nguni't ako ay nangangamba na baka ito ay mula sa kawanggawa, kaya, ito ay muli kong inihagis na pabalik [sa lupa].'*** (Bukhari #2300)

19. **Ang Paggugol Nang Lubusan**: Si Anas bin Malik (ﷺ) ay nagsabi: ***'Kailanman, ang Sugo ng Allah ay hindi hinihingan ng anumang bagay kapag ang isang tao ay yumakap sa Islam, maliban na siya (ang taong ito) ay kanyang pagkakalooban ng anumang hiniling nito. Isang lalaki ang lumapit kay Propeta Muhammad at binigyan niya ito ng isang kawan ng tupa na nanginginain sa pagitan ng dalawang bundok. At ang lalaki ay bumalik sa kanyang mga mamamayan at nagbalita: 'O aking mamamayan, tinanggap ko ang Islam! Binigyan ako ni (Propeta) Muhammad nang labis-labis, (siya ay) katulad ng isang taong walang takot sa kahirapan .'*** (Muslim #2312)

20. **Ang Pakikipagtulungan**: Si A'ishah (kalugdan nawa siya ng Allah) ay nagsabi na, minsan siya ay tinanong tungkol sa pag-uugali ng Propeta (ﷺ) sa kanyang pamilya. Siya ay nagsabi: ***'Siya ay tumutulong sa miyembro ng kanyang pamilya sa mga gawaing bahay; nguni't kapag ang tawag ng Salaah ay kanyang marinig, siya ay aalis upang magdasal.'***

Si Al-Baraa bin 'Azib (ﷺ) ay nagsabi: ***'Nakita ko ang Sugo ng Allah sa Araw ng Digmaan sa Kanal (Trench) na may dalang marumi (na galing sa hinukay) hanggang ang dumi ay kumalat sa kanyang dibdib. Siya ay hindi gaanong mabalahibo. Narinig ko siyang nagsasabi ng ilang kataga mula sa tula ni Abdullah b. Rawaahah: 'O Allah! Kung hindi lamang sa Iyo, kami ay hindi mapapatnubayan, ni hindi magsasagawa ng pagdarasal o magbibigay ng kawanggawa. O Allah! Tulutan Mong ang katiwasayan ay bumaba sa amin, at gawin kaming matatag sa pakikipagharap sa aming mga kaaway. Katotohanan, na sila ay lumabag laban sa amin! At kung sila ay nagnanais para sa kapahamakan, ito ay aming tinututulan at ito ay tinatanggihan! Itinaas niya ang kanyang tinig habang sinasabi ang mga katagang ito ng tula.'*** (Bukhari #2780)

21. **Ang Makatotohanan**: Si A'ishah (kalugdan nawa siya ng Allah) ay nagsabi na: ***'Ang masamang ugali at katangian na lubhang kinamumuhian ng Propeta (ﷺ) ay ang pagsisinunaling. Ang isang taong nagsisinungaling sa harap ng Propeta (ﷺ) ay kanyang pangangaralan laban dito hanggang ito ay kanyang mabatid na ito ay nagsisi.'*** (Tirmidhi #1973)

Maging ang kanyang mga kaaway ay nagpapatunay sa kanyang pagiging makatotohanan. Si Abu Jahl, ay isa sa kanyang mahigpit na kaaway ay nagsabi: ***'O Muhammad! Hindi ko sinasabi na ikaw ay sinungaling! Itinatakwil ko lamang ang anumang dinala mong (mensahe) at kung ano ang iyong ipinag-aanyaya sa mga tao.'*** Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

***"Aming nababatid (O Muhammad) ang kalungkutang dulot ng kanilang mga (masasamang) pananalita laban sa iyo, (nguni't) hindi ikaw ang kanilang itinatakwil, kundi ang mga talata (ng Qur'an) ng Allah ang itinatakwil ng mga Zalimun (mga taong mapaggawa ng kamalian)."*** [Qur'an 6:33]

22. **Ginagawang Magaan ang Mga Itinakdang Hangganang Kautusan ng Allah** (ﷻ): Si A'ishah (nawa'y kalugdan siya ng Allah), ay nagsabi: ***'Kung ang Propeta ay binigyan ng karapatang pumili sa pagitan ng dalawang bagay, kanyang pinipili ang pinakamadali (pinakamagaan) sa dalawa hanggang ito ay hindi isang gawaing makasalanan. Kung ito ay isang makasalanang gawain, katiyakang siya ang pinakamalayo mula sa gawaing ito. Sa Ngalan ng Allah! Hindi siya naghihiganti para sa kanyang sarili. Siya ay nagagalit lamang kapag ang mga tao ay lumalabag sa hangganang kautusan na itinakda ng Allah; sa gayong kalagayan, siya ay nagpapataw ng ganti (para ipagtanggol ang karapatan ng Allah).'*** (Bukhari #6404)

23. **Ang Kanyang Maamo at Kaaya-ayang Ngiti sa Mukha**: Si Abdullah bin al-Harith (ﷺ) ay nagsabi: ***'Kailanman ay wala pa akong nakitang taong higit kaysa sa Sugo ng Allah kapag siya ay nakangiti.'*** (Tirmidthi #2641)

24. **Ang Kanyang Katapatan at Katapatang-loob**: Ang Propeta (ﷺ) ay kilala sa kanyang katangian ng pagiging matapat. Bagaman ang mga pagano ng *Makkah* ay hayagang tumutuligsa sa kanya, sila ay naglalagak ng kanilang ari-arian bilang lubos na pagtitiwala sa kanya. Ang kanyang katapatan at katapatang-loob ay nasubukan nang ang mga pagano ng *Makkah* ay umabuso sa kanya. Maging ang kanyang mga kasamahan ay kanilang sinaktan at kanilang itinaboy mula sa kanilang mga sariling pamamahay. Inutusan niya ang kanyang pinsang si Ali b. Abi Talib (ﷺ), na ipagpaliban ang kanyang paglikas (*Hijrah*) ng tatlong araw upang maisauli lamang sa mga tao ang kanilang ipinagkatiwalang ari-arian sa kanya.[7] Sa kabila ng ganitong gipit na pagkakataon at mapanganib na kalagayan, nagawa pa rin niyang tuparin ang tiwalang ipinagkaloob sa kanya ng mga tao. Ang isa pang halimbawa ng kanyang katangian ng pagiging matapat at katapatang-loob ay ipinakita niya sa Kasunduan ng *Hudaibiyah*, na kung saan siya ay sumang-ayon sa isang saligan ng kasunduan na nagsasabi na sinumang tao na umiwan sa Propeta (ﷺ) ay hindi maaaring ibalik sa kanya, at sinumang tao na umalis sa *Makkah* ay ibabalik sa kanila. Bago pa man nilagdaan ang kasunduan ng *Hudaibiyah*, isang lalaki na ang ngalan ay Jandal b. Amr (ﷺ) ay nagawang tumakas mula sa kamay ng mga pagano ng

[7] Ibn Hisham's Biography, Vol. 1, p.493 [Arabic Edition].

*Makkah* at nagmamadaling umanib kay Propeta Muhammad (ﷺ). Hiniling ng mga pagano kay Propeta Muhammad (ﷺ) na kilalanin nito ang kasunduan at ibalik ang lalaking tumakas mula sa kanila. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: ***'O Abu Jandal! Maging matiisin ka at magsumamo sa Allah na ikaw ay pagkalooban Niya ng ibayong pagtitiis. Katiyakan na ikaw ay tutulungan ng Allah at maging yaong mga taong inusig at nawa'y gawing madali ito para sa iyo. Tayo ay lumagda sa isang kasunduan sa kanila, at katiyakan na hindi natin tinatalikdan o nagtatalu-sira (sa kasunduan).'*** (Baihaquee #18611)

25. **Ang Katapangan at Kagitingan**: Si Ali (رضي الله عنه) ay nagsabi: ***'Nakita mo sana ako sa Araw ng (Digmaan ng) Badr! Kami ay humingi ng saklolo sa Sugo ng Allah. Sa aming lahat, siya ang pinakamalapit sa mga kaaway. Sa araw na yaon, ang Sugo ng Allah ang siyang pinakamalakas sa amin.'*** (Ahmed #654)

Tungkol sa kanyang kagitingan at katapangan sa mga karaniwang pangyayari, si Anas b. Malik (رضي الله عنه) ay nagsalaysay: ***'Ang Sugo ng Allah ay siyang pinakamatapang at ang pinakamagiting sa lahat. Isang gabi, ang mga mamamayan ng Madinah ay nangatakot at sa gayong pagkakataon, siya ay nagtungo sa dakong pinagmumulan ng alingawngaw na kanilang narinig sa oras ng gabi. Siya ay nakasakay sa isang kabayo na pag-aari ni Abu Talhah, na wala namang anumang upuan, at siya ay may dalang espada. Ilang sandali lamang, siya ay nagbalik mula sa pinagmulan ng alingawngaw at humarap sa mga tao. Binigyan niya ng***

***katiyakan na wala silang dapat ikatakot at nagsabing: 'Huwag kayong matakot! Huwag kayong matakot!'***

Ang gayong mga pangyayari ay nagpapatunay na siya ay maaasahan sa anumang oras ng panganib at hindi niya hinintay ang sinuman upang suriin ang pinagmumulan ng suliranin tulad ng ginawa niya sa gayong pagkakataon. Sa Digmaan ng *Uhud*, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay sumangguni sa kanyang mga kasamahan. Sila ay nagbigay-payo sa kanya na makipaglaban sa kabila ng pagkakataon na wala naman siyang nakikitang dahilan upang makipaglaban. Subali't, tinanggap niya ang kanilang payo. Nang mabatid ng kanyang mga kasamahan ang kanyang damdamin, ito ay kanilang ikinalungkot. Ang mga *Ansari* ay nagsabi sa kanya, ***'O Propeta ng Allah! Gawin mo ang inaakala mong makabubuti.'*** **Nguni't, siya ay sumagot:** ***'Hindi naaangkop sa isang Propeta na nagsuot ng damit para sa digmaan na ito ay kanyang alisin hanggang siya ay makipaglaban.'*** (Ahmed #14829)

26. **Ang Kanyang Pagiging Mapagbigay at Maasikaso:** Si Ibn Ab'bas (رضي الله عنه) ay nagsabi: ***'Ang Propeta ang pinakamapagbigay sa mga tao. Siya ang pinakamapagbigay sa buwan ng Ramadhan nang kanyang makaharap ang Anghel Jibreel; gabi-gabi sa buwan ng Ramadhan upang sanayin at irepaso ang kapahayagan ng Qur'an. Ang Sugo ng Allah ay lubhang mapagbigay, na siya ay higit na mabilis kaysa sa pinakamabilis na ihip ng hangin hinggil dito (sa pagkakawanggawa).*** (Bukhari #6)

Si Abu Dharr (رضي الله عنه) ay nagsabi: *'Ako ay naglalakad na kasama ang Propeta (ﷺ) sa Har'rah (sa dakong gawi ng bulkan) ng Madinah at kami ay nakaharap sa Bundok ng Uhud; ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: 'O Abu Dharr!' Ako ay sumagot: 'Narito ako O Sugo ng Allah!' Siya ay nagsabi: 'Hindi ko ikalulugod na magkaroon ng gintong katumbas ng bigat ng Bundok ng Uhud, hanggang hindi ko ito gugulin at ipamahagi (para sa Landas ng Allah) sa loob ng isang gabi o sa loob ng tatlong gabi. Maglalaan ako ng isang Dinar mula dito upang matulungan ko ang taong baon sa kanyang pagkakautang.*** (Bukhari #2312)

Si Jabir b. Abdullah (رضي الله عنه) ay nagsabi: ***'Ang Propeta ay hindi tumangging magbigay ng anupaman na mayroon siya, kung siya ay hingan ng isang tao para dito.'*** (Bukhari #5687)

27. **Ang Pagiging Mahinhin at Mayumi**: Si Abu Sa'eed al-Khudri (رضي الله عنه) ay nagsabi: ***'Ang Propeta ay higit na mahinhin at mayumi kaysa sa isang birhen na nagkukubli sa silid ng mga kababaihan. Kung kinasusuklaman niya o hindi niya nais ang isang bagay, ito ay aming nababanaag sa anyo ng kanyang mukha.'*** (Bukhari #5751)

28. **Ang Kababaang-loob**: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay taong taglay ang kababaang-loob. Siya (ﷺ) ay mapagkumbaba. Kung may dayuhang pumasok sa *Masjid* at lumapit sa kinauupuan ng Propeta (ﷺ), siya ay makikitang nakaupong kasama ng kanyang mga kasamahan, at siya ay hindi maaaring bigyan ng pagkakaiba mula sa kanyang mga

kasamahan. Si Anas bin Malik (ﷺ) ay nagsabi: ***'Minsan, habang kami ay nakaupong kasama ng Sugo ng Allah (ﷺ) sa loob ng Masjid, isang lalaking nakasakay sa kanyang kamelyo ang lumapit pagkaraang itali nito (ang kanyang kamelyo) ng isang lubid, siya ay nagtanong 'Sino sa inyo si Muhammad?' Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nakaupo sa lapag habang siya ay nakasandal kapiling ng kanyang mga kasamahan. Itinuro namin sa Bedouin at nagsabing: 'Heto siya. Itong taong maputi na nakasandal sa lapag.' Ang Propeta (ﷺ) ay hindi makikilala o mabibigyan ng kaibahan mula sa kanyang mga kasamahan.***

Ang Propeta (ﷺ) ay hindi tumatangging tumulong sa mga kapus-palad, sa mga dukha, sa mga balo sa kanilang pangangailangan. Si Anas b. Malik (ﷺ) ay nagsabi: ***'Isang babae mula sa mamamayan ng Madinah na may bahagyang kapansanan sa isip ay nagsabi sa Propeta: 'Ako ay hihiling sa iyo tungkol sa isang bagay.' Kaya, tinulungan niya ito at inasikaso ang pangangailangan niya.'*** (Bukhari #670)

29. **Ang Pagiging Mahabagin at Maawain**: Si Abu Masood al-Ansaria (ﷺ) ay nagsabi: 'Isang lalaki ang lumapit sa Propeta (ﷺ) at nagsabi: "O Sugo ng Allah (ﷺ)! Sa Ngalan ng Allah! Hindi ako nagdarasal ng *Fajr* sapagka't si ganito at ganoon ay hinahabaan ang pagdarasal." Siya ay nagsabi: 'Hindi ko kailanman nakitang nagalit ang Sugo ng Allah (ﷺ) sa pagbibigay ng sermon maliban sa gayong (galit na) kalagayan. Siya ay nagsabi: ***'O mga mamamayan! Katotohanan mayroon sa inyo na itinataboy nang papalayo ang mga tao! Kung kayo ang namuno sa pagdarasal, gawing***

***maikli ang pagdarasal. (alalahanin na) May matatanda at mahihinang tao at yaong mayroong ibang pangangailangan sa inyong likuran sa pagdarasal.'*** (Bukhari #670)

Si Osama bin Zaid (ﷺ) ay nagsabi: ***'Kami ay nakaupong kasama ng Sugo ng Allah (ﷺ). Ang isa sa kanyang anak na babae ay nagpadala ng isang tao na nagsasabing dalawin siya sapagka't ang kanyang anak na lalaki na nakaratay. Sinabihan ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang taong ito na sabihin sa kanya (sa anak na babae): 'Katotohanan, nasa Allah ang pagmamay-ari ng anumang Kanyang kinuha, at ipinagkaloob Niya ang lahat ng bagay na may takdang panahon. Sabihin mo sa kanya na maging matiisin at hanapin ang gantimpala ng Dakilang Allah. Ang kanyang anak na babae ay nagpadalang muli ng tao na nagsabing: 'O Propeta ng Allah! Ang iyong anak na babae ay nangako na ikaw ay nararapat pumunta.' Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay tumayo, at siya ay sinamahan nina Sa'd bin Ubaadah at Mu'adth bin Jabal. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay umupo sa tabi ng bata habang siya ay naghihingalo. Ang mata ng bata ay nanlamig sa kanilang kinalalagyan tulad ng mga bato. Nang makita niya ito, ang Sugo ng Allah ay nanangis. Si Sa'd ay nagsabi sa kanya, 'Ano ba ito 'O Propeta ng Allah?' Siya ay nagsabi: 'Ito ay isang awa na inilalagay sa puso ng Kanyang mga alipin. Katotohanan, ang Allah ay Mahabagin sa mga mahabagin sa iba.'*** (Bukhari #6942)

30. **Ang Kanyang Pagtitiyaga at Pagiging Mapagpatawad**: Si Anas bin Malik (ﷺ) ay nagsabi: ***'Minsan, ako ay naglalakad na kasama ng Sugo ng Allah (ﷺ) habang siya ay nakasuot ng balabal na yari sa Yemen na ang kuwelyo ay may***

***magaspang na mga gilid. Hinatak siya nang malakas ng isang bedouin. Tiningnan ko ang gilid ng kanyang leeg at nakita ko ang gilid ng balabal ay nag-iwan ng bakas sa kanyang leeg. Ang bedouin ay nagsabi, 'O Muhammad! Bigyan mo ako [ng ilan] sa kayamanan ng Allah na mayroon ka.' Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay lumingon sa Bedouin, tumawa at ipinag-utos na siya ay bigyan ng salapi.'*** (Bukhari #2980)

Isa pang halimbawa ng kanyang pagtitiyaga ay ang kasaysayan ng isang Hudyong *Rabbi,* na ang ngalan ay Zaid bin Sa'nah. Si Zaid ay nagpautang sa Sugo ng Allah (ﷺ) ng isang bagay. Sinabi ni Zaid: ***'Dalawa o tatlong araw bago ibalik ang utang, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nakipaglibing sa isang tao mula sa Ansar. Kasama niyang nakipaglibing sina Abu Bakr, Umar, Uthman and iba pang kasamahan. Pagkatapos magdasal ng Janazah (dasal sa patay) siya ay umupong malapit sa isang dingding, at ako ay lumapit patungo sa kanya, hinatak ko siya sa mga gilid ng kanyang balabal at tiningnan ko siya nang marahas at nagsabi: 'O Muhammad! Hindi mo ba ako babayaran ng iyong utang? Wala akong nakikila sa pamilya ni Abdul-Mutalib na nagpapaliban sa pagbabayad ng mga utang! Tinangnan ko si Umar b. al-Khat'taab, ang kanyang mga mata ay namamaga sa pangangalit! Tiningnan niya ako at nagsabi: 'O kaaway ng Allah, ikaw ba ay nagsasalita sa Sugo ng Allah at umaasal sa kanya ng gayong paraan?! Ako'y sumusumpa sa Isa na Siyang nagsugo sa kanya na may dalang katotohanan, kung hindi sa pangambang makaligtaan ko ito (ang Paraiso [Jannah]) baka ikaw ay pugutan ko ng ulo nitong aking espada! Ang Propeta (ﷺ) ay nakatingin kay Umar nang mahinahon at payapang paraan,***

***at siya ay nagsabi: 'O Umar, ikaw sana ay nagbigay ng tapat na payo sa amin kaysa sa anumang iyong ginawa! O Umar, ikaw ay humayo at bayaran siya ng kanyang pautang, at bigyan mo siya ng karagdagang dalawampung Sa'a (sukat ng timbang) sapagka't siya ay tinakot mo!'***

Sinabi ni Zaid: ***"Umalis si 'Umar na kasama ko, at ako ay binayaran sa pautang, at binigyan ako ng karagdagang dalawampung Sa'a ng datiles. Tinanong ko siya : 'Ano ito?' Sinabi niya: 'Inutusan ako ng Sugo ng Allah (ﷺ) na ibigay ko ito sa iyo, sapagka't ikaw ay aking tinakot.' Pagkaraan si Zaid ay nagtanong kay Umar: 'O Umar, kilala mo ba kung sino ako?' Si Umar ay sumagot: 'Hindi, hindi ko alam kung sino ka?' Si Zaid ay nagsabi: 'Ako si Zaid b. Sa'nah.' Sumagot si Umar : 'Ang Rabbi?' si Zaid ay sumagot: 'Oo, ang Rabbi.' Pagkatapos, si Umar ay nagtanong: 'Anong dahilan at bakit mo sinabi sa Propeta at iyong ginawa ito?' Si Zaid ay sumagot: 'O Umar, nakita ko ang lahat ng palatandaan ng pagiging Propeta sa mukha ng Sugo ng Allah bukod pa sa dalawang (katangian) – ang kanyang pagtitiis at pagtitiyaga na nangingibabaw sa kanyang galit at ikalawa, habang ikaw ay nagiging marahas, higit naman siyang nagiging mabait sa iyo at nagiging higit na matiisin siya at ngayon ako ay nasisiyahan. O Umar, ikaw ay aking saksi na ako ay nagpapahayag na walang ibang tunay na Diyos maliban sa Allah at ang aking Deen ay ang Islam at si Muhammad (ﷺ) ay aking Propeta. Ikaw ay ginagawa kong saksi na ang kalahati sa aking yaman ay aking ipagkakaloob sa Allah para sa buong pamayanan (Ummah) at ako ay isa sa mga mayayaman sa Madinah.' Sinabi ni Umar: 'Hindi mo magagawang ipamahagi ang iyong***

***kayamanan sa buong pamayanan kaya sabihin mo, 'aking ipamamahagi ito sa ilang mamamayan ng Ummah (pamayanan) ni Muhammad (ﷺ).' Si Zaid ay nagsabi: 'Kung gayon, aking ipamimigay ang (bahagi) na aking kayamanan sa ibang mamamayan ng Ummah (pamayanan).' Sina Zaid at Umar ay nagsibalik sa Sugo ng Allah (ﷺ). Si Zaid ay nagsabi sa kanya: 'Ako ay sumasaksi na walang tunay na diyos an dapat sambahin maliban sa Allah lamang, at si Muhammad (ﷺ) ay Kanyang alipin at Kanyang Sugo.' Siya (si Zaid) ay naniwala sa kanya at nasaksihan niya ang maraming digmaan at siya ay namatay sa Digmaan ng Tabuk, nawa'y kaawaan siya ng Allah.'*** (Ibn Hibban #288)

Ang isang dakilang halimbawa ng kanyang pagiging mapagpatawad at lubhang pagtitiyaga ay sadyang malinaw nang kanyang patawarin ang mga mamamayan ng *Makkah* pagkaraang ito ay sakupin. Nang tipunin ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang mga tao na nang-alipusta, nanakit at nang-abuso sa kanya at sa kanyang mga kasamahan, at nagtaboy sa kanila mula sa bayan ng *Makkah*, siya ay nagsabi: ***'Ano bang inaakala ninyo ang gagawin ko sa inyo?' Sila ay sumagot: 'Ikaw ay mabait, mapagbigay na kapatid at pamangkin!' Sinabi niya: 'Humayo kayo at kayo ay malaya na!'*** (Baihaqi #18055)

31. **Ang Kanyang Pagtitiis sa Gitna ng Dalamhati at Siphayo**: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay larawan ng pagtitiis. Siya ay matiisin sa kanyang mga mamamayan bago ang panawagan niya sa kanila sa Islam sapagka't sila ay sumasamba sa mga iniidolo at mga estatwa at gumagawa ng mga makasalanang gawain. Siya ay matiisin at mapagpaumanhin sa lahat ng abuso at pananakit na ginawa ng mga pagano ng *Makkah* sa kanya at maging sa kanyang

mga kasamahan at siya ay laging umaasa sa pagpapala at kabutihang-loob ng Allah (ﷻ). Siya ay matiisin din at mapagpaumanhin sa mga pang-aabuso at pang-aaping ginawa ng mga mapagkunwari taga-*Madinah.* Siya ay larawan ng pagtitiis nang yumao ang kanyang mga mahal sa buhay; ang kanyang asawang si Khadeejah ay namatay sa kanyang panahon. Lahat ng kanyang anak ay namatay sa kanyang panahon maliban kay Fatimah. Ang kanyang amain na si Abu Talib at maging si Hamzah (ﷺ), ay yumao din. Ang Propeta (ﷺ) ay naging matiisin at laging umaasam ng pagpapala ng Allah (ﷻ).

Si Anas b. Malik (ﷺ) ay nagsabi: ***'Kami ay pumasok na kasama ang Propeta sa bahay ni Abu Saif – ang latero. Ang asawa ni Abu Saif' ay tagapag-alaga ng kanyang anak na lalaki, si Ibraheem. Kinarga ng Sugo ngAllah ang kanyang anak na si Ibraheem, at inamoy at hinalikan ito. Umalis ng sandali at pagkatapos ay muling nagbalik at tiningnan ang kanyang anak, ito ay naghihingalo. Ang Propeta ay nagsimulang umiyak. Si Abdurrahmaan b. Auf, ay nagsabi: 'O Propeta ng Allah, ikaw ba ay umiiyak din!' Ang Sugo ng Allah ay sumagot: 'O Ibn Auf, ito ay awa' – at ang Propeta ay muling lumuha nang higit pa at nagsabi: 'Ang mata ay lumuluha, ang puso ay nalulumbay, at tayo ay nagsasabi lamang kung ano ang ikasisiya ng ating Rabb (Panginoon), at kami ay nalulungkot sa kamatayan mo, O Ibraheem!'*** (Bukhari #1241)

32. **Ang Pagiging Makatarungan at Pagiging Makatuwiran:** Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay makatarungan at makatuwiran sa

bawa't aspeto ng kanyang buhay, at sa pagsasakatuparan ng Batas ng Islam (Shari'ah Jurisprudential Law). Si A'ishah (nawa'y kalugdan siya ng Allah), ang Ina ng mga Mananampalataya ay nagsabi: ***'Ang mamamayan ng Quraish ay labis na nag-aalala tungkol sa isang babaing Makhzoomi (nagmula sa Tribu ng Bani Makhzoom) na nagkasala ng pagnanakaw. Sila ay nag-usap-usap sa isa't isa at nagsabi, "Sino ba ang maaaring mamagitan para sa kanya sa Sugo ng Allah (ﷺ)?'*** **Nang malaunan, napagkasunduan nila at nagsabing:** ***'Sino ba ang may lakas ng loob na makipag-usap sa Sugo ng Allah (ﷺ) sa bagay na ito maliban kay Usamah b. Zaid, ang pinakamamahal na tao ng Sugo ng Allah (ﷺ).' Kaya si Usamah ay nakipag-usap sa Sugo ng Allah (ﷺ) tungkol sa babae. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:***

***'O Usamah! Ikaw ba ay namamagitan (para sa kanya) upang ipagwalang bahala ang pagkastigo at kaparusahan ng Allah!'*** **Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay tumayo at nagbigay ng pananalita na nagsasabing:** ***'Ang mga mamamayang nauna sa inyong panahon ay nangawasak sapagka't kapag ang isang maimpluwensiya (kilalang) kabilang (sa mataas na lipunan) sa kanila ay nagnakaw, nguni't ito ay hinayaan nilang makalaya; at kung ang isang dukha at mahina ay nagnakaw, kanilang pinarurusahan ito. Sa Ngalan ng Allah! Kung si Fatimah, ang anak na babae ni Muhammad ay nagnakaw, puputulin ko ang kanyang mga kamay.'*** (Bukhari #3288)

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay makatarungan at walang pagkiling sa batas at hinahayang maghiganti ang iba para sa kanilang

sarili kung sila ay inaabuso o sinasaktan ng sinuman. Si Usaid b. Hudhair (ﷺ) ay nagsabi: ***'Isang tao mula sa Ansar, ay nagbibiro sa mga tao at kanyang pinatatawa ang mga ito, at ang Propeta (ﷺ) ay napadaan sa kanya, at hinampas siya nang bahagya sa kanyang tagiliran sa pamamagitan ng sanga ng punongkahoy na kanyang dala-dala. Ang lalaki ay nagsalita: 'O Propeta ng Allah! Tulutan mo akong gantihan ka para sa aking sarili!' Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: 'Humayo ka!' Ang lalaki ay nagsabi: 'O Sugo ng Allah, ikaw ay nakasuot ng damit, samantalang ako ay wala, nang ako ay iyong hampasin!' Itinaas ng Sugo ng Allah ang kanyang pang-itaas na damit, at hinalikan naman ng Ansari ang kanyang katawan at nagsabing: 'Ito lamang ang nais kong ipakahulugang gawin, O Sugo ng Allah!'*** (Abu Dawood #5224)

33. **Ang Pagiging May Takot sa Allah (ﷻ), at Pagiging Maingat sa Kanya**: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ang pinakamaingat na tao sa Allah (ﷻ). Si Abdullah bin Masoud (ﷺ) ay nagsabi: *'[Minsan] ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi sa akin: 'Basahin (bigkasin) mo sa akin mula sa Qur'an!' Si Abdullah b. Masood, ay nagsabi: 'Babasahin ko ba sa iyo, samantalang ito ay ipinahayag sa iyo!' Ang Propeta ay sumagot: 'Oo.' Siya ay nagsabi: 'Sinimulan kong bigkasin ang Surat an-Nisaa, hanggang dumating ako sa Ayat (talata) na: '**Paano nga ba, kung gayon, kung ikaw ay Aming kinuha bilang saksi mula sa bawa't pamayanan at ikaw ay Aming dinala bilang saksi laban sa mga mamamayang ito!'*** (Qur'an 4:41)

Nang marinig niya ang ayat (talata) na ito, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: *'**(Tama na, iyan ay sapat na)!' Si Abdullah b. Masood ay nagsabi, Ako ay napalingon at nakita ko ang Sugo ng Allah (ﷺ) na lumuluha.**'* (Bukhari #4763)

Si A'ishah (nawa'y kalugdan siya ng Allah), ang Ina ng mga mananampalataya ay nagsabi: 'Kapag ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nakakikita ng mga maiitim na ulap sa langit, siya ay lalakad ng pasulong at paurong at siya ay lalabas sa kanyang bahay at muling papasok. Kapag bumuhos na ang ulan, ang Propeta (ﷺ) ay mamamahingang (panatag ang kalooban). Si A'ishah (nawa'y kalugdan siya ng Allah) ay nagtanong sa kanya tungkol dito at siya ay nagsabi: *'Hindi ko alam, maaaring ang ibang tao ay nagsabi:* "Kaya, nang kanilang matanaw ang isang ulap na humayong patungo sa kanilang lupain, sila ay nagsabi :

*"Ito ay isang ulap na maghahatid sa atin ng ulan. "Nguni't, hindi, ito ay (parusa na) inyong hinihiling na dagliang maganap - ang isang hanging may hatid na mahapding parusa!"*[8] (Qur'an 46:24)

34. **Ang Kasiyahan at Yaman ng Puso**: Si Umar b. al-Khattab (رضي الله عنه) ay nagsabi: *'**Ako ay pumasok sa bahay ng Sugo at siya ay nakita kong nakaupo sa banig. Siya ay may unan na yari sa balat (ng hayop) na ang loob nito ay nilamnan ng tuyong uhay (ng palmera). Sa kanyang paanan ay narooon ang isang banga ng tubig, at may mga damit na nakasabit sa dingding. Ang tagiliran ng kanyang katawan ay may marka sanhi ng banig na kanyang hinihigaan. Si Umar ay umiyak nang***

[8] Bukhari #3034.

*makita niya ito, at ang Sugo ay nagtanong sa kanya: 'Bakit ka umiiyak?' Si Umar ay nagsabi: 'O Propeta ng Allah! Si Khosrau (Emperador ng Persya) at Heraclius (Emperador ng Romano) ay nagtatamasa ng kaligayahan sa mundong ito, samantalang ikaw ay nagdaranas ng kahirapan?!' Siya ay nagsabi: 'Hindi ka ba nasisiyahan na sila ay nagtatamasa ng kaligayahan sa mundong ito at tayo naman ay magtatamasa ng kaligayahan sa Kabilang Buhay?'* (Bukhari #4629)

35. **Nagnanais para sa Kabutihan Maging sa Kanyang mga Kaaway**: Si A'ishah (nawa'y kalugdan siya ng Allah), ang Ina ng mga mananampalataya ay nagsabi: ***'Tinanong ko ang Sugo ng Allah (ﷺ): "Ikaw ba ay nakaranas ng isang mabigat na araw at higit na masidhi kaysa sa Digmaan ng Uhud?" Siya ay sumagot: 'Ako ay lubos na nahirapan mula sa inyong mga mamamayan! Ang pinakamatindi na aking naranasan ay noong Araw ng Al-'Aqabah nang kinausap ko si Ali b. Abd Yaleel b. Abd Kilaal (upang ako ay kanyang tangkilikin) nguni't ako ay hindi niya pinaunlakan at ako ay kanyang iniwan. Umalis ako sa pook na iyon habang ako ay nangangamba at ako ay lumakad hanggang makarating ako sa pook na tinatawag na Qarn ath-Tha'alib, aking iniangat ang aking ulo sa dakong kalangitan at napansin ko ang isang ulap na nililiman ako. Tinawag ako ng Anghel Jibreel at kanyang sinabi: 'O Muhammad! Narinig ng Dakilang Allah ang anumang sinabi sa iyo ng iyong mga mamamayan at siya ay nagpadala ng Anghel na namamahala sa mga bundok kaya, maaari mo siyang pag-utusan ng anumang iyong nais.' Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: 'Ang Anghel na tagapamahala ng mga bundok ay tumawag sa akin na***

***nagsasabing: 'Nawa'y pagpalain ka ng Allah at iligtas ka sa bawa't masamang bagay! O Muhammad, gagawin ko ang anumang iyong ipag-uutos. Kung nais mo magagawa kong Akhshabain o pagsamahin ang dalawang bundok at pasabuging lahat.' Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: '(Huwag) Maaaring ang Allah ay magbigay sa kanila ng lahi na sasamba sa Kanya lamang at sila ay hindi mag-aakibat ng anupaman sa Kanya (sa pagsamba).'***(Bukhari #3059)

Si Abdullah b. Umar (رضي الله عنه) ay nagsabi: *'Nang si Abdullah b. Ubai b. Salool ay namatay, ang kanyang anak na lalaki na si Abdullah b. Abdullah ay lumapit sa Propeta at humingi sa kanya para sa kanyang damit upang kanilang balutin ang kanilang ama nito. Hiniling niya sa Propeta na ipagdasal ng Janazah (funeral prayer) ang kanyang ama, at siya ay tumayo upang gawin ito, nguni't hinatak ni Umar ang panlabas na bahagi ng damit ng Propeta at kanyang sinabi: 'O Sugo ng Allah! Ipagdarasal mo ba siya, at ipinagbawal ng Allah (سبحانه وتعالى) sa iyo na gawin ito! Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: 'Binigyan ako ng Allah ng pagpipilian sapagka't sinabi Niya (سبحانه وتعالى):*

***"Humingi ng kapatawaran para sa kanila o huwag humingi ng kapatawaran para sa kanila; kahit ikaw ay humingi pa ng kapatawaran nang pitumpong ulit, sila ay hindi patatawarin ng Allah; ito ay sapagka't sila ay hindi naniwala sa Allah at sa Kanyang Sugo, at hindi pinapatnubayan ng Allah ang mga taong palasuway."*** [Qur'an 9:80]

*At ako ay hihingi ng kapatawaran para sa kanya nang higit sa pitumpung ulit*.' Si Umar (ﷺ) ay nagsabi: 'Siya ay mapagkunwari!' Ang Propeta, ay nagsagawa ng pagdarasal, at sa gayong pagkakataon, ang Allah (ﷻ) ay nagpahayag sa kanya: *"**At huwag kailanman magsagawa ng pagdarasal sa sinuman sa kanila na namatay at huwag kang tumayo sa kanilang libingan; katiyakan sila ay walang paniniwala sa Allah at sa Kanyang Sugo, at sila ay mamamatay sa paglabag.**"* [Qur'an9:84] (Bukhari #2400)

## Ang Ibang Disente, at Kalugud-lugod na Asal ng Propeta (ﷺ)

1. **Ang Kanyang Mabuting Pakikipag-ugnayan sa Kanyang Mga Kasamahan**: Ito ay bantog dahil sa katotohanan na mayroon kaming mapananaligang salaysay tungkol sa talambuhay ng Propeta. Ang Propeta (ﷺ) ay huwaran na dapat nating pamarisan sa lahat ng ating mga gawain o kalagayan. Si Jareer b. Abdullah (رضي الله عنه) ay nagsabi: 'Hindi ako pinigilan ng Propeta (ﷺ) upang umupong kasama niya mula nang ako ay yumakap sa Islam. Siya ay laging nakangiti kapag siya ay nakatingin sa akin. Minsan, ako ay dumaing sa kanya na ako ay hindi makasakay sa kabayo at bahagyang tinapik ako sa tiyan at siya ay nanalangin sa Dakilang Allah na nagsasabing: ***'O Allah! Patatagin siya, at gawin siyang isang taong nagpapatnubay sa iba at isang pinagmumulan ng patnubay.'*** (Bukhari #5739)

2. **Ang Propeta (ﷺ) ay Mapag-aliw at Mapagbiro sa Kanyang Mga Kasamahan.** Si Anas b. Malik (رضي الله عنه), ay nagsabi: 'Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay isang taong may kaaya-ayang kilos. Ako ay may isang batang kapatid na lalaki na ang pangalan ay Abu Umair – siya ay maglalaro ng kanyang maliit na ibon na tinawag na *'An-Nughair'*. Sinabi ng Propeta (ﷺ) sa kanya: ***'O Abu Umair, ano ang ginagawa ng Nughair?!' habang nilalaro ito.*** (Muslim #2150)

Ang Propeta (ﷺ) ay hindi lamang umaaliw at nakikipagbiruan sa kanyang mga kasamahan sa

pamamagitan ng bibig; manapa'y, siya ay nakikipaglaro sa kanila. Si Anas b. Malik (ﷺ) ay nagsabi: 'Isang Bedouin na nangangalang Zahir b. Haram (ﷺ) ay nagbigay ng regalo sa Propeta (ﷺ) at siya naman ay naghahanda ng anumang bagay para sa kanya. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: ***'Si Zahir ay ating disyerto, at tayo naman ay kanyang lungsod.'***

***Ang Propeta (ﷺ) ay lumapit sa kanya habang siya ay nagtitinda ng kanyang mga paninda, at ang Propeta (ﷺ) ay yumakap sa kanyang likuran at siya ay hindi niya makita. Kaya, sinabi niya: 'Bitiwan mo ako!' Nang malaman niya na ito ay ang Propeta (ﷺ) na nakayakap sa kanya, idiniin niya ang kanyang likod sa dibdib ng Propeta (ﷺ)! Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: 'Sino ang bibili sa aliping ito mula sa akin?' Si Zahir (ﷺ) ay nagsabi: 'O Sugo ng Allah, ako ay walang halaga!' Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay sumagot: 'Ikaw ay hindi itinuturing na walang halaga ng Allah!' o kanyang sinabi: 'Ikaw ay mahalaga at mahal sa Allah.***' (Ibn Hibban #5790)

3. **Siya ay Sumasangguni sa Kanyang Mga Kasamahan**: Ang Propeta (ﷺ) ay sumasangguni sa kanyang mga kasamahan at isinasaalang-alang niya ang kanilang mga payo at mga pananaw na nauukol sa iba't ibang suliranin at mga paksa na walang pinagbabatayan sa kapahayagan ng Qur'an. Si Abu Hurairah (ﷺ), ay nagsabi: ***'Wala akong nakitang tao na higit na masigasig para sa tapat na payo ng kanyang kasamahan maliban sa Sugo ng Allah (ﷺ).***' (Tirmidthi #1714)

4. **Ang Pagdalaw sa Maysakit, Maging ito Man ay Muslim o di-Muslim**: Ang Propeta (ﷺ) ay mapag-alala tungkol sa kanyang mga kasamahan at lagi niyang tinitiyak na sila ay nasa maaayos na kalagayan. Kung siya ay napagsabihan tungkol sa isang kasamahang maysakit, siya ay nagmamadaling dadalaw sa kanya na kasama ang ibang kasamahan. Hindi lamang niya dinadalaw ang mga Muslim kundi maging ang mga di-Muslim. Si Anas b. Malik (رضي الله عنه) ay nagsabi: ***'Isang batang lalaking Hudyo ang naglilingkod sa Propeta (ﷺ) at siya ay nagkasakit, kaya sinabi ng Propeta : 'Halina at siya ay ating dalawin.' Sila ay dumalaw at natagpuan nilang nakaupo ang kanyang ama sa dakong ulunan nito at ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: 'ipahayag na walang ibang diyos maliban sa Allah lamang at ako ay mamagitan para sa iyo sa Araw ng Pagkabuhay-Muli.' Ang batang lalaki ay sumulyap sa kanyang ama, at ang ama ay nagsabi: ''sumunod ka kay Abul-Qasim!' kaya ang batang lalaki ay nagpahayag ng: 'Walang ibang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah lamang, at si Muhammad (ﷺ) ay Kanyang Huling Sugo.' Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: 'Al hamdulillah, [lahat ng papuri at pasasalamat ay sa Allah lamang] Na Siyang nagligtas sa kanya sa Apoy ng Impiyerno.'*** (Ibn Hibban #2960)

5. **Siya ay mapagpasalamat para sa kabutihan ng mga tao sa kanya at ginagantimpalaan niya nang labis-labis.**: si Abdullah b. Umar (رضي الله عنه) ay nagsabi na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: ***'Sinuman ang humingi ng paglingap sa Allah laban sa iyong kasamaan, samakatuwid, huwag mo siyang saktan. Sinuman ang humingi sa iyo sa pamamagitan ng Allah, samakatauwid, bigyan mo siya. Sinuman ang nag-***

***anyaya sa iyo, samakatuwid, paunlakan ang paanyaya nito. Sinuman ang gumawa ng kabutihan para sa iyo, samakatuwid, siya ay bayaran mo ng gayong din paraan; nguni't kung hindi ka makakita ng gayong, maari mong gantimpalaan, samakatuwid, magsumamo (o manalangin sa Allah tuwina hanggang iyong inakala na siya ay iyo ng nabayaran (o natumbasan).'*** (Ahmed #6106)

Si A'ishah, ay nagsabi: ***'Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay tumatanggap ng regalo, at nagbibigay ng gantimpala nang dahil dito.'*** (Bukhari #2445)

6. **Ang Pagmamahal ng Sugo ng Allah sa lahat ay maganda at mabuti**: Si Anas (﵁) ay nagsabi: ***'Ang kamay ng Sugo ng Allah (ﷺ) ay higit na malambot kaysa sa sutla na aking nahawakan at ang kanyang amoy ay mabango kaysa sa alinmang pabango na aking nalanghap.'*** (Bukhari #3368)

7. **Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nalulugod na tulungan ang iba. Siya ay namamagitan para sa iba**: Si Abdullah b. Abbas (﵁) ay nagsabi: ***'Ang asawa ni Bareerah, ay isang alipin na ang pangalan ay Mugheeth – nakita ko siyang naglalakad sa likuran niya habang umiiyak sa mga lansangan ng Madinah, at ang kanyang luha ay umaagos sa kanyang mga balbas. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi kay Al-Abbas: 'Hindi ka ba nagigilalas, kung gaano kamahal ni Mugheeth si Bareerah, at gaano naman niya kinamumuhian si Mugheeth!'***

***Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi kay Bareerah: 'Bakit hindi ka bumalik sa kanya?' Siya (ang babae) ay nagsabi sa kanya:***

***'Ako ba ay inuutusan mong gawin ito?' Siya ay nagsabi: 'Hindi, nguni't ako ay namamagitan lamang ako para sa kanya.' Siya ay nagsabi: 'Hindi ko na siya kailangan pa. '*** (Bukhari # 4875)

8. **Ang Sugo ng Allah** (ﷺ) **ay gumagawa para sa kanyang sarili**: Si A'ishah (nawa'y kalugdan siya ng Allah) ay nagsabi: ***'Ako ay tinanong kung ano ang pag-uugali ng Sugo ng Allah (ﷺ) sa kanyang sariling pamamahay.' Siya ay nagsabi: 'Siya ay tulad ng karaniwang lalaki; siya ay naglalaba ng kanyang mga damit, ginagatasan ang kanyang alagang tupa, at inaasikaso ang kanyang sarili.'*** (Ahmed 24998)

Sa kanyang pagiging pinakamahusay ng pag-uugali, hindi lamang gumagawa para sa kanyang sarili kundi pinaglilingkuran din niya ang iba. Si A'ishah (nawa'y kalugdan siya ng Allah) ay nagsabi: ***'Ako ay tinanong kung ano ang pag-uugali ng Sugo ng Allah (ﷺ) sa kanyang sariling pamamahay.' Siya ay nagsabi: 'Siya ay tumutulong sa mga gawaing pambahay at kapag narinig na niya ang Adhan (tawag sa pagdarasal), siya ay aalis patungong Masjid.'*** (Bukhari 5048)

## Mga Pahayag ng Makatarungan at Pagkapantay-pantay

1. Ang **Alemanyang Manunula, si Goethe**, ay nagsabi: *'Ako ay nagsaliksik sa kasaysayan para sa Huwarang Tao at ito ay aking natagpuan sa katauhan ni Muhammad.'*

2. Ang **Propesor na si Keith Moore**, ay nagsabi mula sa kanyang aklat na: "The Developing Human": *Maliwanag na sa akin na ang mga pahayag na ito ay dumating kay Muhammad mula sa Diyos, o Allah, sapagka't ang karamihan sa mga kaalamang ito ay natagpuan lamang pagkalipas ng maraming dekada. Ito ay nagpapatunay sa akin na si Muhammad ay Sugo ng Diyos, o Allah.' At sinabi pa niya: 'Wala akong nakikitang dahilan upang hindi tanggapin ito ng aking pag-iisip, na itong mga pahayag na ito ay mga banal na kapahayagan o rebelasyon na siyang nagbigay daan upang ito ay ipahayag niya (ni Muhammad).'*

3. Si **Dr. Maurice Bucaille**, isang Siyentipikong Pranses, ay nagsabi mula sa kanyang aklat na "The Qur'an, and Modern Science": *'Ang isang ganap na makatuwirang pagsusuri nito [ang Qur'an] batay sa makabagong kaalaman, ay umaakay sa atin upang tanggapin ang namagitan sa dalawa tulad ng sinabi sa ilang*

*ulit na pagkakataon. Lubhang hindi natin mapag-iisipan para sa isang tao sa panahon ni Muhammad  na siya ang may akda ng gayong kapahayagan, sanhi ng kalagayan ng kaalaman noong kanyang panahon. Ang gayong mga pagsasaalang-alang ay mga bahagi ng pagiging kakaiba ng kapahayagan ng Qur'an, at napipilitan ang makatuwirang siyentipiko na tanggapin niya (bilang siyentipiko) ang kanyang kawalang kakayahang magbigay ng paliwanag na batay lamang sa materyalistikong pangangatuwiran.'* At sinabi pa niya: *"Ang nabanggit na obserbasyon sa itaas ay nagbigay ng paunang mungkahi ng mga nakakita kay Muhammad na nag-aakalang siya ang may-akda ng Qur'an ay sadyang walang batayan. Paanong ang isang tao mula sa pagiging isang di-nag-aral ay naging isa sa mahalagang may-akda sa larangan ng likhaing panitikan sa buong pampanitikang Arabik? Paano niya, kung gayon, naipahayag ang mga katotohanan ng kalikasan ng agham samantalang walang tao ang maaaring makagawa ng gayong pahayag sa panahong yaon, at ang lahat ng mga ito kahit minsan ay hindi nagkaroon ng kahit bahagyang kamalian sa kanyang pagpapahayag sa naturang paksa?"* "The Bible, the Qur'an and Science", 1978, pahina 125.

4. Sinabi ni **Annie Besant** sa kanyang aklat na pinamagatang 'The Life and Teachings of Mohammad': *"Imposible sa sinumang nag-ukol ng pag-aaral sa buhay at ugali ng Dakilang Propeta ng Arabia, na nalaman kung paano siya nagturo at kung paano siya namuhay upang maramdaman niya ang anuman maliban sa isang mapitagan at mataimtim na paggalang sa isang makapangyarihang Propeta, isa sa dakilang Sugo ng Kataas-taasang (Diyos). At bagama't mayroon akong sasabihin sa inyo na maaaring ituring ng karamihan na ito ay pangkaraniwan lamang, nguni't sa aking sarili kapag aking binabasa ito (ang Qur'an) nang*

*paulit-ulit, may damdamin ng paghanga ang aking nadarama at isang bagong damdamin ng kabanalan para sa makapangyarihang guro ng lupaing Arabia*." "The Life and Teachings of Muhammad", Madras 1932, pahina 4.

5. Si **Dr. Gustav Weil** sa aklat na pinamagatang 'History of the Islamic Peoples' ay nagsabi: *'Si Muhammad ay isang nagniningning na halimbawa sa kanyang mga mamamayan. Ang kanyang pag-uugali ay dalisay at walang bahid-dungis. Ang kanyang pamamahay, ang kanyang pananamit, ang kanyang pagkain –ang mga ito ay naglalarawan ng isang payak na pamumuhay. Siya ay walang pagkukunwari na hindi niya tinatanggap mula sa kanyang mga kasamahan ang isang kakaibang pagtatangi at hindi siya tumatanggap ng anumang paglilingkod sa kanyang alipin na maaari naman niyang gawin para sa kanyang sarili. Siya ay madaling lapitan sa lahat ng oras. Siya ay dumadalaw sa mga may sakit at lubos na nakikiramay para sa lahat. Walang katapusan ang kanyang kabaitan at pagiging mapagbigay at siya ay lubhang maalalahanin para sa kabutihan ng kanyang pamayanan.*

6. **Si Maurice Gaudefroy** ay nagsabi: *'Si Muhammad ay isang Propeta, hindi isang teologo, isang malinaw na katotohanan na hindi mapipigilang banggitin. Ang mga taong nakapaligid sa kanya na binubuo ng mga kinikilalang maimpluwensiyang tao sa pamayanang Muslim ay nasisiyahan na lamang sa kanilang mga sarili sa pagsunod sa batas na kanyang ibinantayog sa Ngalan ng Allah at sa pagsunod sa kanyang mga aral at halimbawa.'*[9]

[9] Encyclopedia of Seerah, for Afzalur-Rahman

7. **Si Washington Irving,** ay nagsabi: *'Ang kanyang tagumpay sa larangan ng digmaan ay hindi naghatid sa kanya upang magkaroon ng pagmamataas o pagdakila sa sarili na maaaring mangyari kung siya ay nabalutan ng mga makasariling hangarin. Sa panahon ng kanyang pinakamalaking kapangyarihan, siya ay nanatili sa simpleng pag-uugali at anyo tulad din noong mga panahon ng kanyang paghihikahos. Sadyang napakalayo mula sa marangyang kalagayan, siya ay nayayamot kung sa pagpasok niya sa pagtitipon ay may di-karaniwang paggalang o pagbati ang ipinakikita sa kanya.'*

8. Si **Marquis ng Dufferin** ay nagsabi*: 'Ito ay dahil sa agham ng Muslim, sining ng Muslim, at panitikan ng Muslim na ang Europa ay may malaking sukat na pinagkakautangan para sa kalayaan nito mula sa dilim ng Middle Ages.'*[10]

[10] ibid.

## Ang Mga Asawa ng Propeta (ﷺ)

Pagkaraan ng kamatayan ng kanyang unang asawa, si Khadeejah (kalugdan nawa siya ng Allah), ang Propeta (ﷺ) ay nakapag-asawa na ang bilang ay labing-isa; lahat ay mga diborsiyada o balo maliban kay A'ishah. Ang anim ay nagmula sa tribu ng Quraish, at ang lima ay nagmula sa iba't ibang tribu ng Arabo, at ang isa ay nagmula sa simbahang (Coptic[11]) Kristiyano mula sa Ehipto. Siya ay nagka-anak na pinangalanang Ibraheem[12]. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: ***'Kung ikaw ay may kaugnayan sa isang (Coptic) simbahang Kristiyano, pakitunguhan sila nang may kabaitan sapagka't sa pagitan natin ay isang pangako at ugnayan.'*** (Abdurrazaaq #19325)

---

[11] Ang kanyang pangalan ay Maariyah al-Qibtiyah, (nawa'y kalugdan siya ng Dakilang Allah). Siya ay isang babaing alipin na ipinagkaloob kay Propeta Muhammad ng Al-Moqoqas, ang pinuno ng Ehipto. Siya ay yumakap sa Islam at namatay sa panahon ng Khalifa Umar, (nawa'y kalugdan siya ng Allah).

[12] Ito ay isang pamamaraan ng paglaya ng isang alipin sa Islam. Kung ang babaing alipin ay nagsilang ng isang bata, ito ay itinuturing na 'ina ng bata' at nararapat na palayain kung ang kanyang anak ay namatay sapagkat ang kanyang anak ay itinuturing din niya bilang kanyang 'amo'.

**Ang Propeta (ﷺ) ay nagpakasal sa mga babaing ito para sa ilang mga dahilan:**

1. **Layuning Nauukol sa Relihiyon at Pagpapatupad ng Batas:** Ang Propeta (ﷺ) ay nagpakasal kay Zainab b. Jahsh (kalugdan nawa siya ng Allah). Noong panahon ng *Jahiliyah* (kamangmangan) ang mga Arabo ay nagbabawal sa isang lalaki na pakasalan ang asawa ng kanyang ampong anak na lalaki; sila ay naniniwala na ang ampong anak ay katulad ng sariling tunay na anak sa lahat ng aspeto ng ugnayan. Ang Propeta (ﷺ) ay nagpakasal sa kanya bagaman ito ay diniborsiyong asawa ng kanyang ampong anak na si Zaid b. Harithah (رضي الله عنه). Ito ay ginawa ng Sugo ng Allah (ﷺ) hindi dahil sa kanyang sariling kusa bagkus ito ay kautusan sa kanya ng Allah (سبحانه وتعالى) upang alisin ang gayong paniniwala. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

***"At (alalahanin) nang sabihin mo sa kanya (kay Zaid bin Harithah), ang pinalayang alipin ng Propeta at ikaw (O Muhammad) na gumawa ng kabutihan sa kanya (sa pagpapalaya sa kanya) ay nagsabing: Panatilihin mo ang iyong asawa sa iyong sarili, at matakot sa Allah." Nguni't, iyong ikinubli sa iyong sarili (kung ano) ang ipinahayag na ng Allah sa iyo na siya (si Zainab) ay Kanyang ipagkakaloob sa iyo (bilang asawa) na ang bagay na ito ay ginagawang malinaw ng Allah sa iyo, nguni't ikaw ay nangamba sa mga tao (sa kanilang mga usap-usapan na pinakasalan ni Muhammad ang diniborsiyong asawa ng kanyang pinalayang alipin) samantalang ang Allah ang higit na dapat katakutan. Kaya, nang magampanan ni Zaid***

***ang kanyang layon mula sa kanya (hiniwalayan niya ang kanyang asawang si Zainab), siya (si Zainab) ay ipinagkaloob Namin sa iyo (O Muhammad) bilang asawa, upang pagdating ng panahon ay walang mararanasang pag-aalinlangan o kahirapan sa mga mananampalataya ukol sa pagpapakasal ng mga asawa ng kanilang mga ampon kung ang huli ay walang layong panatilihin sila (sila ay hiwalayan ng mga ampong anak). At ang Kautusan ng Allah ay nararapat na matupad."*** (Qur'an 33:37)

2. **Layuning Politikal at Para sa Pagpapalaganap ng *Da'wah*, Anyayahan ang mga tao sa Islam, at Tangkilikin ng Mga Iba't Ibang Tribu ng Arabia**: Nag-asawa ang Sugo ng Allah (ﷺ) sa mga kababaihan mula sa malalaki at malalakas ng tribu ng Arabo. Ang Propeta (ﷺ) ay nag-utos sa kanyang mga kasamahan na mag-asawa rin sa mga gayong tribu. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi kay Abdurrahmaan b. Auf (رضي الله عنه): *'Kung sila ay sumunod sa iyo (i.e. tinanggap ang Islam) magkagayon, iyong pakasalan ang anak na babae ng pinuno ng tribu.'*

Si Dr. Cahan ay nagsabi: 'Ang ilan sa aspeto ng kanyang buhay ay maaaring magbigay kalituhan sa atin sanhi ng kasalukuyang kaisipan. Ang Sugo ay tinutuligsa nang dahil sa kanyang hangaring makamtan ang pagnanasang makamundo at ang kanyang siyam na asawa, na kanyang pinakasalan pagkaraang mamatay ang kanyang unang asawa na si Khadeejah. Napatunayan na ang karamihan ng kanyang pagpapakasal ay may kaugnayan sa pampolitikal

na naglalayong makuha ang ilan sa mga mararangal na tao at tribu.'

3. **Panlipunang Dahilan**: Pinakasalan ng Propeta (ﷺ) ang ilan sa mga asawa ng kanyang mga kasamahang namatay sa *Jihad* (pakikipaglaban sa Landas ng Allah) o sa panahon ng *Da'wah* (paglalaganap ng Islam). Pinakasalan niya ang mga ito bagaman sila ay higit na matanda kaysa sa kanya, at ito ay ginawa niya upang parangalan sila at maging ang kanilang mga asawa.

Si Veccia Vaglieri sa kanyang aklat na may pamagat na 'In Defense of Islam' ay nagsabi: *'Sa mga taon ng kanyang kabataan, si Muhammad (ﷺ) ay nag-asawa lamang ng isang babae, bagaman ang sidhi ng kasibulan ng isang lalaki ay nasa gayong gulang. Bagaman siya ay namuhay sa lipunan na kung saan ang maraming pag-aasawahan ay itinuturing bilang pangkalahatang batas, at ang diborsiyo ay napakadali, siya ay nag-asawa lamang ng isang babae bagaman siya (si Khadijah) ay higit na matanda kaysa sa kanya. Siya ay naging tapat sa kanya sa dalawamput limang taon ng kanilang pagsasama, at hindi siya nag-asawa ng iba pang babae maliban pagkaraan ng kamatayan ni Khadijah. Sa panahong iyon, siya ay limampung taon na. Pinakasalan niya ang bawa't asawa niya para sa panlipunan, o pampolitikal na layunin; upang sa gayon ay kanyang parangalan ang mga mabubuting kababaihan at nais niyang maging matapat sa kanya ang mga tribu upang ang Islam ay lumaganap sa kanilang mga tribu. Lahat ng asawa ni Muhammad (ﷺ) na kanyang pinakasalan ay hindi mga birhen at hindi rin magaganda; maliban lamang kay A'ishah. Kaya, paano makapagpaparatang ang sinumang tao na si Muhammad (ﷺ) ay*

*isang mapagnasa sa tawag ng laman? Siya ay tao at hindi diyos. Maaaring ang kanyang hangarin ay magkaroon ng isang anak na lalaki na siyang dahilan upang mag-asawa; sapagka't ang kanyang mga anak kay Khadeejah ay nangamatay. Karagdagan pa, sino ang nangasiwa sa pananagutang pananalapi na kanyang malaking pamilya na wala namang malaking pinagkukuhanan. Siya ay nakikitungo nang makatarungan at pantay-pantay sa kanilang lahat at hindi nagbigay ng pagtatangi-tangi sa pagitan nila. Sinusunod niya ang dating gawain ng mga naunang Propeta tulad nina Moises, na sa kanya ay walang tumutol o nagbigay ng puna tungkol sa kanyang pagkakaroon ng maraming asawa. Ang dahilan ba kung bakit ang mga tao ay tumututol sa pagkakaroon ng maraming asawa ni Muhammad (ﷺ) ay ang katotohanan na ating nalalaman ang kaliit-liitang bagay sa kanyang buhay at kakaunti lamang ang ating nalalaman sa mga buhay ng mga Propetang nauna sa kanya?*

Si Thomas Carlyle ay nagsabi: *'Pagkaraang sabihing lahat ang tungkol sa kanya, si Mohamet sa kanyang sarili mismo ay hindi isang taong mapagnasa ng kamunduhan. Tayo ay lubhang magkakamali kapag siya ay pinaratangan natin bilang taong hayok sa tawag ng makamundong pagnanasa na naglalayon lamang ng kaligayahan ng anupamang uri.'*[13]

[13] 'Heroes, Hero-Worship and the Heroic in History'

## Ang Mga Katibayang Nagpapatunay sa Pagiging Tunay na Propeta (ﷺ)

### Ang Mga Katibayan Mula sa Banal na Qur'an

1. Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***"Si Muhammad ay hindi ama ng sinuman sa inyong mga kalalakihan, nguni't Siya ang Sugo ng Allah at huli sa (kawing ng) mga Propeta. At ang Allah ang lagi nang Lubos na Maalam sa bawa't bagay."*** (Qur'an 33:40)

2. Si Hesus (عليه السلام), anak ni Maria (Eesa ibn Maryam) ay nagbigay ng magandang balita tungkol sa pagdating ni Propeta Muhammad (ﷺ) sa orihinal na Ebanghelyo. Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***"At (alalahanin) nang si Issa (Hesus), anak ni Maryam (Maria), ay nagsabi: O, Angkan ni Israel! Ako ay Sugo ng Allah sa inyo, na nagpapatunay sa***

***Tawrat [Torah na dumating] na una sa akin, at nagbibigay ng magandang balita tungkol sa isang Sugo na darating pagkaraan ko, na ang pangalan ay Ahmad*[14]*. Nguni't nang siya (Ahmad i.e Muhammad) ay dumating sa kanila na may dalang malinaw na katibayan, sila ay nagsabi: "Ito ay isang malinaw na salamangka!*" (Qur'an 61:6)

## Ang Mga Katibayan Mula sa Kanyang Sunnah

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

***'Ang aking halimbawa at ang halimbawa ng mga Propetang nauna sa akin ay tulad ng isang taong nagtayo ng isang bahay, na kanyang itinayo at binuo maliban sa isang puwang ng isang tipak (ng bato); ang mga tao ay magsisilibot sa bahay at napapatingin nang may pagtataka sa kabuuan nito at nagsasabing, 'kundi lamang sa puwang na ito!' Ang Propeta ay nagsabi: 'Ako ang puwang na tipak (ng bato) na iyon, at ako ang Huli sa (kawing ng) mga Propeta.***' (Bukhari #3342)

[14] Isinalaysay ni Jubair bin Mut'im: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi, "Ako ay mayroong limang pangalan: Ako ay si **Muhammad** at **Ahmad**; ako ay **Al Mahi** na sa pamamagitan ko, lilinisin ng Allah ang Al Kufr (pagsamba sa mga diyus-diyosan; ako ang **Al Hashir** ang una na mabubuhay na muli, at pagkaraan ay ang mga tao ang muling bubuhayin; at ako rin ang **Al Aqib** (wala ng darating pang Propeta pagkaraan ko) Sahih Bukhari vol 4 Hadith Bilang 732.

## Ang Mga Katibayan Mula sa Mga Naunang Banal na Kasulatan

Si Ataa' b. Yasaar (ﷺ), ay nagsabi: 'Kami ay nagkita ni Abdullah b. Amr b. al-Aas, (ﷺ) at siya ay aking tinanong: 'Sabihin mo nga sa akin ang tungkol sa paglalarawan sa Sugo ng Allah (ﷺ) mula sa Aklat ng Torah (ni Moises).' Siya ay sumagot: 'Siya ay inilarawan sa Torah (ni Moises) na ang ilan sa kanyang katangian ay matatagpuan (ipinahayag) din sa Banal na Qur'an; ***'Katotohanan na ikaw ay Aming isinugo bilang Saksi (sa sangkatauhan) at (bilang) isang naghahatid ng magandang balita, at nagbibigay babala sa iba, at isa na nangangalaga at nagtatanggol sa mga karaniwang tao. Ikaw ay Aking alipin at Sugo; Ikaw ay Aking tinawag na Mutawakkil (Ang Isang Pinagkatiwalaan). Hindi magaspang ang iyong pag-aasal at hindi rin marahas at***

***hindi nagtataas ng tinig. Ikaw ay hindi gumaganti ng kasamaan laban sa kasamaan; bagkus, ikaw ay mapagpatawad at mapagparaya. Hindi Ko kukuhanin ang iyong kaluluwa hanggang hindi mo napapatnubayan ang mga pamayanan (mga bansa), at hanggang sila ay magpahayag ng, 'Walang ibang diyos na dapat sambahin kundi ang Allah at hanggang kanilang makita nang ganap na malinaw ang katotohanan.'***

Si Ataa' b. Yasaar (ﷺ) ay nagsabi rin (upang bigyang katibayan ang salaysay sa itaas): ***"Kami ay nagkita ni Ka'b, ang Hudyong Rabbi, at tinanong ko siya tungkol sa salaysay na ito (na binanggit sa itaas), at wala itong pagkakaiba sa naturang salaysay ni Abdullah b. Amr b. Al-Aas, maliban sa isang maliit na pagkakaiba sa (paraan ng paggamit ng) salita sa pagsasalaysay."*** (Baihaqi #13079)

Si **Abdul-Ahad Dawud**, isang Chaldean na Pari na yumakap sa Islam (dalubhasa sa mga Semitikong Wika) ay nagsabi sa kanyang pagsusuri sa Propesiyang nauukol kay Propeta Muhammad (ﷺ): *'Nguni't tinangka kong gawing batayan ang aking argumento sa mga bahagi ng Bibliya na maaaring makapagdulot ng pagtatalo sa wikang ginagamit. Kaya, hindi ko ginamit ang wikang Latino, Griyego, o kaya ay Aramaiko, sapagka't ito ay walang saysay: Ibibigay ko lamang ang mga sumusunod na kataga mula sa mga salita mismo ng Revised Version na inilimbag ng 'British and Foreign Bible Society'.*

Ating mababasa ang sumusunod na mga salita sa Aklat ng Deuteronomio kabanata xviii. Talata bilang 18: "Aking

palilitawin sa kanila ang isang Propeta mula sa kanilang mga kapatid, na tulad mo; at aking ilalagay sa kanyang bibig ang aking salita." Kung ang mga salitang ito ay hindi naaangkop kay Propeta Muhammad (ﷺ), nangangahulugang ito ay nananatiling walang katuparan. Si Propet Hesus (عليه السلام) sa kanya mismong sarili ay hindi nag-angkin na siya ang tinutukoy na Propeta sa naturang talata bilang 18. Maging ang kanyang mga disipulo ay magkakatulad sa gayong opinyon: sila ay naghintay sa ikalawang pagbabalik ni Hesus (عليه السلام) bilang katuparan ng gayong hula. Kaya, hindi mapag-aalinlanganan na ang unang pagdating ni Hesus (عليه السلام) ay hindi isang palatandaan ng pagdating ng "Propetang katulad mo," at ang kanyang ikalawang pagdating ay hindi rin tanda ng katuparan ng salitang ito. Si Hesus (عليه السلام), sa paniniwala ng simbahan ay lilitaw bilang Hukom at hindi tagapagbigay ng Batas, at ang isang ipinangako na darating ay may dalang "nagngangalit na batas" sa "kanyang kanang kamay."

Sa pagsusuri upang bigyang katiyakan ang katangian ng Propetang Ipinangako, ang ibang propesiya ni Moises (عليه السلام) ay makatutulong na kung saan tinutukoy ang; *"Liwanag ng Diyos mula sa Paran, ito ay walang iba kundi ang bundok sa Makkah.* Ang mga salita sa Aklat ng Deuteronomio, kabanata xxxiii. Talata bilang 2, ay nagsasabi ng ganito: *"Ang Panginoon ay dumating mula sa Sinai, at lumitaw mula sa Seir sa kanila; at nagliwanag nang buong ganap mula sa Bundok Paran, at siya ay dumating kasama ng sampung libong mga banal (mabubuting tao); at mula sa kanyang kanang kamay ay tangan niya ang nagngangalit na batas para sa kanila."*

Sa mga salitang ito, ang Panginoon ay itinulad sa araw. Siya ay nagmula sa *Sinai*, siya ay sumikat mula sa *Seir*, nguni't siya ay nagliwanag sa kanyang ganap na kaluwalhatian mula sa *Paran*, na kung saan siya ay lumitaw na kasama ang sampung libong mga santo (mabubuting tao) na may dalang '**nagngangalit na batas**" sa kanyang kanang kamay. Wala sa mga Israelitas, kabilang si Hesus (ﷺ) ang may anumang kaugnayan sa pook na tinawag na '*Paran*". Si Hagar (ang isa sa asawa ni Propeta Abraham), kasama ang kanyang anak na lalaking si Ishmael, ay namalagi o nanahan sa ilang (kasukalan) ng *Beersheba*, na pagkaraan ay namuhay at nanirahan sa ilang (kasukalan) ng *Paran* (Gen. xxi. 21). Pinakasalan niya ang isang babaing Ehipto, at sa pamamagitan ng kanilang panganay na anak na si Kedar, ay nagsimula ang lahi ng mga Arabo na mula noong panahong yaon at hanggang sa kasalukuyan ay nanahan o nabubuhay sa kasukalan ng Paran. At kung si Propeta Muhammad (ﷺ) ay walang alinlangang nagmula sa lahi ni Ishmael sa pamamagitan ni Kedar at siya ay lumitaw bilang propeta sa ilang (kasukalan) ng Paran at muling nagbalik sa *Makkah* na kasama ang sampung libong banal at nagbigay ng isang nagngangalit na batas sa kanyang mga mamamayan, hindi ba ang propesiyang ito na binanggit sa itaas ay natupad sa pinakamalinaw na salita nito?

Ang mga salita ng propesiyang nilalaman ng Habakkuk ay mga bagay na kapansin-pansin. Ang kanyang (ang Isang Pinagpala mula sa *Paran*) karangalan ay saklaw ang mga kalangitan at kalupaang punung-puno ng kanyang papuri. Ang salitang "papuri" ay makahulugan, sa kadahilanang ang pangalanang *Muhammad* (ﷺ) sa tunay na kahulugan nito ay "ang isang *pinupuri*". Maliban sa mga Arabo, ang mga

naninirahan sa kasukalan ng *Paran* ay pinangakuan na rin ng Kapahayagan: "*Hayaan ang kasukalan at ang mga kabayanan nito ay itaas ang kanilang tinig, ang bayang tinitirahan ni Kedar: hayaang umawit ang mga naninirahan sa bato, hayaan silang sumigaw sa ibabaw ng mga kabundukan. Hayaan silang magbigay ng parangal sa kanilang panginoon at ipahayag ang Kanyang kapurihan sa mga kalupaan. Ang Panginoon ay darating na parang lalaking makapangyarihan, kanyang guguluhin ang mga mapanibugho na parang lalaking mandirigma na kanyang isinisigaw; siya ay magwawagi laban sa kanyang mga kaaway*" (Isaiah).

Mayroon ding dalawang mga propesiyang dapat pagtuunan ng pansin dahil may kinalaman ito kay Kedar. Ang isa ay nabanggit sa kabanata 50 ng Isaias: "*Bumangon, sumikat dahil dumating ang iyong liwanag at ang kadakilaan ng iyong Panginoon ay sa iyo lumitaw. Ang kawan ng mga kamelyo ay aabot sa iyo, ang mga kamelyo (dromedaries) ng Midian at Ephah; silang lahat ay magmumula sa Sheba ay darating.. Ang lahat ng kawan ni Kedar ay titipunin sa iyo ng sama-sama, ang mga lalaking tupa ng Nebaioth ay sa iyo maglilingkod: sila ay darating kasama ng kanilang pagtanggap sa aking dambana, at aking luluwalhatiin ang tahanan ng aking kaluwalhatian*" (1-7) Ang iba namang propesiya ay matatagpuan sa Isaias "*Ang pasanin (tungkulin) ay sa (ibabaw ng) Arabia. Sa kagubatan ng Arabia kayo manirahan, kayong mga manlalakbay na kasama ni Dedanim. Ang mga naninirahan sa lupain ng Tema na nagbigay ng tubig sa kanya na nauuhaw at pinigil nila ang kanilang tinapay sa mga nagsitakas sa kadahilanang tinakasan nila ang mga espada at palaso at mula na rin sa kabigatan ng digmaan. Kaya sinabihan ako ng Panginoon; Sa loob ng isang taon ayon sa taon ng mga nagpapaupa, at ang*

*lahat ng karangalan ni Kedar ay hindi magtatagumpay; at ang matitira sa bilang ng mga mamamana, ang mga matitigas ng angkan ni Kedar ay liliit (mababawasan)."* Basahin ang propesiyang ito sa Isaias bilang paliwanag ng isang napapaloob sa Deuteronomio na bumabanggit sa pagsikat ng Diyos mula sa *Paran.*

Kung si Ishmael ay nanirahan sa kasukalan ng Paran, na kung saan ay doon niya ipinanganak si Kedar, na mga ninuno ng mga Arabo; at kung ang mga anak na lalaki ni Kedar ay makatatanggap ng kapahayagan mula sa Diyos; kung ang mga kawan ni Kedar ay tanggapin ang Dakilang dambana upang luwalhatiin "*ang kaluwalhatian ng aking tahanan"* na kung saan ay matatakpan ng kadiliman ang mundo ng ilang dantaon, at pagkaraan ang lupaing yaon ay makatatanggap ng liwanag mula sa Diyos; at kung ang lahat ng kadakilaan ni Kedar ay mabigo at ang bilang ng mga mangangaso, ang mga lalaking malalakas mula sa mga supling ni Kedar ay mababawasan sa loob ng isang taon pagkatapos tumakas ang isa mula sa mga espada at pana – ang tinutukoy na Isang Dakila mula sa *Paran* (Habakkuk iii 3 ) ay walang iba kundi ang **Propeta Muhammad** (ﷺ). Si Propeta Muhammad (ﷺ) ay ang banal na supling ni Ishmael mula kay Kedar, na nanirahan sa disyerto ng *Paran*. Si Muhammad (ﷺ) ay siya lamang ang Propeta na kung saan ang mga arabo ay nakatanggap ng kapahayagan sa panahon na ang mundo ay balot ng kadiliman.

Sa pamamagitan niya, ang Diyos ay sumikat mula sa Paran, at ang *Makkah* ay ang pook na kung saan ang Bahay ng Diyos ay niluluwalhati at ang mga angkan ni Kedar ay dumating at

tinanggap ang Kanyang dambana. Si Propeta Muhammad (ﷺ) ay inusig ng kanyang mga mamamayan at napilitang iwanan ang *Makkah*. Sa gayong kalagayan, siya ay uhaw na uhaw na tumakas mula sa mga espadang nakabunot at mga panang nakahanda, at pagkaraan ng isang taon mula nang siya ay lumisan, ang mga supling ni Kedar (na ang tawag ay tribu ng Quraish) ay sumalubong sa kanya sa *Badr,* ang kauna-unahang pook ng digmaan sa pagitan ng mga taga *Makkah* at ng Propeta. Ang mga anak ni Kedar at ang bilang ng kanilang mamamana ay lumiit at ang lahat ng kanilang tagumpay ay nabigo. Kaya, kung ang Propeta ay hindi tanggapin bilang katuparan ng lahat ng propesiyang ito samakatuwid, ito ay mananatiling hindi pa naisakatuparan. "*Ang bahay ng aking kaluwalhatian*" ay tumutukoy ito sa Isaias lX ay ang bahay ng Diyos sa *Makkah* (na kilala sa tawag na *Masjid Al Haram* na kung saan ang *Ka'bah* ay nakatayo bilang sagisag ng Pagsamba sa Nag-iisang Diyos) at hindi ang Simbahan ni Kristo na kung saan ay ito ang iniisip ng mga komentaristang mga Kristiyano. Ang kawan o angkan ni Kedar, na nabanggit sa talata bilang 7, ay kailanman ay hindi nakapunta sa Simbahan ni Kristo; at ito ay katotohanan na ang mga bayan ni Kedar at ang mga naninirahan dito ay tanging nalalabing mga tao sa buong mundo na nananatiling hindi napasok ng anumang impluwensiya ng Simbahan ni Kristo.

Muli, ang pagkabanggit ng 10,000 mga banal mula Deuteronomio xxx 3 sadyang makahulugan. Siya (ang Diyos) ay sumikat mula sa *Paran*, at siya ay dumating kasama ang 10,000 mga banal. Basahin ang buong kasaysayan ng disyerto ng *Paran* at matatagpuan mo roon na walang ibang

pangyayaring naganap maliban sa *Makkah* noong sakupin ito ng Propeta Muhammad (ﷺ). Siya ay dumating kasama ang 10,000 mga tagasunod galing *Madinah* at muling pumasok sa "***ang bahay ng Aking Kaluwalhatian***." Kanyang ipinagkaloob ang nagngangalit na batas sa buong mundo na siyang nagpabagsak sa ibang batas. Ang Tagapag-aliw – ang Espiritu ng Katotohanan – na nabanggit ni Propeta Hesus (عليه السلام) y walang iba kundi ang Propeta Muhammad (ﷺ). Hindi maaaring ipakahulugan bilang "the Holy Ghost", sa kadahilanang ayon sa turo ng teolohiya ng Simbahan na kanyang sinabi, "Kinakailangan para sa iyo na ako ay lumisan,: sinabi ni Hesus (عليه السلام), "Dahil kung hindi ako lilisan, ang Tagapag-aliw ay hindi darating sa inyo, subali't kung ako ay umalis ay (siya ay) aking ipapadala sa inyo."

Maliwanag na ang Tagapag-aliw ay darating pagkaraan ni Hesus (عليه السلام) at hindi niya kasama ng kanyang banggitin ang mga salitang ito. Samakatuwid, maaari ba nating ipagpalagay na mawawala ang Banal na Espiritu sa kanya kung ang kanyang pagbabalik ay kondisyonal ayon sa paglisan ni Hesus (عليه السلام)? Bukod pa rito, ang paraan kung paano siya inilarawan ni Hesus (عليه السلام) ay ginawa siyang tao at hindi espiritu. "Hindi siya magsasabi ng kanyang sarili subali't anumang kanyang narinig ay iyon ang kanyang sasabihin." Dapat ba nating ipagpalagay na ang Banal na Espiritu at ang Diyos ay dalawang bagay na magkaiba na kung saan ang Banal na Espiritu ay magsasabi hinggil sa kanyang sarili at ganoon din na kanyang sasabihin ang mga bagay na narinig mula sa Diyos? Ang mga salita ni Hesus (عليه السلام) ay maliwanag na tumutukoy sa ibang Sugo ng Diyos. Siya ay kanyang tinawag bilang Espiritu ng Katotohanan at

ganoon din ang Qur'an na nagsasabi kay Propeta Muhammad (ﷺ). *"Nguni't! Siya (si Muhammad) ay dumating nang may dalang katotohanan at siya ay nagpapatunay sa mga Sugo (na nauna sa kanya)."* Ch.37:37 [15]

## Ang Mga Katibayan Mula sa Ebanghelyo

Sinabi ni Hesus (عليه السلام) : 'Itataas ako ng Diyos mula sa lupa, at ipapalit Niya ang isang traydor upang ang lahat ay makapaniwala na siya ay ako; Gayun pa man, kapag siya ay namatay ng isang napakasamang pagkamatay, ako ay mananatili sa kahihiyang ito ng mahabang panahon sa mundo. Subali't, sa panahon ng pagdating ni Mohammed,

[15] Muhammad in the Bible, Abdul-Ahad Dawud.

ang banal na Sugo ng Diyos, ang kadusta-dustang dangal ay maglalaho sa akin.' (*The Gospel of Barnabas*, Chapter 112)

Kanyang dinagdagan pa ang sinabi: 'Si Adan, nang siya ay tumayo sa kanyang mga paa ay nakita niya mula sa kalawakan ang kasulatan na nagniningning na tulad ng araw na nagsasabi: 'May isang Diyos lamang at si Mohammad ay Sugo ng Diyos.' Pagkatapos, siya ang kauna-unahang taong humalik sa mga salitang ito nang may pagmamahal bilang ama at kanyang hinaplos ang kanyang mga mata at nagsabing: "Pagpapala sa araw ng iyong pagdating sa mundo." (*The Gospel of Barnabas*, Chapter 39)

## Ang Mga Makatuwirang Katibayan Tungkol sa Kanyang Pagiging Propeta (ﷺ)

1. **Ang Propeta (ﷺ) ay Hindi Nag-aral**. Siya ay hindi marunong bumasa at sumulat. Siya ay nabuhay sa gitna ng mga mamamayang hindi nag-aral. Samakatuwid, walang sinuman sa kanila ang magsasabi na ang may-akda ng Qur'an ay si Muhammad (ﷺ)! Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

***"At ikaw ay walang binasa (binigkas) na anumang aklat na una pa rito (sa Qur'an) ni ikaw ay hindi nagsulat na isa mang (aklat) sa iyong kanang kamay; magkagayon ang mga sinungaling ay magbigay alinlangan (tungkol sa iyo at sa Qur;an)."*** (Qur'an 29:48)

2. **Ang Mga Arabo ay Hinamon na Maglahad, Kumatha o Gumawa ng Anumang Bagay na katulad ng Qur'an, at sila ay Hindi Nakagawa!** Ang mga Arabo ay namangha at nagilalas sa kagandahan, balangkas o kayarian at malalim na mga kahulugan ng Qur'an. Ang Qur'an ang walang hanggang himala ni Propeta Muhammad (ﷺ). Sa katunayan, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: ***'Ang mga himala ng mga Propeta (nauna kay Propeta Muhammad) ay nakahangga lamang sa kanilang sariling kapanahunan. Ang himala na ipinagkaloob sa akin ay ang Qur'an, ito ay walang hanggan; kaya, ako ay umaasa na ako ang may pinakamaraming tagasunod.***' (Bukhari 4598)

Bagaman ang kanyang mga mamamayan ay matalas at bantog sa kanilang kahusayan sa tula, ang Dakilang Allah ay naghamon sa kanila na gumawa o kumatha ng katulad ng nilalaman ng Qur'an, nguni't hindi nila ito nagawa.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

***"At kung kayo ay nag-aalinlangan sa Aming ipinahayag (ang Qur'an) sa Aming alipin (na si Muhammad) kumatha (at maglahad) kayo ng isang Surah (Kabanata) na katulad nito at tawagin ninyo ang inyong mga saksi (mga tagapagtangkilik) bukod pa sa Allah, kung kayo nga ay makatotohanan[16]."*** (Qur'an 2:23)

Sa kabuuan, hinamon ng Dakilang Allah ang sangkatauhan na maglahad o kumatha ng katulad sa Qur'an. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

***"Sabihin: "Kung ang Sangkatauhan at Jinn ay magkasama upang kumatha ng katulad ng Qur'an, hindi nila magagawang kumatha ng katulad nito, kahit sila ay magtulungan pa sa isa't isa."*** (Qur'an 17:88)

3. **Ang Propeta (ﷺ) ay Nagpatuloy sa Pagpapalaganap at Pag-anyaya sa Islam (ang Pagsamba sa Tanging Tagapaglikha) Bagama't Siya ay Nakaharap sa Maraming**

[16] **Himala ng Qur'an**. Isinalaysay ni Abu Hurayrah (ﷺ) na sinabi ng Propeta (ﷺ); "Bawa't Propeta ay pinagkalooban ng Himala, isang paraan upang akayin ang sangkatauhan sa pananalig (o pananampalataya) sa Allah (ﷻ). Ang ipinagkaloob sa akin ay isang kapahayagan (Qur'an) na ipinadala sa akin ng Allah. At ako ay umaasa na marami ang aking tagasunod hanggang sa Araw ng Pagkabuhay Muli." Sahih Muslim Hadith Bilang 1:134.

**Kahirapan at Siya ay Sinalangsang ng Kanyang Mga Mamamayan, nguni't Nang Malaunan, Siya ay Tinangkang Patayin.** Subali't ang Propeta (ﷺ) ay nagpatuloy sa pagpapalaganap at, siya ay naging matiisin. Kung siya ay isang huwad o nagbabalat-kayong Propeta, maaari siyang huminto sa paglalaganap upang maiwasan niya ang mga panganib ng kanyang buhay.

Si W. Montgomery Watt ay nagsabi: "*Siya ay nakahanda sa anumang mga pag-uusig tungkol sa kanyang pananalig o paniniwala, ang mga taong may mataas na paggalang at pinagpipitaganan na naniwala sa kanya at siya ay kinilala bilang pinuno, at ang kadakilaan ng kanyang natamong tagumpay—lahat ng mga ito ay nagbibigay ng argumento sa kanyang pangunahing katapatan. Ang pag-aakalang si Muhammad ay isang huwad (na propeta) ay nagbibigay nang higit na suliranin kaysa sa pagbibigay lunas nito. Higit pa rito, walang isa mang dakilang tao ng kasaysayan ang binigyan ng kaaba-abang pagpapahalaga ng taga kanluran maliban kay Muhammad. Hindi lamang natin dapat ipagkaloob kay Muhammad nang may katapatan at katapatan ng layunin, kung siya ay ating ganap na uunawain; kung ating itutuwid ang mga maling paratang na ating minana mula sa nagdaang panahon, hindi nating dapat kalimutan na ang matatag na katibayan ay higit na mahigpit na pangangailangan kaysa sa pagpapakita ng sapilitang pangangatuwiran, at sa ganitong paraang tulad nito ay ating matatamo ito nang may kahirapan.'*

4. **Bawa't Tao ay Naaakit sa Palamuti at Kagandahan ng Buhay ng Mundong ito, at Maaaring Maging Daan Upang**

**Malihis sa Pamamagitan ng Mga Bagay na ito.** Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

***"Kaakit-akit sa mga tao ang pagmamahal sa mga bagay na kanilang pinagnasaan; mga kababaihan, mga anak, mga labis na bunton ng pinag-ipunang ginto at pilak, ng mga naggagandang uri ng kabayo, at mga hayupan at linang na mga (sakahang) lupa. Ito ang kasiyahan ng kasalukuyang buhay sa mundo; nguni't sa Allah, (ay may) isang pinakamahusay na pagbabalik ang naghihintay mula sa Kanya (ang Paraiso)."*** *(*Qur'an 3:14)

Likas sa tao ang pagiging masidhi na makamtan ang mga kaakit-akit na palamuti at kagandahan ng daigdig na ito. Ang mga tao ay mayroong pagkakaiba-iba sa pamamaraang makamtan ang mga bagay na ito. Ang iba ay maaring makamtan ito sa mabuting pamamaraang umaalinsunod sa batas samantalang ang iba ay maaaring humantong sa paggamit ng mga masasama at mararahas na pamamaraan.

Ang mga pinuno ng Quraish ay nagtangkang himukin ang Propeta (ﷺ) na itigil ang pag-anyaya sa mga tao sa Islam. Sila ay nagsabi sa kanya na siya ay gagawin nilang pinuno ng Quraish, at ipakakasal siya sa mga naggagandahang babae, at gagawin siyang isa sa mga bantog at makapangyarihang taong kabilang sa kanila. Siya ay sumagot sa mga nakatutuksong alok, at nagsabing: ***'Sumpa man sa Allah, kung ilalagay nila ang araw sa aking kanang kamay, at ang buwan sa aking kaliwang kamay upang lisanin ang bagay na ito, hindi ko ito magagawang lisanin hanggang ito ay***

***gawing malinaw ng Allah o ako ay mapatay sa pag-anyaya sa tao para dito.*'** (Ibn Hisham)

Kung ang Propeta Muhammad (ﷺ) ay isang huwad o impostor, katiyakang tatanggapin niya ang mga alok na walang pagtanggi.

Si Thomas Carlyle, ay nagsabi: 'Sila ay tinawag na isang Propeta, sinabi mo? Bakit, sapagka't siya ay nanindigan nang matatag sa kanilang harapan, dito, hindi nababalutan ng anumang himala, malinaw na siya ay nakikitang nakasuot ng kanyang balabal, nagsusulsi ng sariling sapatos, nakikipaglaban, nagbibigay payo sa gitna nila. Maaaring nakita nila kung anong uri ng tao siya, hayaan siyang tawagin kung anong nais nila. Walang isang emperor na may korona na sinunod nang katulad ng pagsunod nila sa taong ito na nakasuot ng balabal ng sariling kapangyarihan. Sa dalawampu't tatlong taon (23) ng mahirap at aktuwal na pagsubok, aking natagpuan ang isang tunay na bayani na kailangan para gayong sarili.'[17]

5. **Ito ay Isang Katotohanang Bagay na Ang Mga Kinasasakupan at Kayamanan ng Isang Kaharian ay Nasa Kamay o Kapamahalaan ng Hari.** Tungkol kay Propeta Muhammad (ﷺ) nababatid niya na ang buhay dito ay pansamantala lamang. Si Ibraheem b. Alqamah ay nagsabi na sinabi ni Abdullah na: 'Ang Propeta (ﷺ) ay nakahiga sa banig na yari sa palapa ng palmera na nagkamarka sa

[17] 'Heroes, Hero-Worship and the Heroic in History'

kanyang tagiliran, kaya, sinabi ko: 'O Sugo ng Allah! Ipapalit ko para sa iyo ang aking ina at ama! Tulutan mo kaming lagyan ng sapin ang iyong banig na maari mong higaan upang ang iyong tagiliran ay hindi magkabakas.' Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: ***'Ang aking halimbawa sa buhay na ito ay tulad ng isang naglalakbay na namahinga sa ilalim ng isang punongkahoy pagkatapos siya ay nagpatuloy sa kanyang paglalakbay.'*** (Ibn Majah #4109)

Si An-Nu'man b. Basheer, ay nagsabi: ***'Nakita ko ang inyong Propeta (sa panahon) na wala siyang matagpuang kahit mumurahing uri ng datiles upang lamnan ang kanyang sikmura.***' (Muslim #2977)

Si Abu Hurairah (رضي الله عنه) ay nagsabi: ***'Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay hindi kumain ng tatlong sunud-sunod na araw hanggang* sa *kanyang kamatayan.***' (Bukhari #5059)

Bagaman ang Tangway (Peninsula) ng Arabia ay nasa ilalim ng kanyang kapamahalaan, at siya ang pinagmumulan ng kabutihan para sa kanyang mga mamamayan, kung minsan, ang Propeta (ﷺ) ay walang matagpuang pagkain upang mawala ang kanyang pagkagutom. Ang kanyang asawa, si A'ishah (kalugdan nawa siya ng Allah) ay nagsabi na ang Propeta (ﷺ) ay bumili ng ilang pagkain mula sa isang Hudyo (at napagkasunduang bayaran siya sa darating na araw) at ibinigay niya ang kanyang espada bilang sanla.' (Bukhari #2088)

Hindi ito nangangahulugan na hindi siya makakukuha ng anumang kanyang nais; sapagka't ang salapi at yaman ay inilalagay sa kanyang harapan ng kanyang Masjid, at hindi siya gumagalaw mula sa kanyang kinaroroonan hanggang ito ay ipamahagi niya sa mga mahihirap at dukhang nangangailangan.

Kabilang sa kanyang mga kasamahan ay ang mga mayayaman at kilala sa kanilang lipunan, sila ay mabilis na nagsisilbi sa kanya at handang ipagkaloob sa kanya ang pinakamamahaling bagay para sa kanya. Ang dahilan kung bakit tinalikdan ng Propeta (ﷺ) ang mga yaman ng mundong ito ay sapagka't nababatid niya ang katotohanan ng buhay na ito. Siya ay nagsabi: ***'Ang kahalintulad ng mundong ito sa Kabilang buhay, ay tulad ng isang tao na inilubog ang kanyang daliri sa karagatan, hayaan niyang matunghayan kung ano pagbabalik.'*** (Muslim #2858)

Si Reverend Bosworth Smith ay nagsabi: "*Kung mayroon mang isang tao na may karapatang maging tagapamahala sa pamamagitan ng makadiyos na panuntunan, ito ay si Muhammad, sapagka't nasa kanya ang lahat ng lakas (ng kapangyarihan) na hindi ginamitan ng sandata sa pagtataguyod nito. Hindi niya pinahahalagahan ang palamuti ng kapangyarihan. Ang kasimplehan ng kanyang pribadong buhay ay ang pananatili ng kanyang buhay sa publiko'*[18]" Ito ang puna ni Bosworth Smith, sa kanyang aklat na "Mohammad and Mohammadanism", London, 1874 pahina 72.

[18] Muhammad and Muhammadanism

6. May mga pangyayaring naganap sa Propeta ng Allah (ﷺ) na nangangailangan ng paliwanag, subali't wala siyang magawang anupamang bagay sa dahilang wala siyang natanggap na kapahayagang hinggil doon. Sa panahong ito (i.e. sa pagitan ng pangyayari at kapahayagan) siya ay hapung-hapo. Isa sa mga pangyayari ay ang naganap sa *Ifk'*[19] na kung saan ang asawa ng Propetang si A'ishah (kalugdan nawa siya ng Allah) ay napagbintangan ng pagtataksil. Ang Propeta (ﷺ) ay hindi nakatanggap ng kapahayagan hinggil sa pangyayaring ito sa loob ng isang buwan; sa panahon na ang kanyang mga kaaway ay nagsasalita ng masama sa kanya hanggang sa pagsapit ng kapahayagan na nagpapawalang-sala kay A'ishah. Kung naging impostor lamang ang Propeta (ﷺ) ay dapat nabigyan niya kaagad ng kalutasan nang maganap ang pangyayaring ito. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

***"O di kaya siya ay magsalita mula sa kanyang sariling pagnanasa."*** (Qur'an 53:3)

7. Ang Propeta (ﷺ) ay hindi humingi sa mga tao upang siya ay bigyan ng papuri. Subali't kasalungat nito, ang Propeta (ﷺ) ay hindi natutuwa kung ang tao ay pumupuri sa kanya sa anumang paraan. Si Anas, (رضي الله عنه): *'Walang ibang tao na pinakamamahal sa kanyang mga kasamahan maliban sa Sugo ng Allah.' Kanyang sinabi: 'Kapag siya ay kanilang nakita, sila ay*

[19] i.e. Ito ay isang pangyayari nang ang mga mapagkunwari ay pinagbintangan si A'ishah, (nawa'y kinalugdan siya ng Allah), na isang babaing nagtaksil.

*hindi na tatayo para sa kanya dahil nababatid nilang hindi niya ito nagugustuhan.'* (Tirmidthi #2754)

Si Washington Irving ay nagsabi: *'Ang kanyang tagumpay sa larangan ng militar ay walang napukaw na anumang pagmamalaki o di kaya ng labis na pagyayabang na dapat nilang ginawa kung sila man ay nasilaw sa mga hangaring makasarili. Sa panahon ng katanyagan ng kanyang kapangyarihan ay napanatili niya ang kababaang-loob at kaanyuang tulad sa panahon ng kanyang paghihirap. Malayong masangkot sa katayuang makahari, nayayamot ang kanyang kalooban kapag siya ay pumasok sa isang pagtitipon na may nakitaan siyang mga hindi karaniwang pagpaparangal sa kanya.'*

8. May mga talata sa Banal na Qur'an na ipinahayag na kung saan ang Propeta (ﷺ) ay sinisisi at pinaalalahanan nang dahil sa ibang mga pangyayaring katulad ng:

a. Ang Salita ng Dakilang Allah :

***"O Propeta! Bakit mo ipinagbabawal (sa iyong sarili) ang mga bagay na sa iyo ay ipinahintulot ng Allah, na iyong hinahangad upang bigyang kasiyahan ang iyong mga asawa? At ang Allah ay Lagi nang Mapagpatawad, ang Maawain.***" (Qur'an 66:1)

Ang Propeta (ﷺ) ay umiwas na kumain ng pulut-pukyutan dahil sa mga asal ng iba niyang mga asawa. Pagkaraan, siya

ay pinayuhan ng Allah (ﷻ) dahil ipinagkakait niya sa kanyang sarili ang bagay na pinahintulutan sa kanya.

b. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

"***Nawa'y ikaw ay patawarin ng Allah (O Muhammad) bakit mo sila hinayaan maiwan hanggang yaong nagsabi ng katotohanan ay iyong makita sa malinaw na liwanag, at nakita mo sana ang mga sinungaling?***" (Qur'an 9:43)

Pinagpayuhan ng Dakilang Allah ang Propeta (ﷺ) sapagka't kaagad niyang tinatanggap ang mga kasinungalingang pagdadahilan ng mga mapagkunwari nang ang mga ito ay nagpaiwan sa panahon ng Digmaan sa Tabuk. Sila ay kanyang pinatawad at tinanggap ang kanilang mga kadahilanan bagaman sila ay hindi niya inusisa.

k. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

"***Hindi (naaangkop) para sa (dangal ng) isang Propeta na siya ay nararapat na magkaroon ng mga bilanggo ng digmaan hanggang kanyang (lubusang) magapi (ang kanyang mga kaaway) sa lupain. Inyong pinagnasaan ang mabubuting kapakinabangan ng mundong ito. Subali't ang Allah ay nagnasa (para sa inyo) ng Kabilang Buhay. At ang Allah ay Ganap na Makapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.***" (Qur'an 8:67)

d. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

"***Wala sa iyo (O Muhammad bagkus nasa Allah) ang karapatang magpasiya; maging Siya man ay maggawad ng***

***Habag upang magpatawad sa kanila o magparusa sa kanila, katotohanan, sila ang Zalimun (mga taong di-makatarungan*).**" (Qur'an 3:128)

e. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

***"[Ang Propeta ay] Nagkunot nu'o at tumalikod,sapagka't lumapit sa kanya ang isang bulag (na si Abdullah Ibn 'Ummi na sumabad sa kanya habang siya ay nangangaral sa pinuno ng mga Quraish). At paano mo nga ba malalaman kung sakaling siya man ay magpakadalisay (mula sa kanyang mga kasalanan)? O (baka sakaling) siya ay tumanggap ng katuruan at maging kapakinabangan ito sa kanya?"*** (Qur'an 80:1-4)

Si Abdullah b. Umm Maktoom (ﷺ), na isang bulag ay lumapit sa Propeta (ﷺ) habang siya ay nangangaral sa isa o sa mga pinuno ng Quraish, ang Propeta (ﷺ) ay napakunot-nuo at tinalikuran ito – at siya ay pinayuhan ng Allah (ﷻ) nang dahil sa pangyayaring ito. Samakatuwid, kung ang Propeta (ﷺ) ay isang huwad o impostor, ang mga talata na ito ay maaaring hindi matagpuan sa Qur'an.

Si Muhammad Marmaduke Pickthall ay nagsabi: *'Isang araw, ang Propeta (ﷺ) ay nakikipagtalakayan sa isa sa mga mataas na tauhan ng Quraish upang ito ay anyayahan tungo sa katotohanan ng Islam, ang isang bulag ay lumapit sa kanya at nagtanong hinggil sa pananampalataya. Ang Propeta ay nayamot dahil sa pagsingit nito, kaya siya ay napakunot noo at sabay na tinalikuran ang bulag na lalaki. Sa talatang ito, siya ay*

*pinagsabihan na ang kahalagahan ng lalaking ito ay hindi mahuhusgahan ayon sa kanyang kaanyuan o mga makamundong katungkulan. '*[20]

9. Isa sa mga tiyak na palatandaan ng kanyang pagiging tunay na Propeta ay matatagpuan sa Kabanata ng *Lahab* (Bilang 111) sa Qur'an. Sa kabanatang ito ay napapaloob ang pagkondena ng Allah (ﷻ) kay Abu Lahab (ang tiyuhin ng Propeta) tungo sa kaparusahan ng Impiyerno. Ang kabanatang ito ay ipinahayag noong bago pa lamang ang kanyang pagpapalaganap (*Da'wah)* sa Islam. Kung ang Propeta (ﷺ) ay isang huwad o impostor maaaring hindi niya ipalalabas ang ganitong pasiya sapagka't ang kanyang tiyuhin ay maaaring yumakap sa Islam sa mga darating na panahon!

Sinabi ni Dr. Gary Miller: *'Halimbawa, ang Propeta (ﷺ) ay may tiyuhin na ang pangalan ay si Abu Lahab. Ang taong ito ay matindi ang pagkamuhi sa Islam kung kaya, kahit saan magtungo ang Propeta ay sinusundan at hinihiya niya ito. Kung makita niya ang Propeta (ﷺ) na nakikipagkuwentuhan sa mga taong estranghero, ay hinihintay niyang matapos ito subali't kapag sila ay naghiwalay na, ay pinupuntahan ni Abu Lahab ang estranghero at inuusisa kung ano ang kanilang pinag-usapan, 'ano ang sinabi niya sa iyo? Sinabi ba niyang itim? Hindi, dahil ito ay puti. Sinabi ba niyang 'umaga'? 'Hindi, dahil ito ay gabi'. Sinasabi niya nang buong katapatan ang mga bagay na sumasalungat sa anumang kanyang narinig na sinabi ng Propeta*

[20] The Glorious Qur'an pg. 685

*Muhammad (ﷺ). Subali't, halos sampung taon bago pa mamatay si Abu Lahab, may maikling kabanata sa Qur'an na ipinahayag sa Propeta na maliwanag na nagsasabing si Abu Lahab ay itatapon sa Apoy (Impiyerno). Samakatuwid, ito ay nagbibigay patunay na si Abu Lahab ay kailanman ay hindi magiging Muslim. Sa loob ng sampung taon, ay walang ginawa si AbuLahab maliban sa paulit-ulit niyang sinasabi, 'Narinig ko na ipinahayag kay Muhammad na kailanman ay hindi ako magbabago – na kailanman ako ay hindi magiging Muslim at ako ay papasok sa Impiyerno. Kung gayon, gusto kong maging Muslim ngayon. Magugustuhan mo ba ito? Ano sa palagay mo ngayon ang masasabi mo sa iyong banal na kapahayagan? Nguni't, kailanman ay hindi niya nagawang maging Muslim. Sa kabila ng katotohanan, iyon ang eksaktong pag-aasal na inaasahan ng sinuman mula sa kanya sapagka't siya ay lagi nang sumasalangsang sa kapahayagan ng Islam. Sa madaling salita, si Muhammad (ﷺ) ay nagsabi: 'Kinamumuhian mo ako at nais mong ako ay iyong patayin? Narito, sabihin mo ang mga salita, at ako ay mamamatay. Halika, sabihin mo ang mga ito!' Nguni't kailanman ay hindi nagawang sabihin ito ni Abu Lahab. Sampung taon! At sa lahat ng panahon ng kanyang buhay, hindi niya niyakap ang Islam at kailanman ay walang siyang malasakit sa pagpapalaganap ng Islam. Paano makatitiyak si Muhammad na tutuparin ni Abu Lahab ang kapahayagan ng Qur'an tungkol sa kanya kung siya (Muhammad) ay hindi tunay na Sugo ng Allah? Paano siya magkakaroon ng gayong tiwala na umabot ng sampung taon upang ipawalang katotohanan ang kanyang pagiging Propeta? Ang tanging kasagutan ay siya ay tunay na Sugo ng Allah sapagka't sa paglahad ng gayong mapanganib na hamon, ang isa*

*ay nararapat na magkaroong ng ganap na pananalig na siya nga ay mayroong tangang banal na kapahayagan.'*[21]

10. Ang Propeta (ﷺ) ay tinawag na 'Ahmed' sa isang talata ng Qur'an sa halip na 'Muhammad'. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

***"At (alalahanin) nang si Issa (Hesus), anak ni Maryam (Maria), ay nagsabi: O, Angkan ni Israel! Ako ay Sugo ng Allah sa inyo, na nagpapatunay sa Tawrat [Torah na dumating] na una sa akin, at nagbibigay ng magandang balita tungkol sa isang Sugo na darating pagkaraan ko, na ang pangalan ay Ahmad. Nguni't nang siya (Ahmad i.e Muhammad) ay dumating sa kanila na may dalang malinaw na katibayan, sila ay nagsabi: "Ito ay isang malinaw na salamangka."*** " (Qur'an 61:6)

Kung siya nga ay isang huwad na Propeta, ang pangalan 'Ahmed' ay hindi babanggitin sa Banal na Qur'an.

11. Ang *Deen* relihiyong Islam ay naririto pa rin hanggang sa kasalukuyan at ito ay lumalaganap sa buong mundo. Libu-libong tao ang yumayakap sa Islam at higit na kinasisiyahan kaysa sa ibang relihiyon. Ito ay nangyayari sa kabila na ang mga tagapaglaganap ng Islam ay kapos sa mga pananalapi tulad ng inaasahan at sa kabila ng pagtatangka ng mga kaaway ng Islam na hadlangan ang paglaganap nito. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

[21] The Amazing Qur'an

***"Katotohanan, Kami, (at) tanging Kami (lamang) ang nagpahayag ng Dkhir (ang Qur'an) at katiyakan, na ito ay Aming pangangalagaan (sa anumang katiwalian).*" (**Qur'an 15:9)

Si Thomas Carlyle ay nagsabi: *'Isang huwad na tao ay nakapagtatag ng isang relihiyon? Kung gayon, bakit, ang isang huwad na tao ay hindi makapagpatayo ng isang bahay na yari sa tipak ng bato! Kung hindi niya nalalaman at sinusunod ang tunay na sangkap ng mortar, sinunog ang luwad at kung ano pang gawain, hindi bahay ang kanyang magagawa kundi mga inimbak na basura. Ito (ang Islam) ay hindi magtatagal ng labindalawang siglo, upang pigilin ang isang daan at walumpung milyong, at tiyak na ito ay guguho nang tuwiran. Maraming kilala at bantog na pinuno sa mundong ito subali't ang kanilang huwad na kapangyarihan ay naglaho sa kanilang harapan sa isang araw lamang. Ito ay katulad ng hinuwad na papel ng bangko; ito ay dumadaan sa kanilang walang kabuluhang mga kamay. Ang mga Digmaan ng Pransiya at mga tulad nito ay nagpahayag ng katapatan o katotohanan na ang hinuwad na papel ay huwad. Nguni't ang isang Dakilang Tao lalo na siya (si Muhammad) ako ay magsisikhay upang ipaglaban na katotohanan na siya ay higit pa sa isang tunay (na tao). Para sa akin ang pangunahing haligi niya at ng lahat ng nakasalalay sa kanya, ay ito (ang katotohanan ng kanyang mensahe, ang Qur'an).'*[22]

Pinangalagaan ng Propeta (ﷺ) ang Banal na Qur'an, pagkaraang pangalagaan ito ng Allah (ﷻ) sa puso ng mga

[22] 'Heroes, Hero-Worship and the Heroic in History'

tao, henerasyon pagkaraan ng bawa't henerasyon. Katunayan, ang pagsasaulo, at ang pagbigkas nito, ang pag-aaral at pagtuturo nito ay kabilang sa mga bagay na ginagawa ng isang Muslim sapagka't ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: **'Ang pinakamabuti sa inyo ay yaong natutunan ang Qur'an at ito ay itinuturo (sa iba).'** (Bukhari #4639)

Marami ang nagtangkang dagdagan at bawasan ang mga talata mula sa Banal na Qur'an, subali't sila ay hindi nagtagumpay kailanman sapagka't ang mga kamalian ay kagyat na natatagpuan. At tungkol sa Sunnah ng Sugo ng Allah (ﷺ) na siyang pangalawang pinagmumulan ng Batas ng Islam (Shari'ah), ito ay pinangalagaan din ng mga mapagkakatiwalaan at mabubuting Muslim. Kanilang ginugugol ang kanilang buhay upang tipunin ang mga Sunnah, at kanilang sinusuri kung alin ang mapananaligan at hindi mapananaligan. At kanilang ipinaliwanag din ang alinmang salaysay na walang batayan. Sinuman ang bumasa sa mga aklat na sinulat tungkol sa mga Hadeeth ay mapag-aalaman ito kung ang mga salaysay ay tunay ngang mapananaligan.

Si Michael Hart ay nagsabi: *'Naitatag at naipalaganap ni Muhammad* (ﷺ) *ang isa sa dakilang relihiyon ng mundo*[23], at siya ay naging isang kagila-gilas ng pinunong pampolitiko. Sa panahon ngayon, labingtatlong siglo pagkaraan ng kanyang kamatayan, ang kanyang impluwensiya ay makapangyarihan pa rin at nananatili.'

[23] Kami ay naniniwala na ang Islam ay Banal na Kapahayagang nagmula sa Allah, at hindi ito itinatag ni Propeta Muhammad (ﷺ).

12. **Ang Mapananaligan at Makatotohanan ng Kanyang Prinsipiyo at Ang Mga ito ay Mainam at Angkop sa Bawa't Panahon at Pook**. Ang bunga ng pagsasakatuparan ng Islam ay malinaw at natatangi, na siyang sumasaksi na ito ay tunay na kapahayagan mula sa Nag-iisang Diyos, ang Allah (ﷻ). Karagdagan pa nito, bakit hindi posible para kay Propeta Muhammad (ﷺ) na maging isang Propeta – maraming Propeta at Sugo ang ipinadala na nauna sa kanya. Kung ang kasagutan sa katanungang ito ay walang bagay ang makapipigil dito, samakatuwid, bakit ninyo itinatanggi ang pagiging Propeta (ﷺ) niya at kinikilala naman ninyo ang pagiging Propeta ng iba?'

13. Ang isang tao ay hindi maaaring maglahad ng batas na katulad ng batas ng Islam na sumasaklaw sa bawa't aspeto ng buhay tulad ng pakikipagkalakalan, pag-aasawa, panlipunang pag-uugali, politika, mga gawaing pagsamba at maraming pang iba. Kaya, paanong ang isang di-nag-aral ay makapagdala ng gayong batas. Hindi ba ito ay malinaw na katibayan at tanda ng kanyang pagiging tunay na Propeta?

14. Ang Propeta (ﷺ) ay hindi nagsimulang manawagan sa tao na yakapin ang Islam hanggang sa gulang niyang apatnapu. Ang kanyang kabataan ay lumipas at sa gulang na dapat ay namamahinga na siya at gugulin ang nalalabing panahon sa kasayahan, nguni't ito ang gulang na siya ay itinakda bilang Propeta (ﷺ) at siya ay pinag-utusang magpalaganap ng Islam.

Si Thomas Carlyle ay nagsabi: *'Ito ay sadyang sumasalungat laban sa paniniwalang siya ay Huwad na Propeta, sapagka't, katotohanan na siya ay nabuhay na hindi kakaiba, ganap na mapayapa at karaniwang pook hanggang dumating sa kanyang panahon (ang init) ng pagiging Propeta. Siya ay apatnapung taon bago siya nagsalita ng anumang adhikain mula sa langit. Ang lahat ng kanyang "sinasabi nilang ambisyon niya" ay tila upang mabuhay ng mabuti; ang kanyang "katanyagan" ay mga haka-haka lamang ng kanyang mga kapitbahay na nakakikilala sa kanya ay sapat na rito hanggang siya ay tumanda na, na ang kadalisayan ng init ng kanyang buhay ay lumabas at ang kapayapaan ay tanging bagay lamang na kanyang maibibigay sa buong mundo. Sa aking sarili, wala akong maibabahaging paniniwala tungkol sa haka-hakang (ipinararatang na) ito.'*[24]

## Ano Ang Kabuuang Kahulugan ng "Muhammadar Rasulullah": (Si Muhammad ay Sugo ng Allah, ﷺ)

1. Ang maniwala sa Mensahe ng Propeta (ﷺ) na siya ay isinugo sa sangkatauhan; kaya, ang mensahe ng Islam ay hindi nakalaan sa isang pangkat ng mamamayan lamang at

[24] 'Heroes, Hero-Worship and the Heroic in History'

hindi ito angkop lamang sa isang takdang panahon. Higit sa lahat, ang Islam ay para sa lahat ng tao, sa lahat ng panahon at sa lahat ng kalagayan hanggang sa pagsapit ng Huling Araw. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

***"Ang Mapagpala ang Siyang nagbaba ng pamantayan sa Kanyang alipin (si Muhammad) upang siya ay magbigay ng babala sa sangkatauhan."*** (Qur'an 25:1)

2. Ang maniwala na ang Propeta (ﷺ) ay walang pagkakamali sa larangan ng relihiyong Islam *(Deen)*. Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***"Hindi siya nagsasalita nang ayon sa kanyang pagnanasa. Ito ay isa lamang inspirasyong ipinahayag (sa kanya)."*** (Qur'an 53:3-4)

Tungkol sa mga gawaing nauukol sa mundong ito, ang Propeta (ﷺ) ay tao lamang at maaaring magbigay ng *Ijtihaad* (i.e. pagbigay ng sariling pasiya) sa gayong bagay o pangyayari. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: ***"Inyong isinalaysay ang inyong mga kaso sa akin –ang iba sa inyo ay higit na mahusay na magpaliwanag (o magsalaysay) at kapani-paniwala sa pagsasalaysay ng pangyayari kaysa sa iba. Kaya, kung ako ay nagbigay ng karapatan (nang may kamalian) para sa iba sanhi ng salaysay ng kaso ng nauna; ako ay nagbigay sa kanya ng kapirasong apoy; kaya, ito ay hindi niya dapat kunin."*** (Pinagtibay at Pinagkasunduan)[25]

[25] i.e. Sina Imam Bukhari at Imam Muslim ay kapwa nagsalaysay sa Hadeeth na ito sa kanilang Pinagtipunang Hadeeth sa pamamagitan ng magkatulad na kasamahan.

Sinabi niya (ﷺ) sa ibang salaysay na: "***Ako ay tao lamang; ang magkakaaway ay lumalapit sa akin upang lunasan ang kanilang mga hidwaan. Maaaring ang iba sa inyo ay magsalaysay nang higit na mahusay kaysa sa iba, at maaari kong isaaalang-alang siya bilang matuwid na tao at magbigay ng hatol sa kanyang panig. Kaya, kung ako ay nagbigay ng karapatan ng iba sa paraang mali, samakatuwid, ito ay isang bahagi lamang ng apoy ng Impiyerno. Kaya, mayroon siyang pagpipilian, ang tanggapin niya o talikdan ito bago dumating ang Araw ng Pagkabuhay Muli. "*** (Pinagtibay at Pinagkasunduan )

3. Ang maniwala na ang Propeta (ﷺ) ay isinugo bilang Habag sa Sangkatauhan. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

***"At ikaw (O Muhammad) ay Aming isinugo bilang Habag para sa sangkatauhan."*** (Qur'an 21:107)

Ang Dakilang Allah ay tiyak na nagsabi ng katotohanan. Sinabi Niya; '**At sino ba ang higit na makatotohanan sa pananalita kaysa sa Allah** (سبحانه وتعالى)**?'** Ang Propeta (ﷺ) ay isang Habag sa Sangkatauhan. Inilayo niya ang tao mula sa pagsamba sa mga bagay na nilikha lamang, at kanyang pinatnubayan sila tungo sa pagsamba sa Tagapalikha ng lahat. Inilayo niya ang tao mula sa kawalang katarungan ng mga huwad na relihiyon tungo sa makatuwiran at makatarungang relihiyon ng Islam. Inilayo niya ang tao mula sa makamundong buhay tungo sa mga gawaing maghahatid sa kanya sa Kabilang Buhay.

4. Ang matatag na maniwala na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ang pinakadakilang Propeta at Sugo, at ang Huling Propeta at Sugo (ﷺ). Walang Propeta o Sugo ang darating pa pagkaraan niya. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

"***Si Muhammad ay hindi ama ng sinuman sa inyong mga kalalakihan, nguni't Siya ang Sugo ng Allah at huli sa (kawing ng) mga Propeta. At ang Allah ang lagi nang Lubos na Maalam sa bawa't bagay.***" (Qur'an 33:40)

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: ***"Ako ay ginawaran ng pagpapala nang higit sa lahat ng Propeta ng anim na bagay: Ako ay binigyan ng kakayahan ng Jawami al-Kalim,[26] (ang kakayahang magsalita ng maikli nguni't makahulugan at mahalaga) ang maghasik ng takot sa puso ng mga kaaway, ang labi ng digmaan ay pinahihintulot sa akin na kuhanin, at ang buong kalupaan ay itinuturing bilang pook ng pagdarasal, at paraan ng paglilinis, at ako ay isinugo sa buong sangkatauhan, at ako ang Huling Propeta."*** (Muslim & Tirmidthi)

5. Ang matatag na maniwala na ang Propeta (ﷺ) ay ganap na naihatid o naipalaganap sa atin ang *Deen* ng Islam, sa kabuuang aspeto nito. Hindi maaaring magdagdag o magbawas mula sa relihiyong Islam (*Deen).* Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

---

[26] *Jawami al-Kalim* (maikli nguni't makahulugang salita) ito ay isa sa mga himala ng Propeta (ﷺ). Ang Propeta (ﷺ) ay magsasabi ng maikli nguni't may mahalaga at makahulugang salita.

"***Sa araw na ito, Aking ginawang ganap ang inyong relihiyon para sa inyo, Aking nilubos ang pagpapala sa inyo at pinili para sa inyo ang Islam bilang inyong relihiyon."*** (Qur'an 5:3)

Ang Islam ay isang kabuuang pamamaraan ng buhay; saklaw nito ang aspetong panlipunan, pampolitikal, pangkabuhayan at kagandahang-asal. Ito ay nag-aakay sa isang tao upang mabuhay nang matiwasay sa mundong ito at maging sa Kabilang Buhay.

Si Thomas Carlyle ay nagsabi (tungkol sa mga Muslim at Qur'an): 'Ang mga Mahometans ay nagsasaalang-alang sa kanilang Koran nang may kabanalan samantalang kakaunti sa mga kristiyano ang nagsasalang-alang sa kanilang Bibliya. Ito ay tinatanggap sa lahat ng dako bilang pamantayan ng lahat ng batas at lahat ng pagsasanay; ang bagay na haka-haka ay lumipas na; ang mensahe ay ipinadala nang tuwiran mula sa langit, na siyang dapat na pinagtibay ng daigdig at siyang dapat tahakin; ito ang isang bagay na dapat basahin. Ang kanilang mga hukom ay nagpapasiya sa pamamagitan nito, ginawang isang tungkulin ng lahat ng Moslem na pag-aralan ito, ginagawang batayan para sa liwanag ng kanilang buhay. Sila ay mayroong mga *Masjid* na kung saan ito ay kanilang binabasa araw-araw; sa loob ng labindalawang daan taon, ito ay nagkaroon ng tinig, sa lahat ng sandali, nananatiling may tinig sa mga tainga at puso ng maraming tao. Aming narinig mula sa mga Mahometan Doktors na kanilang nabasa ito ng pitumpung libong ulit!'[27]

[27] 'Heroes, Hero-Worship and the Heroic in History'

6. Ang buong katatagang maniwala na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay ganap na naihatid ang mensahe ng Allah at siya ay nagbigay ng tapat na payo sa kanyang pamayanan (*Ummah*). Walang kabutihan maliban na pinatnubayan niya ang kanyang pamayanan sa bagay na ito, at walang gawaing makasalanan maliban na binigyang babala niya ang tao mula rito. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsalita sa kanyang *Huling Khutbah* (sermon) sa panahon ng *Hajj*: ***"Hindi ko ba naihatid (naipalaganap) ang Mensahe ng Allah sa inyo?' Sila ay sumagot, 'Oo (ito ay iyong nagawang maipalaganap).' Siya ay nagsabi: 'O Allah! Ikaw ay Saksi!"*** (Agreed Upon)

7. Ang maniwala na ang *Shari'ah* (Batas ng Islam) ni Muhammad (ﷺ) ay ang tangi at isang kinikilala at tinatanggap na Batas (o *Shari'ah*). Ang sangkatauhan ay hahatulan batay sa Batas na ito (ang Shari'ah ng Islam). Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***"At sinumang humanap ng iba pang relihiyon bukod sa Islam, ito ay hindi tatanggapin sa kanya kailanman, at sa Kabilang buhay siya ay kabilang sa mga nawalan (o talunan).***[28]*"* (Qur'an 3:85)

[28] Binibigyang babala ng Allah yaong pumipili ng ibang relihiyon kaysa sa pananampalatayang Kanyang ipinadala nang may mga Aklat at mga Sugo, walang iba kundi ang pagsamba sa Allah lamang nang walang katambal. Na kung Kanino sumusuko ang lahat ng nilikha sa mga kalangitan at sa kalupaan, kusa man o hindi (Quran-13:15). Samakatwid, ang matapat na mananampalataya ay sumusuko sa Allah nang buong damdamin at katawan, samantalang ang mga hindi nananampalataya ay sumusuko sa Allah sa katawan lamang nang hindi kinukusa sa dahilang sila ay napapailalim sa kapangyarihan ng Allah, di-mapaglalabanang pamamahala at makapangyarihang paghahari na hindi maaaring iwasan o labanan. Samakatwid ang kanilang pangangatawan ay walang pagpipilian kundi sumunod

8. Ang maging masunurin sa Propeta (ﷺ). Ang Dakilang Allah ay nagsabi: "***At sinumang sumunod sa Allah at sa Sugo (Muhammad), samakatuwid, makakasama nila ang mga pinagkalooban ng Allah ng Kanyang Pagpapala, ang Nabiyyeen (mga Propeta), ang Siddiqeen (mga matatapat at pangunahing mga tagasunod ng mga Propeta), ang Shuhada (mga martir), at ang Saliheen (mga matutuwid). At sadyang napakahusay ng mga kasamahang ito!***" (Qur'an 4:69)

Ang pagsunod sa Propeta (ﷺ) ay pagsunod sa anumang kanyang ipinag-uutos at pagtalikod sa anumang kanyang ipinagbabawal. Ang Dakilang Allah ay nagsabi: "***…At anumang ipagkaloob ng Sugo sa inyo, tanggapin ito; at anuman ang kanyang ipagbawal sa inyo, umiwas mula rito.***" (Qur'an 59:7)

Ang Dakilang Allah ay nagsabi at binigyang linaw ang kaparusahan ng sinumang hindi umiiwas mula sa anumang ipinagbabawal ng Propeta (ﷺ). Siya ay nagsabi:

"***At sinuman ang sumuway sa Allah at sa Kanyang Sugo (Muhammad), at lumabag sa Kanyang (itinakdang) hangganan, siya ay itatapon Niya sa apoy, upang mamalagi (siya) roon, at siya ay magkakaroon ng kasakit-sakit na parusa***[29]." (Qur'an 4:14)

---

sa batas na itinakda ng Allah sa kanya; iniluwal na sanggol, gumapang, umupo, lumakad, tumanda at mamamatay.

[29] Isinalaysay ni Abu Hurayrah (رضي الله عنه) na si Propeta Muhammad (ﷺ) ay nagsabi*: Isang lalaki o isang babae ang maaaring magsagawa ng mga gawaing pagsunod sa Allah sa loob ng animnapung taon. Magkagayunman, nang siya'y malapit ng mamatay, nag-iwan siya ng isang di-makatarungang pamana at sa gayo'y nakamit niya ang Apoy.* (Abu Dawud)

9. Dapat na tanggapin ng buong puso at kasiyahan ang hatol ng Sugo ng Allah (ﷺ) at huwag mag-alinlangan o sumalangsang kung ano ang minarapat at pinahintulutan ng Propeta (ﷺ). Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

***"Nguni't hindi, sumpa man sa iyong Rabb, sila ay hindi magkakaroon ng pananampalataya hangga't hindi ka nila ginagawang tagapaghatol sa lahat ng kanilang hidwaan,[30] at matatagpuan ang mga sariling walang pagtutol sa iyong mga kapasiyahan, at tinatanggap (ang mga ito) nang may lubos na pagpapakumbaba."*** (Qur'an 4:65)

Karagdagan pa rito, ang isang Muslim ay nararapat bigyan ng higit na pagpapahalaga ang Shari'ah kaysa sa anupamang bagay sapagka't ang Dakilang Allah ay nagsabi:

***"Sila ba, kung gayon, ay humahanap ng Hatol (batay) sa (panahon ng Jahiliyah [Kamangmangan[31]])? At sino ba ang nakahihigit pa sa Allah sa paghatol sa mga taong may matatag na pananampalataya?"*** (Qur'an 5:50)

10. Ang manatili (matatag na sumusunod) sa Sunnah ng Propeta (ﷺ). Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

---

[30] Ang Allah (ﷻ) ay sumusumpa mismo sa Sarili Niyang Kaluwalhatian at Karangalan na hindi makakamit ng sinuman ang tunay na pananampalataya hangga't hindi niya isinasangguni sa Propeta (ﷺ) ang anumang hidwaan upang hatulan. Kaya naman, ang anumang ipag-utos ng Propeta (ﷺ) ay siyang maliwanag na katotohanan na dapat tupdin ninuman maging sa kanyang loobin o sa lantaran man.

[31] Isinalaysay ni Ibn Abbas: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi, "Ang kinamumuhiang tao ng Allah (ﷻ) ay tatlo: 1. Ang isang taong lumihis mula sa kagandahang asal, 2 Ang isang taong nagnanais na ang mga kaugalian sa panahon ng Jahiliyah (kamangmangan) ay manatili sa Islam ; 3. isang tao na naglalayong padanakin ang dugo ng sinuman kahit siya ay walang karapatan (na gawin ito)."

***"Sabihin, 'kung tunay nga na inyong minamahal ang Allah, samakatuwid, ako ay inyong sundin, kayo ay mamahalin ng Allah at kayo ay patatawarin sa inyong mga kasalanan. At ang Allah ay laging Mapagpatawad, ang Maawain'."*** (Qur'an 3:31)

Ang isang Muslim ay nararapat pamarisan ang Propeta (ﷺ) at gawin siya bilang dakilang halimbawa. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

***"Katotohanang nasa (katauhan ng) Sugo ng Allah, ang isang magandang huwaran na dapat tularan para sa kanya na umaasa (sa pakikipagharap) sa Allah at sa Huling Araw, at lagi nang nag-alaala sa Allah tuwina."*** (Qur'an 33:21)

Upang sumunod sa Propeta (ﷺ) nararapat na matutuhan at mapag-aralan ang talambuhay niya (ng Propeta Muhammad,ﷺ). Si Zain al-Aabideen ay nagsabi: 'Kami ay tinuruan tungkol sa mga pagkikipaglaban ng Sugo ng Allah (ﷺ) tulad ng pagtuturo sa isang (talata) *Ayah* ng Qur'an.'[32]

11. Ang bigyan ang Propeta (ﷺ) ng mataas na paggalang at pagpapahalaga nang ayon sa kanyang katayuan bilang Dakilang Sugo at Propeta ng Allah (ﷺ). Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: ***'Huwag ninyo akong labis na purihin sapagka't ako ay isa lamang alipin ng Allah bago niya ako itinakda bilang Sugo.'*** (At-Tabrani)

[32] Ibn Katheer, Al-Bidayah and al-Nihayah [The Beginning and the End] Vol. 3, p. 242

12. Ang magsumamo sa Allah na itampok ang pagbanggit sa Propeta (ﷺ). Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

***"Katotohanan, ang Allah ay nagpadala ng Kanyang Salat (Biyaya, Karangalan, Pagpapala, Habag) sa Propeta (Muhammad) at maging ang Kanyang mga anghel (ay nagsusumamo ng pagpapala at kapatawaran sa kanya). O kayong mananampalataya (mga Muslim)! Ipadala ang inyong Salat sa kanya (kay Propeta Muhammad) at ipagsumamo sa Allah na panatilihing ligtas ang Propeta sa anumang masamang bagay)."*** (Qur'an 33:56)

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: ***'Ang kaaba-aba ay ang isang tao na kapag narinig niya ang pagbanggit sa aking pangalan ay hindi nagsusumamo sa Allah upang itampok ang pagbanggit sa akin.'*** (Tirmidthi)

13. Ang mahalin at igalang ang Propeta (ﷺ) sa paraang nararapat at naaangkop sa kanya; sapagka't ang sangkatauhan ay napatnubayan sa pamamagitan niya. Siya ay nararapat mahalin at ituring siyang higit na dapat mahalin kaysa sa sarili' sapagka't ang isang yumakap sa Islam ay magiging masagana sa buhay na ito at sa kabilang buhay. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

***"Sabihin: 'Kung ang inyong mga ama, inyong mga anak na lalaki, inyong mga kapatid na lalaki, ang inyong mga asawa, ang inyong mga kamag-anakan, ang inyong kayamanang pinagkitaan, ang inyong kalakal na pinangangambahang malugi, ang inyong mga tahanang***

***ikinasisiya ay higit na mahalaga sa inyo kaysa sa Allah at sa Kanyang Sugo, at sa pakikipaglaban sa Landas ng Allah, magkagayon, kayo ay magsipaghintay hanggang dalhin ng Allah ang kanyang Pasiya (parusa). At hindi pinapatnubayan ng Allah ang mga taong Fasiq (mapanghimagsik, palasuway sa Allah.***" (Qur'an 9:24)

Ipinaliwanag ng Propeta (ﷺ) ang bunga na pagmamahal sa kanya; sa kanyang naging kasagutan sa taong nagtanong sa kanya: 'Kailan ba ang Araw ng Pagkabuhay-Muli?' Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: ***'Ano ang ipinaglaan mo para rito?' Ang lalaki ay hindi sumagot agad, at pagkaraan ay nagsabi: 'O Sugo ng Allah, hindi ako nagsagawa ng mga (kusang-loob na) pagdarasal, pag-aayuno, o kawanggawa nguni't mahal ko ang Allah at ang Kanyang Sugo.' Ang Propeta ay nagsabi: 'Ikaw ay tatawagan sa Araw ng Pagkabuhay-Muli kasama ng iyong mga minamahal!'*** (Bukhari & Muslim)

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: ***'Kung ang isang tao ay pinanghawakan ang tatlong bagay, kanyang malalasap ang tamis at ganda ng Iman (pananampalataya); (ang una) na ang Allah at Kanyang Sugo ay higit niyang minamahal kaysa sa anumang bagay, (ang ikalawa) ang mahalin ang isang tao nang dahil sa Allah, at (ang ikatlo) ang kamuhian ang pagbabalik niya sa Kufr (kawalan ng pananampalataya sa Allah) pagkaraan ang tao ay ilayo ng Allah mula rito tulad ng pagkamuhi niya na itapon siya sa apoy (ng Impiyerno).***' (Muslim)

Ang paggalang at pagmamahal sa Propeta (ﷺ) ay nangangahulugan din na ang isang Muslim ay nararapat na igalang at mahalin ang sinumang minamahal ng Propeta (ﷺ) tulad ng kanyang pamilya, kanyang mga kasamahan. Nararapat ding kamuhian ng isang Muslim ang kinamumuhian ng Allah (ﷻ) at ng Kanyang Propeta (ﷺ) sapagka't ang Propeta (ﷺ) ay nagmahal at namuhi lamang nang dahil sa Allah (ﷻ).

14. Ipalaganap at anyayahan ang mga tao sa Islam; at ipaliwanag ang *Deen* (relihiyon) ng Allah sa pamamagitan ng paggamit ng tamang kaalaman at mabuting pamamaraan. Ito ay ginagawa sa pamamagitan ng pagtuturo sa walang nalalaman at magpaalala sa isang nakalilimot o di nakaaalam. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

***"Anyayahan (ang sangkatauhan, O Muhammad) sa Landas ng iyong Rabb (Panginoon) nang may karunungan (sa pamamagitan ng Qur'an) at kaaya-ayang pakikipagtalakayan, at makipagtalo sa kanila sa paraang makabubuti. Katotohanan, ang iyong Rabb (Panginoon) ay higit na nakababatid kung sino ang napaligaw mula sa Kanyang Landas, at (Lubos) Niyang natatalos yaong mga napatnubayan."*** (Qur'an 16:125)

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: ***"Ipalaganap sa iba (ang Deen, relihiyong Islam), kahit sa pamamagitan ng isang ayah (talata) lamang."*** (Iniulat ni Tirmidhi)

15. Ang ipagtanggol ang Propeta (ﷺ) at ang kanyang Sunnah, sa pamamagitan ng pagtakwil sa mga di-napananaligang Hadeeth (salaysay) na iniaakibat sa kanya at liwanagin ang lahat ng mga di-mapananaligang paksa na sinasabi ng mga kaaway ng Islam, at ipalaganap ang tunay at malinis na mensahe ng Islam sa mga di-nakaaalam sa kanila.

16. Ang manatiling sumusunod sa Sunnah ng Propeta (ﷺ). Siya ay nagsabi: ***"Dapat na manatili sa aking Sunnah at sa Sunnah ng mga napatnubayang mga Khalifa (pinuno). Humawak nang mahigpit at kumapit sa pamamagitan ng inyong mga bagang[33] (ngiping pang-nguya). At mag-ingat sa mga gawaing Bid'aah (mga gawaing salungat sa aral ng Islam). Sapagka't, katotohanan na ang mga gawaing pagbabago ay Bid'aah (mga gawaing salungat sa aral ng Islam), at bawa't Bid'aah ay (nag-aakay sa) pagkakaligaw (sa patnubay)."*** (Ibn Hibban at Abu Dawood).

---

33 Ito ay isang pakahulugan o pagbibigay halimbawa upang bigyan ng pagpapahalaga ang pagsunod sa Sunnah ng Sugo ng Allah (ﷺ).

## Huling Pananalita

Aming winawakasan ang pananaliksik na ito sa pamamagitan ng mga salita ni **Alphonse de LaMartaine** sa kanyang aklat na **'Historie de al Turquie':**

*'Walang tao na nagtakda para sa kanyang sarili, kusa man o hindi kusa, ng isang dakilang layunin, sapagka't ang layuning ito ay higit pa sa pagiging makatao; upang wasakin ang mga pamahiing pilit na iniugnay sa pagitan ng tao at ng kanyang Tagapaglikha, na ituring ang Diyos bilang tao, at ang tao bilang Diyos; upang mapanatili ang makatuwiran at banal na kaisipan tungkol sa Diyos sa gitna ng kaguluhan ng materyal at di-mawaring anyo ng mga diyos ng idolatriya, na noon ay naroon. Walang tao ang gumawa na lubhang lagpas sa makataong kakayahan sa pamamagitan lamang ng munting pamamaraan, sapagka't taglay niya mula pa sa simula at maging sa (panahon ng) pagsasakatuparan ng gayong dakilang disenyo, na walang kalasag maliban sa kanyang sarili at walang tagapagtangkilik maliban sa mangilan-ngilang bilang ng tao na naninirahan sa isang sulok ng disyerto. Sa huli, wala pang tao ang nakagawa ng gayong kagila-gilalas, dakila at walang katapusang pagbabago sa mundo, sapagka't sa kulang na dalawang dekada pagkatapos lumitaw ang Islam, ito ay (ibinantayog at) nangibabaw sa buong Arabia, at sinakop sa Ngalan ng Diyos, ang Persya Khorasan, Transoxania, Kanluraning India, Syria, Ehipto, Ethiopia (Abyssinia), sa lahat ng bantog at kilalang lupalop ng*

*Hilagang Africa, mga di-mabilang na pulo ng Dagat Mediterranea, Espanya, at ang bahagi ng Gaul.*

*"Kung ang kadakilaan ng layunin, ang simpleng pamamaraan, at ang kagila-gilalas ng mga bunga ang siyang tatlong batayan ng katalinuhan ng tao, sino kaya ang makapaghahamon na ihambing ang sinumang dakilang tao sa makabagong kasaysayan kay Muhammad? Ang mga kilalang tao ay gumawa ng mga sandata, mga batas, mga nagtatayugang mga kaharian lamang. Sila ay nakapagtatag, ng hindi hihigit sa materyal na kapangyarihan na kadalasa'y gumuguho sa kanilang mga harapan. Ang taong ito ay hindi lamang nakapagpagalaw ng mga sandatahang kawal, ng mga batas, ng mga kaharian, ng mga iba't ibang lipon ng tao at angkan, nguni't ng milyun-milyong tao na naninirahan sa ikatlong bahagi ng mundo; at higit pa roon, pinagalaw niya ang mga dambanang dalanginan ng mga huwad na diyos, ng mga relihiyon, ng mga paniniwala, pananalig at maging ang mga kaluluwa…. Ang kanyang (taglay na) pagtitiyaga at (sukdulang) pagtitiis sa tagumpay, ang kanyang layunin na ganap na nakatuon sa iisang simulain at hindi sa hangaring makapagtayo ng kaharian; ang kanyang walang katapusang pagdarasal, ang kanyang marubdob at malahimalang pakikipag-ugnayan sa Allah, ang kanyang kamatayan at kanyang tagumpay pagkaraan ng kanyang kamatayan; lahat ng ito ay sumasaksi hindi ng pagkukunwari bagkus ng matatag na pananalig ang siyang nagbigay sa kanya ng lakas ng kapangyarihan upang mapanumbalik ang isang prinsipyo (ng La ilaha ilallah). Ang prinsipiyong ito ay may dalawang kahulugan: ang Kaisahan ng Diyos at ang di-nalilikhang (konsepto ng) Diyos; ang una ay nagpapahiwatig kung ano ang Diyos at ang huli ay nagpapahiwatig kung ano ang hindi Diyos; ang isa ay nagtatakwil sa mga huwad na diyos sa pamamagitan ng*

*espada at ang isa naman ay nagsisimula sa isang simulain sa pamamagitan ng salita".*

*"Isang (dakilang) pilosopo, (mahusay na) mananalumpati, mambabatas, mandirigma, mananakop ng ibang kaisipan, (isang) tagapagpanatili ng makatuwirang prinsipiyo (tungkol) sa isang uri ng pananampalataya na walang kinikilalang imahen o larawan (ng Diyos); tagapagtatag ng dalawampung makamundong nagtatayugang kaharian at ng ispirituwal na kaharian, iyan ay si Muhammad. At hinggil sa lahat ng pamantayan na kung saan sinusukat ang kadakilaan ng tao, ito ang aming katanungan,* ***"Mayroon pa kayang isang tao na higit na dakila kaysa sa kanya (Muhammad)?"*** Ito ang puna ni Lamartine, Histoire de la Turquie, Paris 1854 vol ii, pahina 276-77.

## Talasalitaan

**1. Aqeedah**: Prinsipyo o Batayan ng Islam.

**3. Dinar & Dirham**: uri ng salapi.

**4. Fareedhah**: isang uri ng pagsamba na dapat gampanan bilang pananagutan o tungkulin.

**5. Fitnah**: Mga pagsubok, kahirapan.

**6. Hadeeth**: Salaysay na pinagkukuhanan ng mga salita at gawain ng Propeta (ﷺ).

**7. Hawdh**: Ang lawa na iginawad sa Propeta (ﷺ) sa Araw ng Pagkabuhay Muli. Sinuman ang uminom mula rito nang minsan ay hindi na muling mauuhaw kailanman.

**8. Hudood**: Karampatang Parusa sa Islam.

**9. Hukum**: Hatol.

**10. Ijtihaad**: Sa pangkalahatang kahulugan, ito ay pagsusumikap o pagtatangka. Sa aklat na ito tinutukoy ang pagsusumikap na maabaot ang kapasiyahan tungkol sa isang kaso o pangyayari.

**11. I'tikaaf**: ito ay tumutukoy sa paglisan mula sa mga gawain upang mapag-isa. *I'tikaaf* ay isang uri ng pagsamba na ang isang tao ay nananatiling mag-isa sa loob ng Masjid at gumagawa ng iba't ibang uri ng pagsamba tulad ng *Salaah*, pagbasa ng Qur'an, pagbibigay papuri sa Allah (سبحانه وتعالى).

**12. Iman**: Pananampalataya.

**13. Jannah**: Ang Pinagpalang Hardin sa Kabilang Buhay na ipinagkakaloob sa mga mabubuting alipin ng Allah (سبحانه وتعالى). Kung minsan ay pahapyaw na isinasalin sa tawag ng 'Paraiso'.

**14. Jawami al-Kalim**: Maikli nguni't makahulugang salita. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsasalita lamang ng maikli nguni't malinaw at may mahalagang aral at kahulugan.

**15. Kufr**: Kawalan ng pananampalataya.

**16. Nafl**: Mga Kusang-loob na gawain sa pagsamba.

**17. Shaitan**: Satanas.

**18. Shari'ah**: Ang Batas ng Islam.

**19. Shirk**: Ang Pagbibigay katambal sa Allah (ﷻ) sa pagsamba sa Kanya.

**20. Sunnah**: May higit sa isang kahulugan. Tinutukoy nito ay:

a. Mga kaugalian ng Propeta Muhammad (ﷺ).

b. Mga Pinagtibay na Pasiya; i.e. mga gawaing sinang-ayunan ng *Sunnah*.

**21. Taqwa**: Mapitagang Takot sa Allah (ﷻ).

**22. Ummah**: Pamayanan.

***Paunawa mula sa mga Tagasalin ng Tagalog:***

*"Ang mga isinaling talata mula sa Banal na Qur'an at sa mga Hadith at Sunnah ng Sugo ng Allah (ﷺ) ay mga pawang paliwanag ng mga tagasalin na inaakalang pinakamalapit sa pagpapakahulugan. Ang mga orihinal na Salita ng Allah (ﷻ) (ang Qur'an) at ang mga Hadith at Sunnah ng Propeta (ﷺ) ay makikita lamang sa mga orihinal na Arabik na pagkasulat."*

*Nawa'y tanggapin ng Dakilang Allah ang aming hamak na pagsisikap at patawarin kami sa aming mga pagkakamali."* **Ameen**

**الحمد لله رب العالمين**

**وصلى الله وسلم على نبينا محمد وآله وسلم**

Lahat ng Papuri at pagsamba ay nauukol lamang sa Allah, ang Rabb (Panginoon) ng mga Daigdig at nawa'y purihin at itampok ng Allah ang pagbanggit sa Kanyang Propeta (ﷺ) at ang kanyang pamilya at iligtas siya mula sa anumang kasamaan.

Kung nais ninyong tumanggap ng anumang kaalaman tungkol sa Islam huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa amin:

- Email: **en@islamland.org**